

Handbook ng mga Batas  
para sa mga  
Katutubong Kababaihan

*Tomo 1*

# Indigenous Peoples Rights Act

*Batas Republika Blg. 8371*

# Magna Carta ng Kababaihan

*Batas Republika Blg. 9710*



**LILAK**  
Purple Action for  
Indigenous Women's Rights



# Handbook ng mga Batas para sa mga Katutubong Kababaihan

## Tomo 1

### Indigenous Peoples Rights Act of 1997

Batas Republika Blg. 8371

### Magna Carta ng Kababaihan

Batas Republika Blg. 9710



**Handbook ng mga Batas  
para sa mga  
Katutubong Kababaihan**

*Tomo 1*

**Indigenous Peoples Rights Act  
*Batas Republika Blg. 8371***

**Magna Carta ng Kababaihan  
*Batas Republika Blg. 9710***



**LILAK**

**Purple Action for Indigenous Women's Rights**

**Handbook ng mga Batas para sa mga Katutubong Kababaihan: IPRA at Magna Carta ng Kababaihan  
Tomo 1**

Karapatang-ari © 2015 Lilak (Purple Action for Indigenous Women’s Rights)

Lungsod ng Quezon, Metro Manila, 2015

19 Maginhawa St., U.P. Village, Diliman, Quezon City, Philippines

Websayt: [www.lilak.net](http://www.lilak.net) • Twitter: [@katutubonglilak](https://twitter.com/katutubonglilak) • Facebook: [www.facebook.com/pages/Lilak](https://www.facebook.com/pages/Lilak)

Patnugot: Judy A. Pasimio

Disenyo, Layout, at Litrato: Susan Corpuz

**Batas Republika Blg. 9710 — Magna Carta ng Kababaihan (Magna Carta of Women)**

Karapatang-sipi © 2014 ng salin ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Mula sa Official Gazette ang orihinal na manuskrito sa Ingles.

ISBN 978-971-0197-35-4

Editor: Grace F. Bengco

Mga Tagasalin: Miriam P. Cabila, Lourdes L. Hinampas, at Pinky Jane S. Tenmatay

**Batas Republika Blg. 8371 — Indigenous Peoples Rights Act of 1997 (IPRA of 1997)**

Mula sa website ng National Commission of Indigenous Peoples (NCIP) ang orihinal na manuskrito sa Tagalog.

Ang pagsasa-ayos ng mga kamalian sa paglimbag o typographical errors, at pagwasto ng ilang mga salita mula sa orihinal ay sa pagtutulungan ng tagapaglathala ng dokumentong ito at ng kanilang mga kaibigan upang sumang-ayon, sa abot ng nakayanan, sa pamantayan ng wastong pagsalin ng Komisyon sa Wikang Filipino.

*Maaring kopyahin at sipiin ang nilalamang teksto nitong dokumento sa pasubaling may pagkilala sa mga tagasalin at mga tagapaglathala.*

*Ang mga retrato sa dokumentong ito ay may kanya-kanyang karapatang-ari at reserbado ang lahat ng karapatan. Pakiusap po na ipagbigay alam sa tagapaglathala at retratista kung nais gamitin alin sa mga ito. Ang detalye ng bawat retrato ay mababasa sa panghuling parte ng dokumentong ito.*

*Para sa ala-ala nila*

*Manang Shirley Sombrador, Ata-Bukidnon ng Negros  
at  
Bae Ruth Tilaon, Manobo ng Trento, Agusan del Sur*

*mga katutubong kababaihang lider  
na buong pusong inalay ang kanilang sarili  
at nagsilbing mga ilaw sa kanilang pamayanan  
para maitaguyod ang mga karapatan at adhikain  
ng mga katutubong kababaihan.*







# Mga Nilalaman

Paunang Salita **1**

Mensahe **7**

Indigenous Peoples Rights Act (IPRA) **12**

Magna Carta ng Kababaihan **68**

Hinggil sa Tagapaglathala **111**

Hinggil sa mga Litrato **112**





## Paunang Salita

Ang batas ay dapat para sa lahat. Ang karapatan ng lahat ay dapat pantay-pantay na napoprotektahan ng batas. Subalit, kadalasan, ang mga batas ay may pagkiling sa interes ng mga nagiging kabahagi ng sistema ng paggawa ng batas—mismong uri at pang-ekonomiyang katayuan ng mga mambabatas, mga pwersa at impluwensya sa likod nitong mga mambabatas.

Sa karanasan ng mga taong mahihirap at maliliit, ang batas ay ginagamit para sila ay mapagsamantalahan ng mga nasa kapangyarihan. Ganito ang kasaysayan ng mga katutubong mamamayan. Ganito rin ang kasaysayan ng mga kababaihan, lalo na sa mga kanayunan. Kaya kinailangan ng batas na tutugon sa tunay na pangangailangan ng mga katutubong mamamayan, at kababaihan, at kikilala sa mga karapatan nila.

Noong 1997, naisabatas ang Rep. Act 8371 o ang Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA). Ito ay matapos halos isang dekadang konsultasyon sa mga lider katutubo at sa kanilang mga pamayanan ng lengwaheng gagamitin sa panukalang batas, at paglo-lobi sa kongreso. Masalimuot ang proseso na iyon, lalo pa't malalim ang kawalan ng pagtitiwala ng mga katutubo sa sistema ng batas (legal system).

Ang pagtutulak ng isang batas para sa katutubo ay bahagi ng deka-dekadang taon ng pakikibaka ng mga katutubo na kilalanin ng pamahalaan ang kanilang karapatan bilang tao, at bilang katutubo – na may sariling lupaing ninuno, paraan ng pamamahala, sistema ng katarungan, sistema ng kaalaman, at sistema ng pamumuhay.

Marami nang buhay ang nasawi, maraming komunidad ang nasira, at malawak na ring lupain ng mga katutubo ang naagaw, at napinsalang likas na yaman sa panahon ng pakikibaka ng mga katutubo. Kaya naman nanaig ang kagustuhan

na magkaroon ng maaaring panghawakan ang mga katutubo ng isang batas na magtataguyod ng kanilang mga batayang karapatan.

Sa IPRA, kinikilala ang apat na bigkis na karapatan o 4 bundles of rights – 1) ang karapatan sa lupaing ninuno (*rights to ancestral domain*); 2) karapatan sa sariling pamamahala at pagbibigay-lakas (*right to self-governance and empowerment*); 3) katarungang panlipunan at karapatang pantao (*social justice and human rights*); 4) integridad pangkultural (*cultural integrity*).

Sa IPRA, nalikha ang National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), na syang may pangunahing responsibilidad sa proteksyon at promosyon ng karapatan at kagalangan ng mga katutubo.

Sa IPRA, nabigyang halaga ang katutubong pamayanan sa Pilipinas.

Pero ang pangako ng IPRA ay hindi rin madaling napapatupad. Halos magdadalawang-pung taon na rin mula naisabatas ito, pero hindi pa nangangahalagati sa target ng NCIP ang bilang ng na-isyu ng Certificate of Ancestral Domain Title (CADT). Malaki rin ang problema ng NCIP sa kanyang kredibilidad at integridad bilang institusyon. Madalas sa hindi, ang tingin ng mga katutubong komunidad na ang mga tauhan ng NCIP ay mas nagsisilbi sa interes ng mga korporasyong gustong pumasok sa kanilang lupaing ninuno; o tila walang pagkaunawa sa kanyang gawain.

Sa kabila nito, ang IPRA ay mahalaga pa rin bilang minimum na pamantayan ng pagkilala ng karapatan ng mga katutubo sa Pilipinas.

Hindi naiiba ang kasaysayan ng Magna Carta of Women (MCW) o Rep. Act of 9710, sa IPRA. Hugot ang laman ng MCW mula sa mahaba at madugong pakikibaka ng mga kababaihan, lalo na ang mga nasa kanayunan na bahagi ng iba't ibang sektor ng lipunan – magsasaka, manggagawa, mangingisda; kabilang na rin ang mga katutubong kababaihan.

Nang ito ay pinasa noong 2009, mahaba na ang tinakbo ng iba't ibang gawaing pang-lobi at kampanya ng mga alyansa, pederasyon at kilusan ng mga kababaihan.

Ang MCW ay naglalayong buwagin ang patuloy na diskriminasyon laban sa mga kababaihan, lalo na sa mga mahihirap na kababaihan. Ito ay isang kumprehensibong batas na naglalaman ng karapatan ng mga kababaihan, tulad ng—pangangalaga mula sa karahasan; pakikilahok at representasyon sa lahat ng saklaw ng lipunan, lalo na sa pagdedesisyon at pagbuo ng patakaran sa pamahalaan at pribadong entidad; pantay na pagtingin sa Batas; karapatan ng kababaihan sa kalusugan; pantay na karapatan sa lahat ng usapin na may kaugnayan sa pag-aasawa at ugnayang pamilya.

Pero anim na taon na ang nakalipas, tila hindi pa laganap kahit sa loob ng mga ahensya ng pamahalaan ang laman ng MCW, at ano ang mga tungkulin nila ukol dito. Sa katunayan, kamakailan lamang sa taong ito nabuo ang Gender Ombud guidelines ng Komisyon ng Karapatang Pantao o CHR. Ayon sa MCW, ang CHR ang tinakdang Gender and Develoment Ombud, na may mandato na magmonitor kasama ang iba't ibang ahensya ng pamahalaan, sa pagsusulong ng mga panukatan at patnubay upang magampanan ang kanilang mga tungkulin na may kaugnayan sa karapatang pantao ng kababaihan, kabilang ang kanilang karapatan ng kawalang diskriminasyon na tinitiyak sa batas na ito.

Ang pagpasa ng mga batas na ito ay bahagi lamang ng pakikibaka ng mga kilusan para sa pagkilala ng estado sa karapatan ng mga katutubong mamamayan, at kababaihan; at ang kanyang tungkulin para pangalagaan at itaguyod ang mga ito.

Naniniwala ang LILAK na may kahinaan man ang mga batas na ito, at hindi sakto sa pangangailangan ng mga katutubong mamamayan at kababaihan, mayroon pa ring gamit ang mga ito – bilang plataporma kung saan maaaring pag-usapan at igiit ang karapatan ng mga katutubong kababaihan, at ang tungkulin ng estado para kilalanin, protektahan at itaguyod ang mga ito.

Ang dalawang pagkakakilanlan o identity ng katutubong kababaihan—bilang katutubo, at bilang babae—ay kadalasang nagiging dahilan ng kanilang diskriminasyon at marginalisasyon. Kaya ang dalawang batas na ito—IPRA at MCW—ay mahalagang instrumento na maaaring gamitin bilang tulong sa pagpuksa ng kaapihang ito.

Kaya mahalaga na ating malaman at maintindihan ang gamit at ang mga limitasyon ng mga batas na ito. Ang batas ay nagiging makahulugan lamang kung ito ay ginagamit upang maging batayan ng panawagan para sa karapatan, at tungtungan para papangutuin ang pamahalaan sa kanyang tungkulin. Mahalaga rin ang gamit nito bilang isang instrumento ng pag-oorganisa sa hanay ng mga katutubong kababaihan.

Kaya nga't kritikal ang pagsasalin ng mga batas sa Filipino at sa iba pang pangunahing wika, upang maunawaan ng mas nakakarami. Ngunit mas kritikal ang tamang pagsalin ng mga salita, at konsepto na nilalaman ng mga batas. Ang bawat salita ay may katumbas na legal na implikasyon, na maaring maiba sa mali o hindi angkop na gamit na salita.

Ang ginawang pagsalin ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) sa Indigenous Peoples Rights Act (IPRA) o Rep. Act 8371, sa Filipino ay isang malaking hakbang para mapalaganap ang batas na ito. Gayun din ang pagsalin ng Magna Carta of Women (MCW) o Rep. Act 9710 ng Komisyon ng Wikang Filipino. Ang KWF ay ahensya ng pamahalaan na may mandatong magsagawa ng mga pagsasalin ng mga batas.

Ang mga naisalin na batas na IPRA ng NCIP at Magna Carta para sa Kababaihan ng KWF ang naging basehan ng mga batas na ginamit ng LILAK sa handbook na ito. Pero may mga itinama na mga maling ispelang, o typographical error, at may mga binago ring mga salita na sa tingin namin ay mas mapapaliwanag ang ibig sabihin ng orihinal na teksto sa ingles, at mas angkop sa konteksto o ispirito ng sinasabi.

Tulad na lang ng katagang *ancestral domain*. Malinaw ang paggamit nito sa IPRA, at ang legal na depinisyon nito. *Lupaing ninuno* ang pormal, at opisyal na pagsalin ng *ancestral domain*. Pero sa pagsalin ng KWF sa Magna Carta ng Kababaihan, ang ginamit ay *kinagisnan na teritoryo*. Maaaring sa akademya, ito ay tamang pagsalin, pero sa diskurso ng usapin ng mga karapatan ng mga katutubo, at depinisyon ng katutubong Pilipino, malinaw na ang katagang *lupaing ninuno* at ang pagpapakahulugan nito. Higit sa lahat, mismong mga katutubo ay ginagamit ang salitang ito.

Kaya ang malaking hamon sa ating pamahalaan ay ang pagkakaroon ng seryosong pag-sisikap na mapaabot at mapaintindi sa mas nakararaming mamamayan ang mga batas,

lalo na ang mga batas tulad ng IPRA at MCW, sa mga katutubo at kababaihan. Mayroon dapat na nakalaan na sapat na badyet ang pamahalaan para makakuha ng mga eksperto at dalubhasa na magsasalin ng mga batas; at higit sa lahat, may pag-unawa sa diskurso ng tema ng isinasalin na batas. Ang maagap, masinsin at angkop na pagsasalin ng mga batas sa Filipino at iba pang pangunahing wika ay isang obligasyon ng pamahalaan sa kanyang mamamayan. Nararapat lamang na mapa-abot at maunawaan ng mga mamamayan ang mga batas, para sa tunay na pagbibigay-lakas sa kanila.

Ang paglilimbag nang magkasama ang dalawang batas na ito – IPRA at MCW – ay isang maliit na kontribusyon ng LILAK sa mga lider, organisador, mga katutubo, at mga kababaihan, tungo sa mas maalam, mapanuri, at masigasig na paggigiit ng karapatan ng katutubong kababaihan.

**judy a. pasimio**

Coordinator ng LILAK (Purple Action for Indigenous Women's Rights)  
25 Hunyo 2015







## Mensahe

Noong naipasa ang Indigenous Peoples Rights Act (IPRA), ang mga katutubo sa iba't ibang lugar sa buong Pilipinas ay nagalak. Malakas ang naging pakiramdam namin na sa pagkakataong ito, kinilala kami bilang bahagi ng lipunan. Alam namin na sa Pilipinas pa lang ang mayroong batas para sa katutubo na tulad ng IPRA.

Kaya lang, sa panahon ng implementasyon, nakikita ang maraming butas ng batas na nagagamit ng estado, at kaming mga katutubo ang nadedehado. Hindi naipatutupad ang naitakdang mga *guidelines*. May mga interpretasyon din sa mga probisyon na mas lalong nahihirapan ang mga katutubo sa komunidad. Isa na rito ang sinasabi sa batas IPRA na kung ang lupa ay pag-aari na ng isang indibidwal, o korporasyon bago nabuo ang batas IPRA, ito ay dapat kilalanin at igoalang bilang *prior rights*. Wala nang panahon na bawiin dahil ito ay labag sa batas.

Samantala, may mga magagandang probisyon na pwedeng gamitin ng mga komunidad lalo na sa panahon ng pagproseso ng pag-angkin ng Lupang Ninuno. Malinaw ang mga patakaran sa pag-*claim* ng ancestral domain. Pero ang malaking tanong ay: Bakit matagal pa rin at lalong mabagal ang pagbigay ng Certificate of Ancestral Domain Title (CADT)? Batay sa aming karanasan, mas madali ang pagproseso ng Free Prior Informed Consent (FPIC) hinggil sa proyekto na nakakasira sa kalikasan, kaysa pagbigay ng CADT sa mga katutubo. Kung ang pagmimina, *jatropha plantation*, *energy projects*, at malalaking *dams* ang pumapasok sa aming Lupang Ninuno, agad-agad kumikilos ang mga tauhan ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP). May *timeframe* pa na kailangang matapos nang hindi lalagpas sa labinlimang (15) araw. Subalit ang pagproseso ng CADT ay umaabot pa ng mahigit anim hanggang sampung (6–10) taon, at hindi pa rin ma-*award* sa komunidad. Malinaw rin sa IPRA na ang CADT ay para lamang sa mga katutubo, pero marami ang nag-*claim* na hindi mga katutubo at ito ay tinanggap naman ng taga-NCIP noong panahon ng Chairmanship

ni Janette Causing Serano. Ang naturang CADT ay nasa sentro, Opol, Misamis Oriental. Para sa mga katutubo ang “Lupa ay Buhay” kaya hindi pwedeng ibenta, pa-renta; ito ay kailangang protektahan at bigyan ng kahalagaan para sa sunod na henerasyon.

Maliban sa mga probisyon hinggil sa lupa, mayroon din para sa Indigenous Peoples Mandatory Representatives (IPMR) para segurhin na mayroong representante ang mga katutubo sa Local Government Units (LGU) sa iba-bang antas magmula sa barangay, munisipyo hanggnag probinsya. Inaasahan na ang mga representante ng mga katutubo ay magdadala ng mga isyu mula sa komunidad patungo sa LGU. Ang pagpili ay magmumula sa Indigenous Political Structure (IPS) o Tribal Councils, gamit ang kani-kanilang proseso. Ang mga strukturang ito ang magdedesisyon kung sino ang kanilang representante. Pero sa katunayan, ang nangyayari ay may mga tribal leaders na sila mismo ang nagpe-presenta ng sarili nila bilang IPMR, nang hindi dumadaan sa proseso ng kanilang komunidad. Ang karamihan sa kanila ay napili o na-endorso ng mga lokal na politiko. Maganda sana ang layunin ng probisyon para sa IPMR pero ito ay di natutupad dahil sa hindi paggalang ng posisyon at proseso ng katutubong komunidad at ang nasusunod ay ang gusto ng taga-NCIP at mga politiko. Nagagamit ito sa pabor ng mga indibidwal na may kaya gumastos para sa pagtatawag ng mga pulong sa komunidad, kung saan siya makakakuha ng rekomendasyon para ma-*appoint* bilang IPMR.

Karaniwang mas marami ang napipili na mga lalaki kaysa mga babae, na IPMR. Kaya, maganda na ginawa ang handbook na ito, upang malaman ng mga kasama nating mga katutubong kababaihan na marami tayong karapatan na dapat bigyan ng pansin para wala ng diskriminasyon na mararanasan.

Kailangan din na magkaroon ang mga katutubo, lalo na ang mga kababaihan, ng sapat na kaalaman, at lakas ng loob, sa pagtutulak ng pagbabago ng sistema ng pamumuno ng ating mga lider kung ito ay hindi epektibo o angkop sa komunidad, at di naayon sa, at nagtutulak ng mga batayang karapatan nating mga katutubo, na nilalaman sa apat na bigkis na mga karapatan sa loob ng IPRA – 1) Ang karapatan sa Lupang Ninuno 2) Karapatan sa sariling Pamamahala at Pagbibigay-Kapangyarihan 3) Katarungang Panlipunan at Karapatang Pantao; at 4) Integridad Pang-Kultural – para ma-abot ng mga katutubo ang pinaglalabang **KARAPATAN SA SARILING PAG PASYA!**

Noong Hulyo 8, 2008, naipasa ang isang batas para sa komprehensibong mga karapatan ng mga kababaihan, ang Magna Carta of Women. Ang layunin ay alisin ang lahat ng uri ng diskriminasyon laban sa kababaihan, at itaguyod ang mga karapatan ng mga kababaihan. Sa pagpasa ng batas na ito, ipinagtibay ng pamahalaan ang kanyang tungkulin sa pagpapatupad ng proteksyon para sa mga kababaihan laban sa diskriminasyon at karahasan. Subalit marami pa ring mga kababaihan ang patuloy na nakakaranas ng diskriminasyon lalo na sa hanay ng mga katutubong kababaihan na nasa kritikal na sitwasyon at *armed conflict*. Kaming mga katutubong kababaihan ay bahagi sa kinilalang “marginalized women”. Malinaw sa MCW ang mga karapatan naming mga marginalized women, gayundin ang responsibilidad ng pamahalaan, pero malaki ang pangangailangan na mapaabot ito sa lahat ng sektor ng kakabaihan (magsasaka, urban poor, mangingisda, katutubo at iba pa). Malaki rin ang pangangailangan na *harmonize* ito sa iba pang batas, pero lalong lalo na sa IPRA.

Ang mga karapatan naming mga katutubong kababaihan na nasa IPRA at MCW ay kailangang maigiit ng husto. Kasama ang LILAK, masinsinan ang aming adbokasiya sa iba’t ibang antas at sangay ng pamahalaan para maiparating ang mga isyu at tunay na katayuan ng mga katutubong kababaihan sa kanayunan, at itulak ang pamahalaan na tugunan ang mga ito, at tuparin ang kanilang tungkulin sa pagtaguyod ng aming mga karapatan.

Sa paglabas ng handbook na ito, binibigyang-diin ang mahigpit na pangangailangan na gampanan ng pamahalaan ang kanyang tungkulin na ipaalam at ipaunawa sa mas nakakararaming mamamayan ang mga batas at polisiya, gamit ang aming mga sariling wika. Mahalaga na mismong kaming mga katutubong kababaihan, at kahit ang aming mga kabataan ay nakakaunawa ng mga batas na ito, nang sa gayon, ay sama-sama ang aming pagkilos para sa paggiit ng aming karapatan bilang katutubo, bilang kababaihan.

### **Nena “Bae Rose” Undag**

NGO Board Member, Indigenous Peoples ng Philippine Commission on Women (PCW), Chairperson ng KAGDUMA, Miyembro ng BUKLOD at National Indigenous Women Gathering Steering Committee, at Sister sa LILAK Collective

"A COMMON VISION  
COLLECTIVE ACTION"

SAMA-SAMANG PAGKILOS  
TUNGO SA  
PINAKAISAGSAG PANGALAYAN



Thanks for always  
being there

**Tao**  
**Muna**  
**Hindi MINA!**



Mga Batas para sa mga  
Katutubong Kababaihan

# Indigenous Peoples Rights Act (IPRA)

Batas Republika Blg. 8371



## MGA KABANATA

- I— Mga Pangkalahatang Probisyon **15**
- II— Kahulugan ng mga Termino **17**
- III— Mga Karapatan sa Lupaing Ninuno **22**
- IV— Karapatan sa Sariling Pamamahala at Kapangyarihan **28**
- V— Katarungang Panlipunan at mga Karapatang Pantao **30**
- VI— Karapatan sa Kabuuang Pangkalinangan **34**
- VII— Pambansang Komisyon sa Katutubong Pamayanan (PKKP/NCIP) **38**
- VIII—Pagtukoy, Pasusukat, at Pagkilala sa Lupaing Ninuno **47**
- IX — Hurisdiksyon at mga Pamamaraan sa Pagpapatupad ng mga Karapatan **58**
- X— Pondo para sa Lupaing Ninuno **60**
- XI— Mga Kaparusahan **61**
- XII— Pagsasanib ng Tanggapan para sa Taga-hilagang Katutubong Pamayanan (ONCC) At Tanggapan para sa Taga-timog na Katutubong Pamayanan (OSCC) **62**
- XIII— Pangwakas na mga Probisyon **64**

**S. No. 1728**

**H. No. 9125**

Republika ng Pilipinas

Kongreso ng Pilipinas

Metro Manila

Ika–sampung Kongreso

Ikatlong Regular na Sesyon

Sinimulan at idinaos sa Metro Manila, Lunes,

Dalawampu't walo ng Hulyo, isang libo siyamnaraan siyamnapu't pito.

**BATAS REPUBLIKA BLG. 8371**

ISANG BATAS NA KUMIKILALA, NAGTATANGGOL AT NAGTATAGUYOD SA KARAPATAN NG KATUTUBONG PAMAYANANG KULTURAL/KATUTUBONG PAMAYANANG PILIPINO, NAGBUBUO NG PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KATUTUBONG PILIPINO, NAGTATADHANA NG KAUKULANG KAPARAANAN SA PAGPAPATUPAD AT NAGLALAAAN NG GUGULIN UKOL DITO AT PARA SA IBA PANG MGA LAYUNIN.

Pagtibayin ng nagtipon na Senado at Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas:



## KABANATA I: MGA PANGKALAHATANG PROBISYON

**SEKSIYON. 1.** *Maikling Pamagat.*— Ang batas na ito ay makikilala at tatawaging “Batas Hinggil sa Karapatan ng mga Katutubo ng 1997”.

**SEK. 2.** *Pahayag ng Patakaran ng Estado.*— Kinikilala at itinataguyod ng Estado ang lahat ng mga karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na nakasaad dito alinsunod sa balangkas ng Saligang Batas ng Pilipinas:

a) Kikilalanin at itataguyod ng Estado ang mga karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan alinsunod sa balangkas ng pambansang pagkakaisa at pag-unlad;

b) Pangangalagaan ng Estado ang mga karapatan ng Katutubong Pamayanan sa kanilang lupaing ninuno upang matiyak ang kanilang kagalingang ekonomiko, panlipunan at pangkultura. Kikilalanin at paiiralin ng Estado ang mga naka-ugaliang batas/katutubong batas hinggil sa mga karapatan o mga ugnayan sa ari-arian sa pagtiyak sa pagmamay-ari at saklaw ng mga lupaing ninuno;

k) Kikilalanin, igagalang at pangangalagaan ng Estado ang mga karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na pangalagaan at paunlarin ang kanilang mga kalinangan, salindunong/tradisyon at mga linangan/institusyon. Ang mga karapatang ito ay isasaalangalang sa pagbubuo ng mga pambansang batas at patakaran;

d) Titiyakin ng Estado na tatamasain ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, anuman ang kasarian, ang ganap na mga karapatang pantao at kalayaan nang walang pagtatangi o diskriminasyon;

e) Magsasagawa ng mga hakbang ang Estado kaugnay sa pakikibahagi ng mga Katutubong Pamayanan sa pagtatanggol ng kanilang mga karapatan, tiyakin ang paggalang sa kabuuan ng kanilang kalinangan, at tiyakin din na ang mga kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay magtatamasa ng pantay na mga karapatan at pagkakataon na katulad ng iginagawad ng mga pambansang batas at patakaran sa iba pang mamamayan; at

g) Tinatanggap ng Estado ang kanyang tungkuling tumugon sa malakas na pahayag ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan para sa kabuuan ng kanilang kalinangan. Dahil dito tiyakin ng Estado na may lubos na paglahok ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa tunguhin ng edukasyon, kalusugan at iba pang mga paglilingkod, upang ang mga nasabing paglilingkod ay higit na nakatutugon sa mga pangangailangan at pagnanais ng mga pamayanang ito;

Tungo sa mga layuning ito, itatatag at itataguyod ng Estado ang mga kaukulang kaparaanan upang maipairal at matiyak ang katuparan ng mga karapatang ito, na may pagsasaalang-alang sa mga kaugalian, salindunong/tradisyon, paniniwala, interes at linangan/insitasyon ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, at upang magpatibay at maipatupad ang mga hakbang upang maipagtanggol ang kanilang mga karapatan sa kanilang lupaing ninuno.

## KABANATA II: KAHULUGAN NG MGA TERMINO

**SEK. 3.** *Kahulugan ng mga Termino.*— Sang-ayon sa layunin ng batas na ito, ang mga sumusunod na salita ay mangangahulugan ng:

a) “Lupaing Ninuno”— maliban sa pasubaling nakasaad sa SEK. 56 ng batas na ito, ay tumutukoy sa lahat ng mga pook na sa kalahatan ay pagmamay-ari ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na binubuo ng mga kalupaan, mga katubigan sa ilaya, baybaying dagat, at mga likas na yaman dito, na pagmamay-ari, inangking pag-aari, sinaklaw, ginagamit o pinaninirahan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, nila mismo o sa pamamagitan ng kanilang mga ninuno, maging ito’y komunal/pangmadla o panarili, mula pa sa panahong hanggang abot ng alaala (time immemorial), patuloy hanggang sa kasalukuyan maliban kung ito’y nagambala ng digmaan, sapilitang paglikas dahil sa dahas, panlinlang o pagnanakaw o bunga ng mga proyekto ng pamahalaan o iba pang sariling kusang kasunduang sinangayunan ng pamahalaan at mga pribadong indibidwal/korporasyon, na kinakailangan upang matiyak ang kanilang kagalingang pangkabuhayan, panlipunan at pang-kalinangan. Isasama dito ang mga lupaing ninuno, kagubatan, lupang residen-syal, pansakahan at iba pang mga pansariling lupa anumang kasalukuyang kaurian nito, mga lugar na pinangangasuhan, libingan, lugar na sagrado o pinagsasambahan, mga katubigan, mineral at iba pang mga likas na yaman, at mga lupang maaaring hindi na tanging ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan lamang ang naninirahan subalit kinaugaliang kanilang nagagamit para sa kanilang kabuhayan at mga nakaugaliang gawain, partikular dito ang kahabaan ng hanay na pinaninirahan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na nananatiling lagalag (nomad) at/o mga nagpapalipat-lipat na mambubungkal (shifting cultivators);

b) “Lupang Ninuno”— maliban sa pasubaling nakasaad sa SEK. 56 ng batas na ito, ang lupang ninuno ay tumutukoy sa lupang ari-arian, sinaklaw, inari at ginagamit ng indibidwal, pamilya o angkan ng mga kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan mula pa sa panahong hanggang abot ng alaala, sa pamamagitan ng kanilang mga sarili o kanilang ninuno, sa ilalim ng pag-aangking pansarili o tradisyunal na pagmamay-ari ng grupo, tuloy-tuloy hanggang sa kasalukuyan maliban kung nagambala ng digmaan, sapilitang paglikas dahil sa dahas, panlilinlang o pagnanakaw, o bilang bunga ng proyekto ng pamahalaan at iba pang sariling kusang kasunduang sinangayunan ng pamahalaan at pribadong indibidwal/korporasyon kabilang, subalit hindi limitado sa, mga lupang residensyal, hagdan-hagdang palayan (rice terraces) o palayan, mga pribadong gubat, kaingin at lupang natatamnan ng mga punongkahoy;

c) “Katibayan ng Pagkilala sa Lupaing Ninuno (CADT)— ay tumutukoy sa titulo na pormal na kumikilala sa mga karapatan ng pagmamay-ari ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa kanilang lupaing ninuno na tinukoy at nasukat nang naaayon sa batas na ito;

d) “Katibayan ng Pagkilala Sa Lupang Ninuno (CALT)— ay tumutukoy sa titulo na pormal na kumikilala sa mga karapatan sa pagmamay-ari ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa kanilang lupaing ninuno;

e) Pag-aangking Komunal— tumutukoy sa mga pag-aangkin sa lupa, at likas na yaman o sa mga karapatan dito, na pagmamay-aring pangmadla o pagmamay-ari ng buong pamayanan/tribu sa loob ng isang tukoy na teritoryo o lugar;

f) “Mga Kinaugaliang Batas/Katutubong Batas”— ay tumutukoy sa lupon ng mga nakatala at/o di nakalathang mga tuntunin, kasanayan, kaugalian na tradisyunal at patuloy na kinikilala, tinatanggap at sinusunod ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

g) “Malaya, Nauna at Malinang na Kapahintulutan (Free and Prior Informed Consent)— Sang-ayon sa pagkakagamit sa batas na ito, ay mangangahulugan

ng pagkakasundo-sundo ng lahat ng kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na titiyakin sang-ayon sa kanilang mga kinaugaliang/ katutubong batas at kagawian, malaya sa anumang panlilinlang mula sa taga-labas, panghihimasok at pamimilit, at natamo matapos ipagbigay alam at ipaliwanag nang lubos ang lahat ng kabatiran ukol sa layunin at lawak ng gawain, sa wika at pamamaraang nauunawaan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

h) “Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan”— ay tumutukoy sa isang pangkat ng mga tao o magkaka-uring mga lipunan na nakikilala sa sariling pagpapatunay o pagpapatunay ng iba, na tuloy-tuloy na namuhay bilang organisadong pamayanan sa isang tukoy at komunal na teritoryo, na mula pa sa panahong hanggang sa abot ng alaala ay magmamay-ari, o umaangkin, namumuhay at naninirahan sa naturang mga teritoryo, nabubuklod na sariling wika, mga kaugalian, salindunong/tradisyon at iba pang mga natatanging katangiang pangkalinangan, o mga pamayanang dahil sa pagtutol sa pampulitika, panlipunan at pangkalinangang panghihimasok at pananakop ng mga dayuhan ay makasaysayang nagiging bukod o iba sa nakararaming Pilipino. Kabilang sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay yaong mga tao na itinuturing na katutubo sa pamamagitan ng kanilang mga ninuno na nani- rahan sa bansa nang una pa sa panahon ng paglupig o pananakop o sa panahon ng pagtatatag ng hindi katutubong mga relihiyon at kultura o nang una pa sa panahon ng pagtatatag ng mga kasalukuyang mga hangganan ng Estado, na nakapagpanatili ng ilan o lahat ng kanilang sariling panlipunan, pangkabuhatan, pangkultura at pampulitikang mga linangan/institusyon, na maaaring napaalis na sa kanilang mga tradisyunal na lupain o kaya’y namumuhay na sa labas ng kanilang lupaing ninuno.

i) “Katutubong Balangkas Pampulitika”— ay tumutukoy sa mga pamamaraan o balangkas ng pang-organisasyon at pangkulturang pamumuno, mga linangan/ institusyon, pagkakaugnay, huwaran at kaparaanan para sa pagbubuo ng mga pasya at paglahok, na kinikilala ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/ Katutubong Pamayanan tulad ng, ngunit hindi limitado sa, Kapulungan ng

mga Nakatatanda, Kapulungan ng mga Timuay, Nangangalaga ng Bodong, o anumang iba pang hukuman o lupon na may katulad na katangian sa mga nabanggit sa unahan;

j) “Pag-aangking Pansarili”— tumutukoy sa mga pag-aangkin sa lupa at mga karapatan dito na marapat para sa mga indibidwal, pamilya at angkan, kasama, ngunit hindi limitado sa, mga lupang residensyal, hagdan-hagdang palayan at mga palayan at lupang natatamnan ng mga punongkahoy;

k) “Pambansang Komisyon ng Katutubong Pamayanan”— ay tumutukoy sa tanggapan ng binuo sa ilalim ng batas na ito, na mapapasailalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas, na siyang pangunahing tanggapan na pampamahalaan na may pananagutan sa mga pagbubuo at pagsasagawa ng mga patakaran, plano at programa upang kilalanin, pangalagaan at itaguyod ang mga karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

l) “Karapatan sa Lupaing Ninuno (Native Title)— ay tumutukoy sa karapatan sa lupa at lupaing ninuno bago ang pananakop kung saan, magmula sa panahong abot ng alaala, ay pinanghahawakan bilang pribadong pag-aari ng mga katutubo, kailanman hindi naging pampublikong lupain bagkus ay pinapalagay ng buong katiyakan na pinanghahawakan sa ganoong paraan mula pa noong bago pa man ang pananakop ng mga Kastila.

m) “Mga Samahang Di Pampamahalaan (Non-government Organization o NGO)— ay tumutukoy sa mga samahang pribado na may layuning di-pinagkakakitaan at kusang loob na binuo upang makapagbigay ng iba’t ibang mga paglilingkod sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, may matibay na kasaysayan/rekord ng mabisang paglilingkod at katanggap-tanggap sa pamayanang pinaglilingkuran nito;

n) “Organisasyong Pang-Masa (People’s Organization o PO)— ay tumutukoy sa mga samahan/kapisanan na pribado at may layuning di-pinagkakakitaan na kusang loob na binubuo ng mga katutubo, at sa kanilang sariling pasya ay

maaaring maging kinatawan ng mga katutubo sa mga usapin na may kinalaman sa pamayanan.

ng) “Karapatan sa Salindunong/Tradisyunal at Likas Kayang Paggamit ng Likas na Yaman”— ay tumutukoy sa mga karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa tuloy-tuloy at mapangalagang paggamit, pamamahala, at pangangalaga sa a) mga kalupaan, hangin, mga katubigan at mga mineral; b) mga halaman, hayop at iba pang organismo; c) mga lugar pangisdaan at pangasuhan; d) mga sagradong lugar; at e) iba pang lugar na may halagang pangkabuhayan, pangritwal at pangsining sang-ayon sa kanilang katutubong kaalaman, paniniwala, sistema at kasanayan; at

o) “Panahong Hanggang Abot ng Alaala”— ay tumutukoy sa isang takdang panahong hanggang kayang abutin ng alaala o natatandaan, ay may tanging Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na nagmamay-ari, sumaklaw, umaangking bilang may-ari; at gumagamit ng isang tiyak na kalupaan na isinalin sa kanila, sa pamamagitan ng katutubong batas o minana sa kanilang mga ninuno, nang naaayon sa kanilang mga kaugalian at pinagkakaugalian at salindunong/tradisyon.

### KABANATA III: MGA KARAPATAN SA LUPAING NINUNO

**SEK. 4.** *Konsepto ng Lupa/Lupaing Ninuno.*— Kasama sa konsepto ng lupa/lupaing ninuno ay yaong mga pagkakaunawa sa kalupaan na sumasaklaw hindi lamang sa pisikal na kapaligiran, kundi ang kabuuang kapaligiran kabilang ang pang-espirtwal at pang-kalinangang buklod ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa mga lugar na saklaw, inari at ginagamit nila bilang kanilang ari-arian at/o pag-aangkin.

**SEK. 5.** *Katutubong Konsepto sa Pagmamay-ari.*— Ang katutubong konsepto sa pagmamay-ari ay tumutukoy sa pananaw na ang lupaing ninuno at lahat ng mga yamang matatagpuan dito ay magsisilbing materyal na batayan ng kanilang pangkalinangang kabuuan. Ang katutubong pagkakaunawa sa pagmamay-ari sa kabuuan ay nananangan na ang lupaing ninuno ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay pribado ngunit pagmamayaring komunal/pangmadla ng lahat ng salinlahi at kung gayon ay hindi maaaring ipagbili, ipamigay o sirain. Kasama rin dito ang salindunong/tradisyunal at likas kayang karapatan sa likas na yaman.

**SEK. 6.** *Saklaw at Kabuuan ng Lupa/Lupaing Ninuno.*— Ang lupa/lupaing ninuno ay binubuo ng lahat ng pook na sa kabuuan ay pagmamay-ari ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan katulad ng tinutukoy sa ilalim ng SEK. 3 (a) at (b) ng batas na ito.

**SEK. 7.** *Mga Karapatan sa Lupaing Ninuno.*— Ang mga karapatan sa pagmamay-ari at pamumosisyon ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa kanilang mga lupaing ninuno ay kikilalanin at ipagtatanggol. Kasama sa mga karapatang ito ay:

a) Karapatan sa Pagmamay-ari.— Ang karapatan sa pagmamay-ari ng mga kalupaan, mga katubigan na tradisyunal at/o aktwal na pinananahanan ng mga



Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, mga sagradong lugar, salindunong/tradisyunal na mga lugar na pangasuhan at pangisdaan, at sa lahat ng mga pagbabagong ginawa nila, anumang panahon, sa loob ng mga lupaing ninuno;

b) Karapatang Paunlarin/Linangin ang Lupa at Likas na Yaman.— Maliban sa pasubaling nakasaad sa SEK. 56 ng batas na ito, ang karapatang paunlarin, kapangyarihang patnubayan at gamitin ang mga lupa at teritoryong tradisyunal na tinitirahan, inaari o ginagamit; karapatang pamahalaan at pangalagaan ang mga likas na yaman sa loob ng mga teritoryo alinsunod sa pagtalima sa pananagutan para sa mga susunod na salinlahi; makinabang at makabahagi sa pakinabang mula sa pagbabahagi at paggamit ng mga likas na yaman na matatagpuan dito; ang karapatang makipagkasundo at magtakda ng mga kondisyon para sa paggalugad ng mga likas na yaman sa mga lugar upang matupad ang layuning matiyak ang pangangalaga sa ekolohiya at kapaligiran, alinsunod sa kinaugaliang/katutubong batas at pambansang batas; ang karapatan sa malinang at matalinong pakikibahagi sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga programa, pribado man o pampamahalaan, na makakaapekto sa mga lupaing ninuno at tumanggap ng tama at sapat na kabayaran sa anumang pinsalang magagawa bilang resulta ng mga nabanggit na programa; karapatan sa mga mabisang hakbang/kilos ng pamahalaan upang mapigilan ang anumang balakid, pagwawalang-bahala at pagyurak sa mga karapatang ito;

c) Karapatang Manatili sa mga Teritoryo.— Ang karapatan na manatili sa teritoryo at hindi mapaalis o mailikas mula dito. Walang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na maililikas nang wala silang malaya, nauuna at malinang ng pagsang-ayon, sa anumang kadahilanan maliban sa kapangyarihan ng Estado na kunin ang pribadong ari-arian para sa gamit ng bayan sa kaparaanan ng batas at may wastong kabayaran ( eminent domain). Kung ang paglilipat o paglilikas ay pangangailangan bilang tanging paraan (exceptional measure), ang paglilipat o paglilikas ay magaganap lamang kung may malaya, nauuna at malinang na pagsang-ayon ang kinauukulang Katutubong Pamayanan. Sa anumang minarapat na panahon, o sa anumang sandali na ang

kadahilanan ng paglikas ay mawala na, ay may karapatan ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na bumalik sa kanilang lupaing ninuno o mga lugar na pansamantalang nilisan. Sakaling hindi na posible ang pagbabalik sa mga nilisan na mga lugar, at sang-ayon sa nararapat na kasunduan at kaparaanan, ang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay bibigyan ng mga kapalit na lupain katumbas ng o may kalidad at legal na katayuan tulad ng mga lupaing sapilitang nilisan, angkop at makakatugon sa kanilang kasalukuyang pangangailangan at panghinaharap na kaunlaran. Ang mga taong sapilitang maililipat o maililikas ay tatanggap ng wastong kabayaran para sa anumang kaugnay na kawalan o pinsala sanhi ng sapilitang paglikas;

d) Karapatan Kung may Paglikas.— Kung ang sapilitang paglikas ay naging bunga ng malalaking sakuna, pagsisikapan ng Estado na mailipat ng kinaroroonan ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa naaangkop na mga lugar kung saan maaari silang magkaroon ng pansamantalang suporta para sa pangkabuhayan; Datapwa't ang mga katutubong nailikas ay may karapatang bumalik sa kanilang mga lugar kung ang kaayusan at kaligtasan sa mga lupang iyon ay bumalik na; At karagdagan pa, na kung ang panunumbalik ng katiwasayan at kaligtasan sa lupaing ninuno sa dating kalagayan ay hindi na posible pa, ang mga nailikas na mga katutubo ay magkakaroon ng seguridad sa paninirahan sa mga lupang kanilang nilipatan: Sa karagdagan kondisyon, Na ang mga batayang serbisyo at kabuhayan ay ibibigay sa kanila upang matiyak na ang kanilang pangangailangan ay maayos na natutugunan;

e) Karapatang Isaayos ang Pagpasok ng mga Dayuhan o mga Makikipanirahan.— Karapatan sa pagpapahintulot at pagsasaayos ng pagpasok ng sinumang mga migrante o mga taong makikipanirahan at mga organisasyon sa mga lupaing ninuno;

f) Karapatan sa Ligtas at Malinis na Hangin at Tubig.— Sang-ayon sa layuning ito, dapat pakinabangan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ang kabuuang sistema at anumang kaparaanan upang mapangalagaan ng wasto ang mga kanilang mga katubigan at himpapawid;

g) Karapatang Angkinin ang mga Bahagi ng Reserbasyon.— Ang karapatang angkinin ang mga bahagi ng mga lupaing ninuno na nailaan para sa iba't ibang mga layunin, maliban sa mga nakalaan at itinalaga para sa pangkalahatan at pampublikong kapakanan at serbisyo;

h) Karapatang Lutasin ang Hidwaan.— Ang karapatan na lutasin ang mga hidwaan sa lupa ayon sa mga kinaugaliang/katutubong batas ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na nakakasaklaw sa lupa na sanhi ng hidwaan, at kung hindi magtagumpay ang kinaugaliang pamamaraan sa pagaayos ay saka pa lang maaaring isampa ang nauukol na reklamo sa hukuman o sa iba pang kaparaanan ng maayos na paglulutas ng hidwaan.

**SEK. 8. *Mga Karapatan sa Lupang Ninuno.***— Ang karapatan sa pagmamay-ari at pamumisyon ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa kanilang mga lupang ninuno ay kikilalanin at ipagtatanggol.

a) Karapatang Isalin ang Lupa/Ari-arian.— Kasama sa karapatang ito ang mga karapatan sa paglilipat ng lupa o ari-arian sa pagitan ng mga kasapi ng mga magkakatulad na Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, subalit sasailalim sa mga kinaugaliang/katutubong batas at kaugalian ng kinauukulang pamayanan.

b) Karapatan sa Pagbawi.— Sa mga kalagayan na kung saan nakita na ang paglipat ng mga karapatan sa lupa/ari-arian sa pamamagitan ng anumang kasunduan o kaparaanan, sa isang di katutubo ay nababahiran ng maling pahintulot ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, o naisalin sa kapalit ng di makatwirang halaga, ang nagsasaling Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan na muling bawiin ang naturang lupa/ari-arian sa loob ng takdang panahong hindi lalagpas sa labinlimang (15) taon mula sa araw ng pagkasalin.

**SEK. 9. *Mga Pananagutan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa Kanilang Lupaing Ninuno.***— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong

Pamayanan na naninirahan sa isang tukoy na lupaing ninuno ay mayroong mga sumunod na pananagutan:

- a) Panatilihin ang Timbang at Kanais-nais na Ekolodyi.— Pangalagaan, mapanumbalik at panatilihin ang timbang at kanais-nais na ekolodyi sa lupaing ninuno sa pamamagitan ng pangangalaga sa mga halaman at hayop, katubigan at iba pang reserbasyon;
- b) Panumbalikin ang Kalagayan ng mga Nakalbong mga Gubat.— Aktibong pangunahan, isakatuparan, at lumahok sa pagpapanibago ng gubat ng mga nasirang lugar at sa iba pang mga programa at proyektong pangkaunlaran ayon sa naaayon at matuwid na kabayaran; at
- c) Sumunod sa mga Batas.— Tumulima at sumunod sa mga isinasaad ng batas na ito at sa patakaran at panuntunan para sa mahusay na pagpapatupad nito.

**SEK. 10.** *Walang Pahintulot at Labag sa Batas na Panghihimasok.*— Ang walang pahintulot at labag sa batas na panghihimasok sa, o paggamit ng anumang bahagi ng lupaing ninuno, o anumang paglabag sa mga karapatang nabanggit sa una, ay parurusahan sa ilalim ng batas na ito. Karagdagan pa dito, ang Pamahalaan ay gagawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pagsasamantala ng mga di katutubo sa mga kaugalian ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan.

**SEK. 11.** *Pagkilala sa mga Karapatan sa Lupaing Ninuno.*— Ang mga Karapatan sa Lupaing Ninuno ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa pamamagitan ng Native Title ay kinikilala at iginagalang. Ang pormal na pagkilala, kung hinihiling ng mga nasabing Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, ay ipapaloob sa isang Katibayan ng Pagkilala sa Lupaing Ninuno (CADT), na kumikilala sa titulo/karapatan ng kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa mga teritoryong natukoy at nasukat.

**SEK. 12.** *Karapatang Makapamilya ng Kaparaanan upang Mabigyan ng Katibayan ang Pagmamay-ari sa Lupa, sang-ayon sa Batas Commonwealth Blg. 141, at mga susog nito,*

*o sa Batas sa Pagpapatala ng Lupa Blg. 496.*— Ukol sa kanilang pansariling ari-arian, ang indibidwal na kasapi ng Katutubong Pamayanan Kultural/Katutubong Pamayanan, na sa kanilang sarili o pamamagitan ng kanilang mga ninuno pinagmanahan, na patuloy na namumuisyon at naninirahan sa kanilang mga lupang ninuno o lupa bilang isang nagmamay-ari, sa panahong hindi kukulangin sa 30 taon, matapos mapagtibay ang batas na ito at kung hindi tinutulan ng mga kasapi ng katulad ng nabanggit na Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, ay may karapatang makapamilya ng kati-bayan sa kanilang mga lupang ninuno sa ilalim ng probisyon ng Batas Commonwealth Blg. 141 at mga susog nito, o sa ilalim ng Batas sa Pagpapatala ng Lupa Blg. 496.

Sa katuparan ng layuning ito, ang mga nasabing lupang ninuno na pansariling pagmamay-ari ng indibidwal, na may katangiang pang-agrikultura at sadyang ginagamit para sa agrikultura, bahayan, at lupang ginagamit sa pagtatanim ng puno, kasama ang mga gulod na labingwalong porsyento (18%) o mahigit pa ang taas, ay itinuturing na lupang agrikultural na maaaring ilipat o ipagbili.

Ang karapatang makapamilya ng karapatan ng pagpapatibay ng karapatan sa pagmamay-ari na iginagawad sa ilalim ng seksiyon na ito ay magagamit lamang sa loob ng dalawampung (20) taon mula sa pagkakabisa ng batas na ito.

## KABANATA IV:

### KARAPATAN SA SARILING PAMAMAHALA AT KAPANGYARIHAN

**SEK. 13.** *Sariling Pamamahala.*— Kinikilala ng Estado ang likas na karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa sariling pamamahala at sariling pagpapasya at iginagalang ang kanilang mga kaugalian, gawi at linangan/institusyon. Sa gayon, titiyakin ng Estado ang karapatan ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na malayang itaguyod ang kanilang pangkabuhayan, panlipunan at pangkulturang pagunlad.

**SEK. 14.** *Tulong sa mga Nagsasariling Rehiyon.*— Patuloy na palalakasin at itataguyod ng Estado ang mga nagsasariling rehiyon na nilikha sa ilalim ng Saligang Batas kung kanilang hihilingin o kakailanganin. Gayundin, hihikayatin ng Estado ang ibang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na hindi kasama o nasa labas ng Muslim Mindanao at Cordillera na gamitin ang anyo at laman ng kanilang mga gawi sa buhay na maaring kaugma ng batayang mga karapatang itinakda sa Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas at iba pang kinikilalang pandaigdigang karapatang pantao.

**SEK. 15.** *Sistemang Pangkatarungan, Mga Linangan/Institusyon sa Pag-aayos ng mga Tunggalian, Mga Pamamaraan sa Paglikha ng Kapayapaan.*— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatang gamitin ang kanilang sariling pamamaraang pangkatarungan na pangkaraniwang tinatanggap, mga linangan/institusyon sa pag-aayos ng tunggalian, mga pamamaraan sa paglikha ng kapayapaan o mga kaparaanan at iba pang mga katutubong batas at kasanayan sa loob ng kanilang kaukulang pamayanan na maaaring kaugma ng pambansang sistemang pangkatarungan at ng pandaigdigang karapatang pantao.

**SEK. 16.** *Karapatang Lumahok sa Pagpapasya.*— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatang lumahok nang ganap, kung kanilang mamarapatin, sa lahat ng mga antas ng pagpapasya sa mga bagay na maaaring

makaapekto sa kanilang mga karapatan, buhay at kahihinatnan sa pamamagitan ng mga paraang sila mismo ang pipili, gayundin upang panatilihin at paunlarin ang kanilang sariling katutubong balangkas pampulitika. Dahil dito, titiyakin ng Estado na ang mga katutubo ay mabibigyan ng kinatawan sa mga pangkat na gumagawa ng pasya at iba pang lokal na konsehong lehislatibo.

**SEK. 17.** *Karapatang Itakda at Pagpasyahan ang mga Pangunahing Gawain para sa Kaunlaran.*— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatang itakda at pagpasyahan ang kanilang sariling mga prayoridad sa pagpapaunlad na makakaapekto sa kanilang mga buhay, paniniwala, linangan/insitutsyon, o pang-espirtwal na katauhan, at ang mga lupang kanilang pagmamay-ari, sinasaklaw o ginagamit. Sila ay lalahok sa mga pagbubuo, pagsasagawa, at pagtatasa ng mga patakaran, plano, at programa para sa pambansa, panrehiyon at panlokal na pagpapaunlad na maaaring tuwirang makaapekto sa kanila.

**SEK. 18.** *Katutubong Barangay.*— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na naninirahan sa magkakarating na mga lugar o pamayanan kung saan sila ang bumubuo ng higit na nakakarami sa populasyon, ay maaaring magbuo o magtatag ng isang hiwalay na baranggay sang-ayon sa itinakda ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan hinggil sa pagbubuo ng katutubong baranggay.

**SEK. 19.** *Gampanin ng mga Organisasyong Pang-masa.*— Kinikilala at iginagalang ng Estado ang gampanin ng mga nagsasariling samahan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan upang maipagpatuloy at mapangalagaan ang kanilang marapat at sama-samang mga interes at adhikain sa pamamagitan ng mapayapa at matuwid na pamamaraan.

**SEK. 20.** *Mga Pamamaraan sa Paglinang at Pagbibigay-Lakas sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan.*— Ang pamahalaan ay magbubuo ng mga pamamaraan para sa ganap na pag-unlad/pagbibigay-lakas ng sariling mga linangan/institusyon at pagkukusa ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at, kung kinakailangan, ibibigay ang mga kinakailangan, ibibigay ang mga kinakailangang tulong para dito.

## KABANATA V:

### KATARUNGANG PANLIPUNAN AT MGA KARAPATANG PANTAO

**SEK. 21.** *Pantay na Pangangalaga ng Batas at Pagpawi sa Di Pagkakapantay-pantay.*— Alinsunod sa pantay na pangangalaga ng batas na nakasaad sa Saligan Batas ng Republika ng Pilipinas, sa tsarter ng mga Nagkakaisang Bansa (U.N.), sa Pandaigdigang Pahayag ng mga Karapatang Pantao kasama na ang Kumbensyon sa pagpawi ng di pagkakapantay-pantay laban sa Kababaihan at Pandaigdigang Batas sa Karapatang Pantao, igagawad ng Estado sa Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, ayon sa nararapat na pagkilala sa kanilang natatanging katangian at pagkakakilanlan, ang mga karapatan, pangangalaga ng batas at pribelihyong katulad ng tinatamasa ng lahat ng mga tao. Igagawad din sa kanila ang katulad na karapatan sa paggawa, mga pagkakataon, batayang serbisyo, pang-edukasyon at iba pang mga karapatan at pribelihyong tinatamasa ng lahat ng tao sa lipunan. Gayundin, titiyakin ng Estado na ang paggamit ng anumang anyo ng dahas o panghihimasok laban sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay haharapin ng naaayon sa batas.

Titiyakin ng Estado na ang mga batayang karapatang pantao at kalayaan na nakadam-bana sa Saligang Batas at iba pang kaugnay na mga pandaigdigang kasunduan ay titiyakin din sa mga katutubong kababaihan. Sa gayon, walang itinatadhana sa batas na ito ang maaaring ipagpalagay na magdudulot ng pagmamaliit sa mga karapatan at kagalingang dati nang kinikilala at iginagawad sa mga kababaihan sa ilalim ng mga umiiral na batas na may pangkalahatang saklaw.

**SEK. 22.** *Mga Karapatan sa Panahon ng Armadong Tunggalian/Digmaan.*— Ang mga Katutubo ay may karapatan sa di pangkaraniwang pangangalaga at katiyakan sa mga panahon ng armadong tunggalian o digmaan. Susundin ng Estado ang mga Pandaigdigang pamantayan, higit sa lahat, ang Ika-apat na Kapulungan sa Geneva ng 1949, para sa pangangalaga ang mga populasyon ng sibilyan sa mga pangyayaring kagipitan at armadong tunggalian/digmaan. Hindi mangangalap mula sa Katutubong Pamayanang



Kultural/Katutubong Pamayanan, ng kasapi ng hukbong sandatahan, ng labag sa kanilang kagustuhan, at sa partikular para gamitin laban sa ibang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan; o mangalap ng mga kasapi mula sa katutubong kabataan para sa sandatahang lakas sa anumang kalagayan; o pilitin ang mga katutubo para lisanin ang kanilang mga lupa, teritoryo at kabuhayan, o ilipat ng lugar sa natatanging sentro para sa layuning panghukbo na may anumang kalagayan ng diskriminasyon o ng di pagkakapantay-pantay.

**SEK. 23.** *Kalayaan mula sa Diskriminasyon at Karapatan sa Pantay na Pagkakataon at Pakikitungo.*— Karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na maging malaya sa anumang anyo ng diskriminasyon, kaugnay sa pangangalap ng manggagawa at mga kalagayan sa paggawa, na sila ay magtamasa ng pantay na pagkakataon para sa pagtanggap sa hanapbuhay, pangkalusugan at panlipunang tulong, kaligtasan at iba pang kaugnay na mga pakinabang panghanapbuhay, ipabatid sa kanila ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng umiiral na mga batas sa paggawa at mga paraang magagamit nila upang makagawa ng lunas, hindi sumailalim sa anumang sistema ng pamimilit na pagkuha ng bagong manggagawa, kabilang na ang mapang-aliping paggawa at iba pang anyo ng pagkaalipin sa utang, at pantay na pagkakataon sa hanapbuhay para sa babae at lalaki, kabilang ang pangangalaga laban sa *sexual harrassment*.

Sa gayon, pagtitibayin ng Estado, alinsunod sa balangkas ng mga Pambansang Batas at Patakaran, at sa pakikipagtulungan sa mga kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, ang natatanging mga hakbang upang matiyak ang mabisang pangangalaga hinggil sa pagkuha ng bagong manggagawa at mga kalagayan sa hanapbuhay ng mga taong nabibilang sa pamayanang ito, lalo na kung hindi sila mabisang napapangalagaan ng mga batas na ipinatutupad sa mga manggagawa sa kabuuan.

Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan sa samahan at kalayaang bumuo at magpalakad ng mga unyon, karapatang makipagtalastasan sa may-ari ng pagawaan. Sila rin ay may karapatang hindi sumailalim sa mga kalagayan sa paggawa na makakapinsala sa kanilang kalusugan, lalo na sa pamamagitan ng pagkalantad sa mga pestisidyo at iba pang nakalalasang mga bagay.

**SEK. 24.** *Mga Gawaing Labag sa Batas Kaugnay sa Paggawa.*— Labag sa batas para sa sinumang tao na:

a. Magtangi laban sa sinumang katutubo hinggil sa mga itinakda at kondisyon sa paggawa dahil sa kanilang uring pinagmulan. Pantay na kabayaran ang ibibigay sa mga katutubo at di katutubo para sa gawing magkapantay ang halaga; at

b. Pagkaitan ang sinumang katutubong manggagawa ng karapatan o kapakinabangang itinatadhana o itiwalag sila sa layuning hadlangan silang tama-sahin ang alinman sa mga karapatan o kapakinabangang itinatadhana ng batas na ito.

**SEK. 25.** *Mga Batayang Serbisyong Panlipunan.*— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan sa natatanging mga hakbang para sa kagyat, mabisa at tuloy-tuloy na pag-unlad ng kanilang pangkabuhayan at panlipunang kalagayan, kasama ang mga usapin sa hanapbuhay, panghanapbuhay na pagsasanay at muling pagsasanay, pabahay, kalinisan, kalusugan at katiyakan ng panlipunan. Bibigyan ng natatanging pansin ang mga karapatan at naiibang pangangailangan ng mga katutubong kababaihan, matatanda, kabataan, bata at mga kapansanan. Nang naaalinsunod, titiyakin ng Estado ang karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa mga batayang serbisyong panlipunan ng pamahalaan na kabilang, subalit hindi limitado sa, kagamitan sa tubig at pailaw, edukasyon, kalusugan at imprastruktura.

**SEK. 26.** *Kababaihan.*— Ang mga katutubong kababaihan ay magtatamasa ng pantay na mga karapatan at pagkakataon katulad ng sa kalalakihan, hinggil sa panlipunan, pangkabuhayan, pampulitika at pangkalinangang sakop ng buhay. Ang paglahok ng katutubong kababaihan sa kaparaanan ng pagpapasya sa lahat ng mga antas, gayundin sa pag-unlad ng lipunan, ay bibigyan ng maayos na paggalang at pagkilala.

Ang Estado ay magbibigay ng ganap na pagkakataon sa edukasyon, pangangalaga sa bata at ina, kalusugan at nutrisyon, at mga serbisyong pabahay sa katutubong kababaihan. Ang pagsasanay sa panghanapbuhay, teknikal, pandalubhasaan at iba pang anyo ng

pagsasanay ay ibibigay upang ang mga kababaihang ito ay makalahok sa lahat ng aspeto ng buhay sa lipunan. Hangga't maaari, titiyakin ng Estado na ang lahat ng mga katutubong kababaihan ay magkakaroon ng pagkakataon sa lahat ng paglilingkod na nasa sarili nilang wika.

**SEK. 27. *Kabataan at Batang Katutubo.***— Kikilalanin ng Estado ang mahalagang gampanin ng mga bata at kabataang katutubo sa paghubog ng lipunan at itataguyod at pangangalagaan ang kanilang pisikal, moral, ispiritwal, pangkatalinuhan at panlipunang katauhan. Tungo sa hangaring ito, itataguyod ng Estado ang mga programang pampamahalaang nakaukol sa pagpapaunlad at pag-aaruga ng mga bata at kabataang katutubo para sa mahusay na lipunan at magtatatag ng mga kinakailangang pamamaraan upang maipagtanggol ang mga karapatan ng mga bata at kabataang katutubo.

**SEK. 28. *Kabuuang Sistemang Pang-Edukasyon.***— Ang Estado, sa pamamagitan ng NCIP, ay magbibigay ng husto, sapat at kabuuang sistemang pang-edukasyon na angkop sa pangangailangan ng mga bata at kabataang katutubo.

## KABANATA VI: KARAPATAN SA KABUUNG PANGKALINANGAN

**SEK. 29.** *Pangangalaga sa Katutubong Kalinangan, Salindunong/Tradisyon at mga Linangan/Instiutasyon.*— Igagalang, kikalalanin at pangangalagaan ng Estado ang karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na mapanatili at mapangalagaan ang kanilang kalinangan, mga salindunong/tradisyon at linangan/institusyon. Isasaalang-alang ang mga karapatang ito sa pagbubuo at paggamit ng mga pambansang plano at patakaran.

**SEK. 30.** *Sistemang Pang-Edukasyon.*— Pagkakalooban ng Estado ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ng walang pagkiling at pantay na pagkakataon sa pakinabang pangkalinangan sa pamamagitan ng sistemang pang-edukasyon, pampubliko o pribadong mga lupong pangkalinangan, iskolarship, tulong pinansyal at iba pang pabuya nang walang pagtatangi at walang pinsala sa kanilang karapatang magtatag at pamahalaan ang kanilang sistemang pang-edukasyon at mga linangan/institusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon sa sarili nilang wika, sa isang paraang angkop sa kanilang pamamaraang pangkalinangan sa pagtuturo at pag-aaral. Ang mga katutubong bata at kabataan ay may karapatan sa lahat ng antas at anyo ng edukasyon ng Estado.

**SEK. 31.** *Pagkilala sa Pagkakaiba-iba ng mga Kalinangan.*— Sisikapin ng Estado na masalamin sa lahat ng mga anyo ng edukasyon, kaalamang pampubliko at palitang pang-edukasyon at pangkalinangan ang karangalan at pagkakaiba-iba ng kalinangan, salindunong/tradisyon, kasaysayan at mithiin ng mga Katutubong Pamayanan Kultural/Katutubong Pamayanan. Dahil dito, gagawa ang Estado ng mabisang mga hakbang, kaugnay ng mga kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, na alisin ang maling palagay at diskriminasyon upang itaguyod ang pagsasaalang-alang, unawaan at magandang relasyon sa pagitan ng mga Katutubong Pamayanang

Kultural/Katutubong Pamayanan at sa lahat ng bahagdan ng lipunan. Dagdag pa, ang pamahalaan ay gagawa ng mabisang mga hakbang upang matiyak na ang mga midya na pagmamay-ari ng pamahalaan ay marapat na isaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng kalinangan. Titiyakin din ng Estado ang paglahok ng mga nararapat na mga katutubong namumuno sa mga paaralan, pamayanan at pandaigdigang samahan katulad ng pulong, pagdiriwang, seminar, at palihan upang itaguyod at pahasayin ang kanilang kakaibang minanang kaugalian.

**SEK. 32.** *Mga Karapatan sa Pagmamay-aring Intelektwal.*— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan na isagawa at muling buhayin ang kanilang sariling tradisyunal na kultura at kagawian. Pananatilihin, pangangalagaan at pauunlarin ng Estado ang nakaraan, kasaluyan at hinaharap na mga pagpapakilala sa kanilang mga kalinangan gayundin ang karapatan na mapanumbalik ang mga kalinangan, pangkarunungan, may kinalaman sa relihiyon, at pang-espiritwal na pagmamay-ari na kinuha sa kanila nang walang malaya, nauuna at malinang na pagsang-ayon o labag sa kanilang mga batas, salindunong/tradisyon at kagawian.

**SEK. 33.** *Mga Karapatang may Kinalaman sa Relihiyon, mga Pook Pangkalinangan at mga Seremonya.*— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatang ipahayag, isagawa, paunlarin at ituro ang kanilang mga salindunong/tradisyong may kinalaman sa ispiritwal at relihiyon, mga kagawian at seremonya; ang karapatang panatilihin, pangalagaan at magkaroon ng pagkakataon sa kanilang lugar pangrelihiyon at pangkalinangan; ang karapatang gamitin at patnubayan ang mga gamit pang seremonya; at ang karapatan na ibalik ang mga labi ng patay. Nang naalinsunod, ang Estado ay magsasagawa ng mga mabibisang hakbang, sa pakikipagtulungan sa mga kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, upang matiyak na ang mga sagradong lugar ng katutubo, kabilang ang mga libingan, mapangalagaan, maigalang at maipagtanggol. Upang makamit ang mga layuning ito, magiging labag sa batas na:

a. Saliksikin/siyasatin, hukayin o gumawa ng mga paghuhukay sa mga sinaunang lugar ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan para sa layuning makakuha ng mga kagamitan na may pangkalinangang halaga

nang walang malaya, nauuna at malinang na pagsang-ayon ang kinaaukulang pamayanan; at

b. Dungisan, alisin o kaya’y sirain ang mga bagay na ginawa ng tao (artifacts) na may malaking kahalagahan sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan para sa pagpapanatili ng kanilang pamanang pangkultura.

**SEK. 34.** *Karapatan sa Katutubong Karunungan, Sistema at Pamamaraan (IKSPs) sa Pagpapaunlad ng Sariling mga Agham at Teknolohiya.*— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan sa pagkilala at ganap na pagmamay-ari, pamamahala at pangangalaga ng kanilang mga karapatang pangkalinangan at pang-intelektwal. Sila ay may karapatan sa natatanging mga hakbang sa pamamahala, pagpapaunlad at pangangalaga ng kanilang mga agham, teknolohiya at pangkalinangan, mga pagkakakilanlan, kabilang ang pantao at iba pang yamang henetiko, mga binhi, kasama ang pinagmulan ng ganitong yaman, katutubong gamot at kasanayang pangkalusugan, mahahalagang halamang gamot, mga hayop at mineral, katutubong sistemang pangkarunungan at pamamaraan, kaalaman sa katangian ng mga hayop at halaman, tradisyong *oral*/pasalita, panitikan, disenyo, biswal at *performing arts*.

**SEK. 35.** *Karapatan sa Yamang Bayolohika at Henetiko.*— Ang mga pagkakataon sa yamang bayolohiko at henetiko at sa katutubong kaalaman kaugnay sa pagpapanatili, paggamit at pagpapayaman ng ganitong mga yaman, ay papayagan lamang sa loob ng mga lupa at lupaing ninuno ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan kung may malaya, nauuna at malinang na kapahintulutan ng mga nabanggit na pamayanan, na nakuha sang-ayon sa katutubong batas ng mga kaukulang pamayanan.

**SEK. 36.** *Likas Kayang Pag-unlad sa Teknolohiyang Pangsakahan.*— Kikilalanin ng Estado ang Karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa likas kayang pag-unlad ng teknolohiyang pangsakahan. Gagawa at magpapatupad ang Estado ng mga gawain para sa mahusay na pagpapatupad nito. Itataguyod din ng Estado ang *biogenetic* at mga pamamaraan ng pamamahala sa yaman sa hanay ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at hihikayatin ang pakikipagtulungan ng

mga ahensya ng pamahalaan upang matiyak ang tagumpay ng likas kayang pag-unlad ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan.

**SEK. 37.** *Pondo para sa mga Makasaysayang Pook.*— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatang tumanggap mula sa pambansang pamahalaan ng mga pondo na tanging nakaukol o nakalaan para sa pamamahala at pangangalaga ng kanilang mga makasaysayang pook at mga bagay na gawa ng tao sa pamamagitan ng tulong pampinasiyal at teknikal mula sa mga pambansang ahensya ng pamahalaan.

## KABANATA VII: PAMBANSANG KOMISYON SA KATUTUBONG PAMAYANAN (PKKP/NCIP)

**SEK. 38.** *Pambansang Komisyon sa Katutubong Pamayanan PKKP/NCIP.*— Upang mai-patupad ang mga patakarang itinakda dito, bubuuin ang Pambansang Komisyon sa Katutubong Pamayanan, na magiging pangunahing sangay ng pamahalaan na may tungkulin sa paghubog at pagpapatupad ng mga patakarang, plano at programa upang itaguyod at pangalagaan ang mga karapatan at kagalingan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at upang ipatupad ang pagkilala sa kanilang mga lupaing ninuno gayundin ang kanilang mga karapatan dito.

**SEK. 39.** *Inatas na Tungkulin.*— Ang PKKP/NCIP ay mangangalaga at magtataguyod ng interes at kagalingan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ng may pagsasaalang-alang sa kanilang mga paniniwala, kaugalian, salindunong/tradisyon at linangan/institusyon.

**SEK. 40.** *Komposisyon ng Komisyon.*— Ang PKKP/NCIP ay isang nagsasariling ahensya sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo at bubuuin ng pitong (7) komisyoner kung saan pipili ng isang Tagapangulo. Ang mga Komisyoner ay hihirangin ng Pangulo ng Pilipinas mula sa talaan ng mga rekomendado na isinumite ng mga tunay na Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan: Sa karagdagang kondisyon, Na ang pitong Komisyoner na hihirangin ay sadyang mula sa bawat sumusunod na eknolinggawistiko o etnograpihong lugar: Rehiyon I at Cordillera, Rehiyon II, iba pang mga etnograpihong lugar sa Luzon, mga Pulo-pulo kasama ang Mindoro, Palawan, Romblon, Panay at iba pang bahagi ng Kabisayaan; Hilaga at Kanlurang Mindanao; Timog at Silangang Mindanao; at Gitnang Mindanao: Sa karagdagang kondisyon, Na hindi bababa sa dalawa (2) mula sa pitong (7) Komisyoner ang babae.



**SEK. 41.** *Mga Katangian, Lawig ng Panunungkulan, at Karampatang Sahod.*— Ang Tagapangulo at ang anim (6) na Komisyoner ay likas na ipinanganak na Pilipino, tunay na katutubong kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na pinatutunayan ng kanyang tribo, dalubhasa sa mga pangyayari at usapin hinggil sa katutubo at nakipagtrabaho ng hindi bababa sa sampung (10) taon sa isang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at/o anumang ahensya ng pamahalaan para sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, hindi bababa sa tatlung limang (35) taong gulang sa panahon ng pagkakahirang at kinakailangang may napatunayang katapatan at karangalan; Sa kondisyon na, hindi bababa sa dalawa (2) mula sa pitong (7) Komisyoner ang dapat ay mananaggol na nakapasa sa *Philippine Bar*: Sa karagdagang kondisyon, Na ang mga kasapi ng NCIP ay maglilingkod sa loob ng taning na panunungkulan na tatlong (3) taon, at maaaring muling mahirang sa isa pang katulad din ng taning ng panunungkulan: Sa karagdagang kondisyon, Na walang tao ang manunungkulan ng higit sa dalawang (2) buong taning ng panunungkulan. Ang paghirang sa alinmang bakante, kung sakali, ay para lamang sa takdang panahon na hindi natapos ng sinundan at walang anumang pangyayari na ang isang kasapi ay mahihirang para sa pansamantalang pagganap: Sa kondisyon pa rin, Na ang Tagapangulo at mga Komisyoner ay may karapatang pasahuran nang naaayon sa naalinsunod na Salary Standardization Law.

**SEK. 42.** *Pamamaraan sa Pangtanggap sa Puwesto.*— Sinumang kasapi ng PKKP/NCIP ay maaaring alisin sa panunungkulan ng Pangulo, sa sarili nitong pagkukusa o ayon sa tagubilin o rekomendasyon ng alinmang Katutubong Pamayanan, bago matapos ang kanyang taning na panahon ng panunungkulan kung may legal na kadahilanan at matapos sundin ang naaayong pamamaraang hinihingi ng batas.

**SEK. 43.** *Komisyoner.*— Ang Pangulo ay hihirang ng pitong (7) Komisyoner ng PKKP/NCIP sa loob ng siyamnapung (90) araw matapos magkabisang batas na ito.

**SEK. 44.** *Mga Kapangyarihan at Tungkulin.*— Upang maisagawa ang mga ipinag-uutos sa kanya, ang PKKP/NCIP ay may mga sumusunod na kapangyarihan, nasasaklawan at tungkulin:

- a) Magsilbing pangunahing ahensya ng pamahalaan kung saan ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay makakahingi ng tulong at magsisilbing isang tulay kung saan ang gayong tulong ay maaaring ipaabot;
- b) Aralin at tasahin ang mga kalagayan ng Katutubong Pamayanang Kultural/ Katutubong Pamayanan, kabilang na ang mga umiiral na mga batas at patakaran may kaugnayan sa kanila at magmungkahi ng pagsasabatas ng mga makabuluhang atas at patakaran upang makatugon at magampanan nila ang kanilang gampanin para sa pambansang kaunlaran;
- c) Balangkasin at ipatupad ang mga patakaran, plano, programa, at proyekto para sa pangkabuhayan, panlipunan, at pangkalinangang pag-unlad ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubo Pamayanan at subaybayan ang pagpapatupad ng mga iyon;
- d) Hilingin at gamitin ang paglilingkod at tulong ng mga dalubhasa mula sa ibang mga ahensyang pamahalaan o upahan ang mga pribadong dalubhasa at tagapagsangguni kung kinakailangan upang matugunan ang mga layunin nito;
- e) Maggawad ng katibayan ng pagkilala sa lupa/lupaing ninuno;
- f) Sang-ayon sa umiiral na mga batas, pumaloob sa mga kontrata, kasunduan o kaayusan sa mga ahensya ng pamahalaan o pribadong grupo kung kinakailangan upang maabot ang mga layunin ng batas na ito, at batay sa pagsang-ayon ng Pangulo, umutang mula sa mga pampamahalaang institusyong nagpapatang o/at sa iba pang institusyong pautangan upang pondohan ang mga programa nito;
- g) Makipagkasundo ukol sa mga pondo at tumanggap ng mga bigay, donasyon, handog at/o ari-arian anumang anyo nito, mula saan mang mapagkukunan, panlokal man o pandaigdig, alinsunod sa pagsang-ayon ng Pangulo ng Pilipinas, para sa kapakinabangan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong

Pamayanan at pangasiwaan ito ayon sa mga nakasaad doon; o kung walang anumang panuntunan, ay pangasiwaan sa paraang naaayon sa mga interes ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at sa umiiral na mga batas;

h) Pagtugmain ang mga programa at proyektong pangkaunlaran para sa pag-sulong ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at subaybayan ang wastong pagpapatupad nito;

i) Magtakda ng napapanahong kumbensyon o pagtitipon ng mga katutubo upang aralin, tasahin, at magmungkahi ng mga patakaran o plano;

j) Payuhan ang Pangulo ng Pilipinas sa lahat ng mga usaping may kaugnayan sa mga katutubo at maghain sa loob ng animnapung (60) araw makalipas ang pagtatapos ng bawat taon, ng ulat ng mga pagpapalakad at mga nagawa nito.

k) Maghain sa Kongreso ng mga panukala ukol sa pagpapatupad ng mga patakarang nakasaad sa batas na ito;

l) Ihanda at ihain ang nauukol na laang guguling salapi sa Tanggapan ng Pangulo.

m) Magbigay ng naaayong katibayan bilang paunang kondisyon sa pagbibigay ng pahintulot, pahintulot sa pag-upa, at iba pang kahalintulad na kapang-yarihan para sa pagbibigay ng pahintulot sa pamimigay, paggamit, pamamahala at paglalaan sa sinumang pribadong tao, samahang pangangalakal o anumang ahensya ng pamahalaan, korporasyon o bahagi nito, sa alinmang bahagi ng lupaing ninuno na isinaalang-alang ang pinagkaisahan ng mga nasasangkot na mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

n) Hatulan ang lahat ng mga paghahabol mula sa mga pasya at gawain ng lahat ng tanggapan sa loob ng Komisyon;

ng) Pairalin ang kinakailangang mga tuntunin at patakaran para sa pagpapatupad ng batas na ito;

o) Isagawa ang iba pang kapangyarihan at tungkulin na maaaring ipagutos ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas;

p) Katawanin ang mga Katutubong Pilipino sa lahat ng pandaigdigang pulong at kumbensyon na tumatalakay sa mga katutubo at iba pang kaugnay na mga bagay.

**SEK. 45.** *Nalalapitan at Bukas na Panunungkulan.*— Maliban sa mga taning na itinatadhana ng batas o ng mga tuntunin at patakarang ipinapahayag kasunod nito, lahat ng mga opisyal na talaan, kasulatan at dokumento na tumutukoy sa opisyal na mga batas, mga pakikipagusap o kapasyahan, gayundin ang mga pananaliksik ng datos na ginagamit bilang batayan sa pagpapaunlad ng patakaran ng Komisyon ay gagawing bukas sa publiko.

**SEK. 46.** *Mga Tanggapan sa loob ng PKKP/NCIP.*— Ang PKKP/NCIP ay magkakaroon ng mga sumusunod na tanggapan na may pananagutan sa pagpapatupad ng mga patakarang isinasaad dito.

a) Tanggapan para sa Lupaing Ninuno.— Ang tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay may pananagutan para sa pagtutukoy, pagtukoy/pagsukat, pagkilala ng mga lupa/lupaing ninuno ng naaayon sa isang pangkabuuang plano gayundin ang pagpapatupad ng mga karapatan sa lupa/lupaing ninuno ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan katulad ng itinatadhana sa Kabanata II ng batas na ito. Ito rin ang magbibigay, sang-ayon sa malaya, nauuna at malinang na pahintulot ng mga nasasangkot na mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ng katibayan ng pagkilala bago igawad ang anumang lisensya, paupa/pahiram o pahintulot para sa paggalugad ng mga likas na yaman na makaka-apekto sa mga interes ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan o sa kaniilang mga lupaing

ninuno. Ito rin ang magsasagawa ng iba pang mga tungkuling ipinapalagay ng Komisyon na angkop at kinakailangan;

b) Tanggapan para sa Paghubog ng Patakaran, Pagpaplano at Pananaliksik.— Ang tanggapan para sa Paghubog ng Patakaran, Pagpaplano at Pananaliksik ang may pananagutan sa pagbabalangkas ng mga naaangkop na mga patakaran at programa para sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan katulad ng, ngunit hindi limitado sa, paggawa ng isang Limang Taong Pangkalahatang Plano para sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan. Ang nasabing plano ay sasailalim sa isang pamamaraan kung saan tuwing ikalimang taon, ang Komisyon ay gagawa ng pagtatasa sa plano at gagawa ng naaangkop na pagbabago batay sa pagbabago ng kalagayan. Ang tanggapan ay magsasagawa rin ng pagtatala ng katutubong batas at magtatayo at magpapanatili ng isang Sentro sa Pananaliksik upang magsilbing imbakan o ipunan ng etnograpikong kaalaman para sa pagsubaybay, pagtatasa at pagbubuo ng patakaran. Tutulong ito sa lehislatibong sangay ng pambansang pamahalaan sa pagbubuo ng naaangkop na mga batas para sa kapakanan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

c) Tanggapan para sa Edukasyon, Kalinangan at Kalusugan.— Ang Tanggapan para sa Edukasyon, Kalinangan at Kalusugan ang may pananagutan ukol sa mabisang pagpapatupad ng mga karapatan sa edukasyon, kultura at iba pang kaugnay na karapatan katulad ng nakasaad sa batas na ito. Ito ay tutulong, magtataguyod at susuporta sa mga paaralang pampamayanan, pormal man o di pormal, para sa kapakanan ng lokal na Katutubong Pamayanan, lalo na sa mga lugar kung saan ang umiiral na pasilidad sa pag-aaral ay hindi umaabot sa mga katutubo. Magbibigay ito ng mga programa para sa libreng pag-aaral at iba pang karapatang pang-edukasyong nakalaan para sa mga katutubo sa pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports at sa Komisyon Para sa Mas Mataas na Kaalaman. Ito rin ay gagawa, sa loob ng nasa-saklawang laang pondo, ng isang natatanging programa kasama ang pagsasanay sa wika at pangkabuhayan, kalusugang pampubliko at programa para sa tulong pampamilya at iba pang mga kaugnay na mga paksa.

Tutukuyin din nito ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na may kakayahan sa pagsasanay sa larangan ng kalusugan at hihikayatin at tutulungan silang makapagtala sa mga paaralan sa medisina, narsing, *physical therapy* at iba pang kaugnay na mga kursong may kaugnayan sa propesyong pangkalusugan.

Tungo sa hangaring ito, ang PKKP/NCIP ay magtatalaga ng isang kinatawan sa bawat tanggapan na siyang personal na gagawa ng mga nabanggit na tungkulin at siyang personal na gagawa ng mga nabanggit na tungkulin at siyang tatanggap ng mga sumbong mula sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan upang makagawa ng karampatang aksyon ang kinauukulang ahensya. Susubaybayan din nito ang mga gawain ng Pambansang Museo at iba pang katulad na ahensya ng pamahalaan na sa kabuuan ay nakaukol sa pamamahala at pagpapanatili ng mga makasaysayang gawa ng katutubo at magkakaroon ng tungkulin sa pagpapatupad ng iba pang gawaing ipinapalagay ng PKKP/NCIP na angkop at kinakailangan;

d) Tanggapan para sa Panlipunang Pangkabuhayang Paglilingkod at Natatanging Gawain.— Ang Tanggapan para sa Panlipunang Pangkabuhayang Paglilingkod at Natatanging Gawain ay maglilingkod bilang isang Tanggapan kung saan ang PKKP/NCIP ay makikipagugnayan sa ibang ahensya ng pamahalaan na sadyang nakatuon sa pagpapatupad ng iba't ibang mga batayang panlipunang pangkabuhayang paglilingkod, mga patakaran, plano, at programang nakakaapekto sa mga Katutubong Pamayanan Kultural/Katutubo Pamayanan upang matiyak na ang mga ito ay maaayos at direktang napapakinabangan nila. Ito rin ang may pananagutan sa iba pang gawaing ipinapalagay ng PKKP/NCIP na angkop at kinakailangan;

e) Tanggapan para sa Pagbibigay-Lakas at mga Karapatang Pantao.— Ang Tanggapan para sa Pagbibigay-Lakas at mga Karapatang Pantao ang magtitiyak na ang mga karapatang panlipunan, pampulitika, pangkalinangan at pangkabuhayan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay igagalang at kikilalanin. Titiyakin din nito na ang mga pamamaraan sa

pagbubuo ng kakayanan ay maitatatag, at ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay mabigyan ng lahat ng pagkakataon, kung kanilang pipiliin, para sa paglahok sa lahat ng mga antas ng paggawa ng mga pasya. Gayundin, titiyakin nito na nag mga batayang karapatang pantao, at iba pang mga karapatan na maaaring matukoy ng PKKP/NCIP, batay sa umiiral na mga batas, panuntunan at patakaran, ay pinangangalagaan at itinataguyod.

f) Tanggapan para sa Pangangasiwa.— Ang Tanggapan sa Pangangasiwa ay magbibigay sa PKKP/NCIP ng pangkabuhayan, mahusay at mabisang paglilingkod na may kaugnayan sa mga tauhan, pananalapi, talaan, kagamitan, seguridad, gamit at iba pang kaugnay na mga paglilingkod. Ito rin ang mama-mahala ng pondo para sa Lupaing Ninuno.

g) Tanggapang Panlegal.— Magkakaroon ng Tanggapang Panlegal na magpapayo sa PKKP/NCIP sa lahat ng mga bagay kaugnay sa usaping panlegal ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at may pananagutan sa pagbibigay sa mga Katutubong Pamayanan ng tulong panlegal sa paglilitis na may kaugnayan sa kapakanan ng Katutubong Pamayanan. Ito ang magsasagawa ng unang pagsisiyasat batay sa mga sumbong ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan laban sa mga taong pinaniniwalaang lumabag sa karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan. Batay sa kanyang mga natuklasan, ito ang mangunguna sa pagsasampa ng angkop na legal o administratibong reklamo sa PKKP/NCIP.

**SEK. 47. *Iba Pang Mga Tanggapan.***— Ang PKKP/NCIP ay may kapangyarihang magbuo ng karagdagang mga tanggapan na maaari nitong ituring na kinakailangan batay sa umiiral na mga tuntunin at patakaran.

**SEK. 48. *Mga Tanggapang Panrehiyon at Panlabas.***— Ang mga umiiral na panrehiyon at panlabas na tanggapan para sa katutubo ay mananatili sa ilalim ng pinalakas na balangkas ng organisasyon ng PKKP/NCIP. Ang iba pang tanggapang panlabas ay lilikhain kung saan naangkop at ang huwaran sa paglalagay ng mga kawani ay pagpapasyahan

ng PKKP/NCIP: Sa kondisyon na sa mga lalawigan kung saan mayroong mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ngunit walang mga tanggapanang panlabas, ang PKKP/NCIP ay magtatayo ng mga tanggapanang panlabas sa mga nasabing lalawigan.

**SEK. 49.** *Tanggapan ng Punong Tagapagpaganap.*— Ang PKKP/NCIP ay magbubuo ng Tanggapan ng Punong Tagapagpaganap na siyang magsisilbi bilang Kalihiman. Ang Tanggapan ay pamumunuan ng isang Punong Tagapagpaganap na hihirangin ng Pangulo ng Pilipinas sa tagubilin ng PKKP/NCIP sa isang palagiang posisyon. Ang paglalagay ng tauhan ng tanggapan ay pagpapasyahan ng PKKP/NCIP batay sa umiiral na mga tuntunin at patakaran.

**SEK. 50.** *Sangguniang Kapulungan.*— Isang kapulungan na binubuo ng mga tradisyunal na mga pinuno, nakatatanda at kinatawan ng kababaihan at kabataan ng iba't ibang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ang panapanahong bubuuin ng PKKP/NCIP upang magpayo dito hinggil sa mga usaping may kaugnayan sa mga suliranin, adhikain at kapakanan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan.



## KABANATA VIII:

### PAGTUKOY, PAGSUSUKAT, AT PAGKILALA SA LUPAING NINUNO

**Seksyon 51.** *Pagtukoy, Pagsusukat, at Pagkilala ng mga Lupaing Ninuno.*— Ang sariling pagtukoy at pasusukat (self-delineation) ang magiging gabay na panuntunan sa pagtukoy at pagsusukat ng mga lupaing ninuno. Sa gayon, ang mga kinauukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may tiyak na gampanin sa lahat ng mga gawaing kaugnay nito. Ang sinumpaang Salaysay ng mga Nakakatanda hinggil sa lawak ng mga kalupaan at mga kasunduang ginawa/pinasok o mga tratado sa mga kalapit na Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, kung mayroon man, ay mahalaga sa pagpapasya sa lawak ng pagmamay-ari ng mga tradisyunal na kalupaan. Gagawin ng pamahalaan ang mga kinakailangang hakbang upang matukoy ang mga lupang tradisyunal na sinasakop ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at titiyakin ang mabisang pangangalaga sa kanilang mga karapatan sa pagmamay-ari ng mga ito. Magsasagawa ng mga hakbanging angkop sa kalagayan, upang tiyakin ang karapatan ng mga kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa lupang maaaring hindi na sila lamang ang naninirahan, subalit kanilang nakaugaliang gamitin para sa kanilang ikinabubuhay at nakaugaliang mga gawain, lalo na ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na gumagala pa rin hanggang sa kasalukuyan at/o mga palipat-lipat na magbubungkal.

**SEK. 52.** *Mag Pamamaraan sa Pagtukoy at Pagsusukat.*— Ang pagtukoy at pagsusukat ng mga lupaing ninuno ay gagawin ng naaayon sa mga sumusunod na pamamaraan:

- a) Mga Lupaing Ninuno na Natukoy/Nasukat Bago pa ang Batas na ito.— Ang mga itinatadhana sa ilalim nito ay hindi sasaklaw sa mga lupa/lupaing ninuno na natukoy/nasukat na sa pamamagitan ng Pangasiwaang Kautusan Blg. 2, Serye ng 1993 ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (DENRDAO93 02), o maging sa mga lupa/lupaing ninuno na natukoy/nasukat sa ilalim ng ibang programa ng pamayanan sa lupaing ninuno bago pa magkabisang batas na

ito. Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanang nagmamamay-ari ng mga lupa/lupaing ninuno na natukoy/nasukat na bago pa magkabisa ang batas na ito ay may karapatang humiling ng katibayan ng pagkilala sa lupaing ninuo sa lugar kahit hindi sumailalim sa pamamaraang binabanggit dito;

b) Kahilingan Sa Pagtukoy/Pagsusukat.— Ang pamamaraan sa pagtukoy/pagsukat sa isang tiyak na paligid ay maaaring simulan ng PKKP/NCIP sa pahintulot ng kinauukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, o sa pamamagitan ng kahilingan sa pagtukoy/pagsukat na inihain sa PKKP/NCIP ng nakararaming kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

c) Pormal na Pagtukoy/Pagsukat.— Ang pormal na pagtukoy/pagsukat ng mga hangganan ng lupaing ninuno, kabilang na ang sensus ng lahat ng kasapi ng pamayanang naroroon, ay kagyat na gagawin ng Tanggapan para sa Lupaing Ninuno sa oras na hilingin ng mga kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan. Ang pagtukoy/pagsukat ay gagawin sangayon sa pakikipag-ugnayan sa kinauukulang pamayanan at sa lahat ng panahon ay isasaalang-alang ang tunay na pakikisangkot at paglahok ng mga kasapi ng kinauukulang pamayanan;

d) Kinakailangang Katunayan.— Ibibilang sa mga katunayan ng Pag-aangkin sa Lupaing Ninuno ang Sinumpaang Salaysay ng mga nakatatanda o pamayanan, at isa (1) sa mga iba pang mga kasulatan na tuwiran o di-tuwirang nagpapatunay sa pagmamamay-ari o pagsaklaw sa konsepto ng nagmamamay-ari, sa mga lugar na mula sa panahon hanggang abot ng alaala ay pag-aari, ari-arian o inaangking ari-arian ng Katutubong Pamayanan o katutubo sa konsepto ng pagmamamay-ari, na alinman sa mga sumusunod na tunay na kasulatan:

1. Nasusulat na salaysay ng mga kaugalian at pinagkaugalian ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;

2. Nasusulat na salaysay ng mga balangkas pampulitika at linangan/institusyon ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;
3. Mga larawan na nagpapakita ng mahabang panahon ng pagsaklaw tulad ng mga lumang pagpapaunlad, libingan ng mga yumao, sagradong lugar at mga lumang pamayanan.
4. Pangkasaysayang paglalahad, kabilang ang mga pagkakaisa at kasunduan hinggil sa mga hangganan, na pinagkasunduan ng mga kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at iba pang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan;
5. Plano ng pagsusukat at mga guhit ng mapa;
6. Mga palatauhang datos (*anthropological data*);
7. Mga talaan ng karuktungan ng kapanganakan (*genealogical survey*);
8. Mga larawan at naglalarawang kasaysayan (*descriptive histories*) ng mga nakaugaliang komunal na mga gubat at lugar pangasuhan;
9. Mga larawan na naglalarawang kasaysayan ng nakaugaliang palatandaan katulad ng mga bundok, ilog, sapa, burol, hagdan-hagdang palayan at iba pang katulad; at
10. Nakasulat na mga pangalan at lugar na hango sa mga katutubong wika ng pamayanan;

e) Paghahanda ng mga Mapa.— Batay sa mga pagsisiyasat at natuklasang katotohanang batay dito, ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ng PPKP/NCIP ay maghahanda ng isang mapa ng sukat na buong paligid, buo at may teknikal

na paglalarawan, at isang paglalarawan sa mga likas na katangian at mga palatandaang naroon;

f) Ulat ng Pagsisiyasat at Iba pang mga Kasulatan.— Isang kumpletong sipi na naunang sensus at isang ulat sa pagsisiyasat ang gagawin ng Tanggapan sa Lupaing Ninuno ng PKKP/NCIP;

g) Patalastas at Paglalathala.— Isang sipi ng bawat kasulatan, kasama ang sipi na nakasalin sa wikang katutubo ng kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ng mga ito, ang ididikit sa isang lantad na lugar nang hindi bababa sa labinlimang (15) araw. Ang kopya ng kasulatan ay ipapaskil din sa lokal, panlalawigan at panrehiyong tanggapan ng PKKP/NCIP, at ipapalathala sa isang pahayagang may malaganap na sirkulasyon minsan sa isang linggo sa loob ng dalawang (2) magkasunod na linggo upang mabigyan ng pagkakataon ang iba pang may pag-aangkin sa mga saklaw na kalupaan na maghain ng pagtutol dito sa loob ng labinlimang (15) araw matapos ang araw ng paglalathala: Datapwa't sa mga lugar na walang pahayagan, ang pagbabalita sa istasyon ng radyo ay isang matuwid na kapalit: Datapwa't, kahit ang pagdidikit lamang ay itinuturing nang sapat kung ang parehong pahayagan at istasyon ng radyo ay hindi magagamit;

h) Paglilipat sa PKKP/NCIP.— Sa loob ng labinlimang araw (15) mula sa araw ng paglalathala na nakasaad sa itaas, at ng mga pamamaraan sa pagsisiyasat, ang tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay maghahanda ng isang ulat sa PKKP/NCIP na sinasangayunan nang buong puso ang pag-aangkin na ipinapalagay na may sapat na katunayan. Subalit, kung ang katibayan ay ipinapalagay na hindi sapat, ay hihingi ng karagdagang katibayan ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno: Sa kondisyon, Na ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay hindi tatanggap ng anumang pag-aangkin na ipinapalagay na mali o may daya matapos ang pagsusuri at pagsisiyasat: Sa karagdagang kondisyon, na sa kalagayan ng hindi pagtanggap, bibigyan ng Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ang umaangkin ng naaayong pansin, at sipi ng lahat ng kinauukulan, na nagsasaad ng kadahilanan sa hindi pagtanggap. Ang di pagtanggap ay maaaring habulin sa PKKP/NCIP.

Sa kondisyon, bukod pa roon, na sa kalagayan na kung saan ang may magkatunggaling pag-aangkin sa hanay ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/ Katutubong Pamayanan hinggil sa mga hangganan ng inaangking lupaing ninuno, paghaharapin ng Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ang nagtatalong mga panig at tutulungan silang magkaroon ng panimulang pagsasaayos ng hidwaan na walang kinikilingan sa ganap na paghuhusgang nakasaad sa sekiyong sa ibaba.

i) Pagsasaauli sa Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ng mga Lugar sa Loob ng Lupaing Ninuno na Pinamamahalaan ng mga Ahensya ng Pamahalaan.— Ang Tagapangulo ng PKKP/NCIP ay magpapatotoo na ang sakop ng lugar ay isang lupaing ninuno. Ang mga Kalihim ng Kagawaran ng Repormang Pansakahan, Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, at Kagawaran ng Katarungan, ang Komisyoner ng Korporasyon ng Pambansang Pagunlad, at iba pang ahensya ng pamahalaan na umaangkin sa pananakop sa mga lugar ay bibigyan ng babala tungkol dito. Ang nasabing babala ay magbibigay wakas ng anumang legal na batayan para sa pananakop na dating angkin ng mga naturang ahensya sa naturang mga lugar.

j) Pagbibigay ng Katibayan ng Pagkilala sa Lupaing Ninuno.— Ang mga lupaing ninuno ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na pormal nang natukoy/nasukat ng PKKP/NCIP ay gagawaran ng Katibayan ng Pagkilala sa Lupaing Ninuno (CADT) sa pangalan ng kaukulang pamayanan, na naglalaman ng listahan ng lahat ng mga natukoy sa sensus; at

k) Pagpapatala ng Katibayan ng Pagkilala sa Lupaing Ninuno.— Itatala ng PKKP/NCIP ang mga naibigay na titulo sa lupaing ninuno (CADT) at mga katibayan ng pagkilala sa mga lupang ninuno sa Tanggapan ng Patalaan ng mga Titulo/Ariarian ng lugar na kung saan matatagpuan ang lupain.

**SEK. 53.** *Pagtukoy/Pagsukat at Katibayan ng Pagkilala sa mga Lupang Ninuno.*— a) Ang pagbabahagi ng mga kalupaan sa loob ng anumang lupaing ninuno at pagkakaloob ng mga

bahagi nito sa isang tao o katutubong samahang nag-aangkin ay ibibigay sa kaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan upang pagpasyahan ng naayon sa kaugalian at pinagkaugalian.

b) Ang isang tao o mga samahan ng katutubong nag-aangkin ng lupang ninuno na wala sa loob ng lupaing ninuno, ay maaaring pormal na patunayan ang kanilang pag-aangkin sa pamamagitan ng pagpapatala ng kanilang mga kahilingan sa pagtukoy at pagsusukat sa Tanggapan para sa Lupaing Ninuno. Ang isang tao o kinikilalang pinuno ng pamilya o angkan ay maaaring magpatala ng kanilang kahilingan sa kaniyang pangalan o sa ngalan ng kaniyang pamilya o angkan, ayon sa ayos ng pagkakasunod-sunod;

c) Ang talaan ng kahilingan o *application form* ay kailangang may kasamang mga patunay ng nasabing pag-aangkin na may kasamang sinumpaang salaysay ng mga nakatatanda sa pamayanan at iba pang mga dokumentong tuwiran o di-tuwirang nagpatunay sa pagmamay-ari o paninirahan o paninirahan sa mga lugar simula sa panahong hanggang abot ng alaala ay pagmamay-ari o pag-aangkin bilang may-ari ng isang tao o samahan ng mga tao ang naturang mga lugar, na maaaring alin man sa mga tunay na dokumentong inisa-isa sa Sek. 52 (d) ng batas na ito, kasama ang mga pahayag sa buwis at patunay ng mga pagbabayad ng buwis;

d) Ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay maaaring humingi mula sa bawat isang nag-aangkin ng lupang ninuno na magbigay ng iba pang mga dokumento, mga sinumpaang salaysay at iba pang katulad, na sa palagay nito ay maaaring makapagbigay linaw sa katotohanan ng mga nilalaman ng kahilingan/pag-aangkin;

e) Pagkatanggap ng kahilingan para sa pagtukoy/pagsukat at pagkilala ng pag-aangkin sa lupang ninuno, ilalathala ng Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ang kahilingan at isang sipi ng bawat dokumentong ibinigay kasama ang sipi ng nakasalin sa katutubong wika ng mga kinaaukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa isang lantad na lugar ng hindi bababa sa

labinlimang (15) araw. Ang sipi ng dokumento ay ipalalagay din sa mga tanggapan panlokal, panlalawigan at panrehiyon ng PKKP/NCIP at ipalalathala sa isang pahayagang may malawak na sirkulasyon minsan isang linggo sa loob ng dalawang (2) magkakasunod na linggo upang bigyan ng pagkakataon ang ibang nag-aangkin na makapagbigay ng pagtutol. Sa kondisyon, Na sa mga lugar na walang pahayagan, ang pagbabalita sa istasyon ng radio ay sapat nang kapalit. Sa karagdagang kondisyon, Na kahit ang pagdidikit lamang ay maituturing nang sapat kung parehong pahayagan at istasyon ng radyo ay hindi magamit.

f) Labinlimang (15) araw mula sa araw ng paglalathala, ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay magsisiyasat at magsusuri ng bawat isang kahilingan, at kung makikitang karapat-dapat, ay mag-uutos ng pagsukat sa bahagi ng lugar na inaangkin. Ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay tatanggi sa anumang pagaangkin na ipinapalagay nitong mali o may daya matapos ang pagsisiyasat at pagpapatunay. Sa kalagayan ng di pagtanggap, ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay magbibigay sa humihiling ng kaukulang pabatid, na may sipi ang lahat ng kinauukulan ng dokumento na naglalaman ng mga dahilan sa pagtanggap. Ang di pagkakatanggap ay maaaring i-apela sa PKKP/NCIP. Sa kalagayan ng magkatunggaling panig at tutulungan silang magkaroon ng panimulang pagsasaayos sa hidwaan, ng walang pagtatanggi upang ganap itong maghukom nang naaayon sa itinatadhana ng Sek. 62 ng batas na ito. Sa lahat ng usaping/pandinig sa pagtukoy/pagsukat ng mga lupaing ninuno na tinutukoy dito, ang Patnugot ng mga Lupa (Director of the Lands Management Bureau) ang kakatawan sa kapakanan ng Republika ng Pilipinas;

g) Ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay maghahanda at magbibigay ng ulat sa bawat isa at lahat ng mga kahilingan na natukoy at nasukat sa PKKP/NCIP na kung sino naman ang magtatamasa ng mga ulat na ibinigay. Kung nakita ng PKKP/NCIP na ng mga kahilingan sa pag-aangkin ay karapat-dapat, ito ay magbibigay ng isang Katibayang Pagkilala sa Lupaing Ninuno (CALT), na nagpapahayag at nagpapatunay ng pag-aangkin ng isang tao o korporasyon (pamilya o angkan) sa mga lupaing ninuno.

**SEK. 54.** *Mga Mapanlinlang na Pag-aangkin.*— Ang Tanggapan para sa Lupaing Ninuno ay maaari, sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan mula sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan, na aralin muli ang umiiral na mga pag-aangkin na maaaring mapanlinlang na nakamit ng, at ibinigay sa, sinumang tao o pamayanan at ito ay maaaring ipawalang-bisa ng PKKP/NCIP matapos ang naaayong babala at pagdinig sa lahat ng panig na nasasangkot.

**SEK. 55.** *Mga Karapatang Komunal.*— Sang-ayon sa pasubaling nakasaad sa SEK. 56 ng batas na ito, ang mga lugar sa loob ng lupaing ninuno, natukoy/nasukat man ito o hindi, ay ipinapalagay na pinamamalagiang komunal o pampamayanan: Sa kondisyon, na ang karapatang komunal sa ilalim ng batas na ito ay hindi ipapakahulugan bilang Komunidad sa Mga Ari-arian (Co-ownership) na itinatadhana sa Batas ng Republika Blg. 386, na kilala sa tawag na Bagong Kodigo Sibil ng Pilipinas.

**SEK. 56.** *Umiiral na mga Sistema/Rehimen sa Pagmamay-ari at Ari-arian.*— Ang mga karapatan sa pagmamay-ari sa loob ng mga lupaing ninuno na umiiral at/o kinikilala nabago pa magkabisa ang batas na ito ay kikilalanin at igagalang.

**SEK. 57.** *Mga Likas na Yaman sa loob ng Lupaing Ninuno.*— Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may natatanging karapatan sa pag-aani, pagkuha, pagpapaunlad o paggamit ng anumang likas na yaman sa loob ng mga lupaing ninuno. Ang di kasapi ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay maaaring payagan na makibahagi sa pagpapaunlad at paggamit ng mga likas na yaman sa loob ng panahong hindi bababa sa dalawampu't limang (25) taon: Sa kondisyon, Na ang isang pormal at nakasulat na kasunduan ay isasagawa ng kinauukulang Katutubong Pamayanan Kultural/Katutubong Pamayanan o ng isang pamayanan, alinsunod sa sarili nitong kaparaanan sa pagpapasya, na nagsasaad na siya ay sumasang-ayong pahintu-lutan ang ganoong pagkilos: Sa kondisyong panghuli, na ang PKKP/NCIP ay maaaring gamitin ang mga kapangyarihan sa pagdalaw (visitorial powers) at gumawa ng angkop na hakbang upang mapangalagaan ang karapatan ng mga Katutubong Pamayanan Kulutral/ Katutubong Pamayanan sa ilalim ng ganitong mga kasunduan.



**SEK. 58.** *Mga Pagsasa-alang-alang sa Kapaligiran.*— Ang mga lupaing ninuno o bahagi nito, na mahalaga bilang maselan na tubig-himpilan (*watershed*), mga bakawan (*mangroves*), mga kanlungan ng buhay ilang, pinangangalagaang lugar natukoy ng mga angkop na ahensya nang may ganap na pakikilahok ng mga Katutubong Pamayanan Kultural/Katutubong Pamayanan ay pananatilihin, pamamahalaan at pauunlarin nang may ganap at mahusay na tulong ang mga ahensyang pampamahalaan. Kung pagpapasyahan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na isalin ang pananagutan sa mga nasabing lugar, ang naturang pasya ay dapat nakasulat. Ang pahintulot ng Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay dapat ginawa ayon sa kanilang mga katutubong batas na walang kapinsalaan sa mga batayang pangangailangan ng umiiral na batas sa malaya, nauuna at malinang na paghintulot; Datapwa't, ang pagsasalin ay pansamantala lamang at sa katapusan ay mababalik sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ayon sa isang programa para sa pagsasalin ng teknolohiya: Sa karagdagang kondisyon, Na walang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ang maaalis o maililikas dahil sa layuning inisaisa sa ilalim ng seksiyon na ito nang walang nakasulat na pahintulot ang tiyak na taong binigyan ng kapangyarihan na magbigay ng pahintulot.

**SEK. 59.** *Mga Itinatadhana Bago ang Pagbibigay ng Katibayan.*— Lahat ng kagawaran ng iba pang pampamahalaang ahensya simula ngayon ay mahigpit na pinagbabawalang magbigay, mag-ulit/magpanibago (*renew*) o magpahintulot ng anumang konsesyon, lisensya o paupa, o pumasok sa isang kasunduan sa pagbabahaginan sa produksyon, nang walang naunang katibayan mula sa PKKP/NCIP na ang maaapektuhang lugar ay hindi sumasanib sa alinmang lupaing ninuno. Ang nasabing katibayan ay ibibigay lamang matapos ang isang aktwal na pagsisyasat na isinagawa ng Tanggapan sa Lupaing Ninuno sa kinauukulang lugar: Sa kondisyon, Na walang katibayang ibibigay ang PKKP/NCIP nang walang malaya, nauuna at malinang nakasulat na pahintulot ang kinauukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan; Sa karagdagang kondisyon, Na walang kagawaran, pampamahalaang ahensya o samahan sa kalakal na pagmamayari o pinamamahalaan ng pammahalaan ang maaaring magbigay ng bagong konsesyon, pahintulot o kasunduan sa pagbabahaginan sa produksyon habang mayroong nakabinbing na kahilingan para sa katibayan sa Pagmamay-ari sa Lupaing Ninuno: Sa huling kondisyon, Na ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay

may karapatang pigilin o ipatigil, nang naaayon sa batas na ito, ang anumang proyektong hindi nakasunod sa mga kinakailangang pamamaraan ng pagsangguni nito.

**SEK. 60.** *Hindi Kasama sa Pagbubuwis.*— Lahat ng lupang pinatitibayang lupaing ninuno ay hindi kasama sa pagbabayad ng amilyar o *real property tax*, natatanging pagbubuwis, at iba pang anyo ng paniningil maliban sa mga bahaging lupaing ninuno na sadyang ginagamit sa pangmalawakang agrikultura, pangkomersyal na pagtatanim sa kagubatan at sa layuning paninirahan o may titulo na nakapangalan sa pribadong tao. Sa kondisyon, na lahat ng paniningil ay gagamitin upang mapaayos ang pagpapaunlad ng mga lupaing ninuno.

**SEK. 61.** *Pansamantalang Kapangyarihan sa Paghingi ng Tulong.*— Hangga't hindi natatag ang isang institusyong may kakayanan sa pagsusukat ng lupain, at mabisang makakaganap sa mga tungkuling nabanggit sa itaas, ngunit kahit kailan ay hindi lalampas ng tatlong (3) taon matapos ang pagsasabatas nito, ang PKKP/NCIP ay bibigyan ng kapangyarihan na hilingin sa pangkat na nagsasurbey ng Kagawaran sa Kapaligiran at Likas na Yaman gayundin ang iba pang kasing husay na mga pangkat na nagsasurbey, sa pamamagitan ng isang memorandum ng Kasunduan, na tukuyin/sukatin ang mga paligid ng lupaing ninuno. Ang Kalihang ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman ay magbibigay ng hinihiling na kawani, sa loob ng isang (1) buwan matapos matanggap ang kahilingan ng PKKP/NCIP: Sa kondisyon, Na isasaad sa Memorandum ng Kasunduan, kasama ang iba pa, ang probisyon ng pagsasalin ng kaalamang teknolohiya sa PKKP/NCIP.

**SEK. 62.** *Pag-aayos ng mga Hidwaan.* — Sa oras na o kapag may magkasalungat na interes sa lupa, at kung saan may magkalabang pag-aangkin sa loob ng mga lupaing ninuno na natukoy/nakasukat at nakamapa sa isang *survey plan*, na hindi malutas, didinggin at dedesisyunan ng PKKP/NCIP ang usapin o hidwaan na nagmula sa pagtukoy at pagsukat ng lupaing ninuno, matapos ang karampatang pagbibigay-alam sa magkabilang panig: Sa kondisyon, Na kung ang hidwaan ay sa pagitan at/o sila mismong mga Katutubong Pamayananang Kultura/Katutubong Pamayanan hinggil sa tradisyunal na hangganan ng kani-kanilang mga lupaing ninuno, ang katutubong pamamaraan ang susundin. Ang PKKP/NCIP ay magpapahayag ng kinakailangang mga tuntunin at regulasyon upang maipatupad ang kanyang gampanin sa pag-aayos ng hidwaan: Sa

karagdagang kondisyon, Na anumang pasya, kautusan, gawad o hatol ng PKKP/NCIP sa anumang hidwaan sa lupaing ninuno o anumang bagay na may kaugnayan sa kahilingan, pagsasagawa, pagpapairal at pagpapakahulugan sa batas na ito ay maaring ihain bilang *Petition for Review* sa Korte ng Apela (Court of Appeals) sa loob ng labinglimang (15) araw mula sa pagkatanggap ng sipi ng gawad o hatol na nabanggit.

**SEK. 63.** *Nararapat ng mga Batas.*— Ang mga kinaugaliang/katutubong batas, mga pinagkaugalian at kinasanayan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa mga lupa kung saan ang hidwaan ay nagmula ay siya munang gagamitin sa mga usapin ukol sa paggalang sa mga karapatan sa ari-arian, mga pag-aangkin, pagmamay-ari, mga pagkakasunod-sunod na mana at pagsasaayos ng mga hidwaan sa lupa. Anumang pag-aalinlangan o kalabuan sa pagpapairal at pagbibigay ng kahulugan sa mga batas ay lutasin sa kapakinabangan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan.

**SEK. 64.** *Mga Hakbang Panlunas.*— Ang sapilitang pagbawi o *expropriation* ay mapipili-tang gamitin sa paglutas ng mga tunggalian sa interes na sinusunod ang panuntunang “kabutihán sa nakararami.” Ang PKKP/NCIP ay gagawa ng nararapat na legal na hakbang upang ipawalang-bisa ang mga titulong opisyal na nakatala ngunit nakamit sa hindi legal na paraan: Sa kondisyon, Na ang gayong pamamaraan ay titiyak na ang mga karapatan ng matuwid na may-ari ay igagalang: Sa karagdagang kondisyon, Na ang mga hakbang para sa pagpapawalang-bisa ay gagawin sa loob ng dalawang (2) taon mula sa pagkakabisa ng batas na ito: Sa katapusang kondisyon, Na ang mga hakbang sa pagsasauli o *reconveyance* ay isasagawa sa loob ng sampung (10) taon sang-ayon sa mga umiiral na batas.

**KABANATA IX:  
HURISDIKSYON AT MGA PAMAMARAAN SA PAGTUTUPAD  
NG MGA KARAPATAN**

**SEK. 65.** *Pagiging Pangunahin ng mga Kinaugaliang/Katutubong Batas at mga Kasanayan.*— Ang mga hidwaan sa pagitan ng mga kapwa Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay lulutasin sa pamamagitan ng kinaugaliang/katutubong batas at kasanayan.

**SEK. 66.** *Hurisdiksyon ng PKKP/NCIP.*— Ang PKKP/NCIP, sa pamamagitan ng kanyang mga Tanggaping Panrehiyon ang may tanging hurisdiksyon o kapangyarihan sa lahat ng mga pag-aangkin at hidwaan na tungkol sa mga karapatan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan. Dahil dito, walang hidwaang idudulog sa PKKP/NCIP maliban kung ang magkabilang panig ay naubusan na ng lahat na kaparaanan ng panlunas na itinatadhana sa ilalim ng kanilang mga kinaugaliang katutubong batas. Sa katuparan ng layuning ito, gagawa ng isang katibayan ang Kapulungan ng mga Nakatatanda/Pinuno ng tribo na lumahok sa pagtatangkang maayos ang hidwaang hindi rin nalutas, na ang katibayan ay isang kondisyon bago ang paghahain ng petisyon sa PKKP/NCIP maliban kung ang magkabilang panig ay naubusan na ng lahat nakaparaanan ng panlunas na itinatadhana sa ilalim ng kanilang mga kinaugaliang/katutubong batas. Sa katuparan ng layuning ito, gagawa ng isang katibayan ang Kapulungan ng mga Nakakatanda/Pinuno ng tribo na lumahok sa pagtatangkang maayos ang hidwaang hindi rin nalutas, na ang katibayan ay isang kondisyon bago ang paghahain ng petisyon sa PKKP/NCIP.

**SEK. 67.** *Pag-apela sa Korte ng Apela.*— Ang mga kapasyahan ng PKKP/NCIP ay maaaring habulin sa Korte ng Apela sa pamamagitan ng isang *Petition for Review*.

**SEK. 68.** *Pagpapatupad ng mga Pasya, Gawad, at Kautusan.*— Sakaling sa pagtatapos ng panahong nakatadhana dito, walang paghahabol mula sa sinuman sa magkatunggaling panig, ang Opisyal sa Pagdinig ng PKKP/NCIP, sa sarili nitong pagkukusa o mula sa kahalilingan ng isang panig, ay magbibigay ng isang *writ of execution* na nag-aatas sa *sheriff* o

nararapat na opisyal na ipatupad ang pangwakas na pagpapasya, kautusan o gawad ng Panrehiyong Opisyal sa Pagdinig ng PKP/NCIP.

**SEK. 69.** *Mala-hukumang Kapangyarihan ng PKKP/NCIP.*— Ang PKKP/NCIP ay mayroong sumusunod na mga lakas at kapangyarihan: a) Magpahayag ng mga tuntunin at kautusan na sumasaklaw sa pagdinig at pag-aayos sa mga kasong inihain dito gayundin ang ibang may kaugnayan sa mga panloob na tungkulin at mga kautusan at alituntunin na maaaring kailanganin sa pagpapatupad ng mga layunin ng batas na ito;

b) Mamamahala ng mga sinumpaang salaysay, tawagin ang mga panig na may hidwaan, maglabas ng mga *subpoena* na nangangailangan ng pagdalo at pahayag ng mga saksi o paggawa ng mga aklat, kasulatan, kontrata, talaan, kasunduan at iba pang kasulatang may katulad na katangian na maaaring mahalaga sa makatarungang pagpapasya sa mga bagay na isinasailalim sa pagsusuri o pagdinig na ginagawa sa pagsasakatuparan ng batas na ito;

c) Pigilin ang sinumang taong nanghamak o lumapastangan sa hukuman, tuwiran man o hindi, at magpataw ng kaukulang parusa para dito;

d) Ipatigil ang alinman o lahat ng mga batas na may kaugnayan o nagmula sa anumang kasong nakasampa dito kung saan, kung hindi kagyat na mapipigilan, ay maaaring magdulot ng maselan at di mapagtatakpang pinsala sa alinmang panig sa kaso o malubhang maaapektuhan ang gawaing panlipunan at pangkabuhayan.

**SEK. 70.** *Pansamantalang Utos sa Pagpigil (Restraining Order) o Preliminary Injunction.*— Walang mababang hukuman sa Pilipinas ang magkakaroon ng kapangyarihan na magpalabas ng anumang kautusan na nagpipigil (restraining order) o kasulatan sa panimulang kautusan (writ of preliminary injunction) laban sa PKKP/NCIP o alinmang kaso, hidwaan o pagtatalong nagmula, o kailangan sa pagpapakahulugan sa batas na ito at iba pang mga kaugnay na batas hinggil sa mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at sa lupang ninuno.

## KABANATA X: PONDO PARA SA LUPAING NINUNO

**SEK. 71. *Pondo para sa Lupaing Ninuno.***— Sa pamamagitan nito ay bubuuin ang isang natatanging pondo, na makikilala bilang Pondo para sa Lupaing Ninuno, ang panimulang halaga na Isang Daan at Tatlumpong Milyong Piso (₱130,000,000) ay itatalaga upang mabayaran ang mga lupang binawi, ang pagtukoy at pagsukat at pagpapaunlad sa lupaing ninuno. Ang halagang Limampung Milyong Piso (₱50,000,000) ay magmula sa kinita (gross income) ng Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) mula sa operasyon ng lotto, Sampung Milyong Piso (₱10,000,000) mula sa mga tinanggap na buwis (gross receipt) na ipinataw sa mga manlalakbay ng nakaraang taon, ang pondo ng Konseho sa Panlipunang Pagbabago (Social Reform Council) na nakalaan sa surbey at pagsusukat ng mga lupa/lupaing ninuno, at iba pang mapagkukunan na maituturing ng pamahalaan na naaangkop. Pagkatapos nito, ang nasabing pondo ay isasama na sa taunang Pangkalahatang Batas sa Paglalaan ng Gugulin (General Appropriations Act). Ang mga pondong nagmula sa ibang bansa at pati na rin sa lokal na pinagkalooban o iginawad para sa Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa pamamagitan ng pamahalaan ng Pilipinas ay padadaanin sa PKKP/NCIP. Ang PKKP/NCIP ay maaaring mangalap at tumanggap ng mga donasyon, kaloob (endowments), at gawaran (grants) sa anyo ng mga kontribusyon, at ang mga nasabing kaloob ay hindi papatawan ng buwis mula sa *income tax* o *gift tax* at iba pang mga buwis, mga singil o butaw na ipinapataw ng pamahalaan o anumang pampulitikang bahagi o mga ahensya nito.

## KABANATA XI: MGA KAPARUSAHAN

**SEK. 72.** *Mga Gawaing May Parusa at iba pang Naaangkop na mga Multa.*— Sinumang tao na lumabag sa alinmang itinatadhana ng batas na ito, katulad ng, subalit hindi limitado sa, walang pahintulot at/o labag sa batas na panghihimasok sa alinmang lupa o lupaing ninuno katulad ng nakasaad sa SEK. 21 at 24 Kabanata V, SEK. 33 Kabanata VI dito, ay mapaparusahan nang naaayon sa mga katutubong batas ng kaukulang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan: Sa kondisyon, Na ang parusa ay hindi maaaring ipataw ang parusang kamatayan o pagbabayad ng sobra-sobrang multa. Ang probisyong ito ay walang pagtatangi sa karapatan ng anumang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan na makinabang sa pangangalaga ng mga umiiral na batas. Sa anumang kalagayan, sinumang tao na lumabag sa alinmang itinatadhana ng batas na ito, kung mapapatunayang nagkasala ay mapaparusahan ng pagkaka-bilanggo ng hindi bababa sa siyam (9) na buwan at hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan o pagmumultahin ng hindi bababa sa Isandaang Libong Piso (₱100,000,000) o hindi lalampas sa Limangdaang Libong Piso (₱500,000,000) o parehong multa at pagkakabilanggo kung pinagpasyahan ng hukuman. Dagdag dito, siya ay pipiliting magbayad sa kinauukulang Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ng anumang pinsalang dinanas ng huli bilang kinalabasan ng ginawang paglabag sa batas.

**SEK. 73.** *Mga Taong Maaaring Mapatawan ng Parusa.*— Kung ang lumabag ay katauhang huridikal (juridical person), lahat ng pamunuan nito, katulad ng, ngunit hindi limitado sa kaniyang pangulo, tagapamahala, o punong tagapagpaganap na responsable sa kanilang paglabag sa batas ay papatawan ng parusang kriminal, dagdag pa dito ang pagbawi sa kanilang lisensya o katibayan ng pagpaparehistro: Sa kondisyon, Na kung ang lumabag ay isang opisyal ng pamahalaan, kasama na ipapataw ang kaparusahang panghabangbuhay na diskuwalipikasyon na humawak ng pampublikong tanggapan.

**KABANATA XII:  
PAGSASANIB NG TANGGAPAN PARA SA TAGA-HILAGANG  
KATUTUBONG PAMAYANAN (ONCC) AT TANGGAPAN PARA SA  
TAGA-TIMOG NA KATUTUBONG PAMAYANAN (OSCC)**

**SEK. 74. *Pagsasanib ng ONCC at OSCC.***— Ang Tanggapan para sa Taga-Hilagang Katutubong Pamayanan (ONCC) at Tanggapan para sa Taga-Timog na Katutubong Pamayanan (OSCC), na nilikha sa ilalim ng Pampangasiwaang Utos Blg. 122B at 122C, ayon sa pagkakabanggit, ay pinagsasanib bilang mga tanggapang organiko ng PKKP/NCIP at magpapatuloy na gagampanan sa ilalim ng pinasigla at pinalakas na katayuan upang makamtan ang mga layunin ng PKKP/NCIP: Sa kondisyon, Na ang mga posisyon ng Puno ng mga Kawani, Mga Patnugot sa Kawanihan, Kinatawan ng Punong Tagapagpaganap maliban sa posisyon ng Panrehiyong Tagapagpaganap at mas mababa pa dito, ay inaalís na mula sa pagkakabisa ng batas na ito: Sa kondisyon pa, Na ang mga opisyal at kawani ng mga inalis na mga tanggapan na may kakayahan ay maaaring humiling para muling italaga sa PKKP/NCIP at maaaring bigyan ng pangunang karapatan sa pagbubuo ng mga bagong gawang posisyon, nang naaayon sa mga katangiang itatalaga ng Komite sa Pagtatakda (Placement Committee): Sa karagdagang kondisyon, Na sa pangyayari kung saan ang isang katutubo at isang di katutubo na may magkatulad na katangian ang magprisinta sa parehong posisyon, bibigyan ng prayoridad ang katutubo. Ang mga opisyaes at kawani na aalisin bunga ng pagsasanib ng mga tanggapang ito ay bibigyan ng karapatan sa pabuya sa halagang katumbas ng isa at kalahating (1½) buwang sahod sa bawat taon ng tuloy-tuloy na nakalulugod na paglilingkod o ang katumbas sa pinakamalapit na praksyon nito na paborable sa kanila batay sa pinakamataas na sahod na natanggap. Kung sila ay mayroon nang karapatan na tumanggap ng mga kabayaran o pabuya sa pagreretiro at pag-alis, sila ay may layang mamili alinman sa mga benepisyó sa pagreretiro sa trabaho o pabuyang ibinibigay sa mga umalis na kawani katulad ng nakasaad dito. Ang mga opisyal at kawani na maaaring maibalik sa dating tungkulin ay kailangang isauli ang natanggap na benepisyó sa pagreretiro sa trabaho o pabuyang ibinigay sa umalis na kawani: Sa huling kondisyon, Na ang mga tinanggap na kawani ay kailanganag makapasa sa katangian at pamantayang itinatalaga sa Serbisiyong Sibil (Civil Service) at ng Komite sa Pagtatakda ng Kawani (Placement Committee) na binuo dito.



**SEK. 75. *Panahon sa Paglilipat.***— Ang ONCC at OSCC ay binibigyan ng anim (6) na buwan mula sa pagkakabisa ng batas na ito upang tapusin ang kanilang mga gawain at gumawa ang awdit sa mga pera nito.

**SEK. 76. *Pagsasalin ng mga Pagmamay-ari at Kagamitan.***— Lahat ng mga tunay at personal na pagmamay-ari, o ari-arian ng pinagsanib na mga tanggapang binanggit ay isasalin sa PKKP/NCIP na hindi na kinakailangan ng pagsasabi, pagsasalin at paglilipat ng titulo at gagawin sa parehong dahilan katulad ng pagtatago sa mga iyon sa dating tanggapan. Sa kondisyon, Na lahat ng mga kontrata, talaan at dokumentong may kaugnayan sa pagpapalakad ng mga pinagsanib na mga tanggapan ay isasalin sa PKKP/NCIP. Lahat ng mga kasunduan at kontratang papasukin ng pinagsanib na tanggapan ay mananatiling may lakas at bisa maliban kung tinatapos na, binago o sinusugan ng PKKP/NCIP.

**SEK. 77. *Komite sa Pagtatakda ng Kawani.***— Ayon sa mga tuntunin ng muling pagbabalangkas ng pamahalaan, isang Komite sa Pagtatakda ng Kawani ang bubuuin ng PKKP/NCIP, sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon sa Paglilingkod Sibil (Civil Service Commission), na tutulong sa makatarungang pagpili at paglalagay ng mga tauhan upang ang pinakama-husay at pinakakarapat-dapat na mga tao ang maitatalaga sa muling binagong ahensya. Ang Komite sa Pagtatakda ng Kawani ay bubuuin ng pitong (7) Komisyoner at isang katu-tubong kinatawan mula sa una at pangalawang bahagdan ng samahan ng mga kawani sa OSCC at ONCC, mga samahang di pampamahalaan na nakapaglingkod sa pamayanan nang hindi bababa sa limang (5) taon at mga samahang pantao na nabubuhay nang hindi bababa sa limang (5) taon. Sila ay gagabayan ng pamantayan ng pagpapanatili at pag-tatalaga na gagawin ng lupong sanggunian o *consultative body* at ng kaukulang pro-bisyon ng batas sa paglilingkod sibil.

## KABANATA XIII: PANGWAKAS NA MGA PROBISYON

**SEK. 78.** *Mga Natatanging Probisyon.*— Ang Lungsod ng Baguio ay mananatili sa ilalim ng Batas na lumikha sa kanya. Ang lahat ng mga kalupaang ipinahayag bilang bahagi ng *townsite reservation* ay mananatiling gayon hanggang hindi binabago ang uri ng angkop na batas: Sa kondisyon, Na ang naunang karapatan sa lupa at titulong kinikilala at/o nakuha sa pamamagitan ng anumang paghukom at pamamahala at iba pang pamamaraan bago magkabisa ang batas na ito ay mananatiling may bisa: Sa karagdagang kondisyon, Na hindi isasama sa tadhanang ito ang anumang lugar na naging bahagi ng Baguio bago magkabisa ang batas na ito.

**SEK. 79.** *Pagpopondo.*— Ang halagang kinakailangan upang tustusan ang unang pagpapatupad ng batas na ito ay magmumula sa kasalukuyang laang gugulin ng ONCC at OSCC. Matapos ito, ang halagang kinakailangan para sa patuloy na pagpapatupad ng batas na ito ay isasama sa taunang Pangkalahatang Batas sa Laang-Gugulin.

**SEK. 80.** *Pagpapatupad ng mga Tuntunin at Regulasyon.*— Sa loob ng animnapung (60) araw matapos ang paghirang, ang PKK/NCIP ay gagawa ng kinakailangang mga alituntunin at regulasyon (IRR), sa pakikipagsangguni sa mga Komite sa Pambansang Katutubong Pamayanan sa Mababang Kapulungan at sa Senado para sa mabisang pagpapatupad ng batas na ito.

**SEK. 81.** *Pangligtas na Sugnay.*— Hindi maaapektuhan ng batas na ito sa anumang paraan ang mga karapatan at kapakipakinabangan ng mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan sa ilalim ng ibang kumbensyon, mga mungkahi, pandaigdigang kasunduan, pambansang batas, gawad, kaugalian, at kasunduan.

**SEK. 82.** *Sugnay na Nahihwalay.*— Sa pagkakataon na alinman sa itinatadhana ng batas na ito o alinmang bahagi dito ay isinaad na hindi sang-ayon sa Saligang Batas ng isang may kakayahang hukuman, ang ibang probisyon ay hindi maaapektuhan.

**SEK. 83.** *Sugnay na Nagpapawalang-bisa.*— Ang Panguluhang Utos Blg. 410, Pampangasiwaang Utos Blg. 122B at 122C, at lahat ng iba pang mga batas, utos, tun-tunin, at kautusan o mga bahagi nito na salungat sa batas na ito ay ipinapawalang-bisa o binabago nang naayon dito.

**SEK. 84.** Sugnay ng *Pagkakabisa.*— Magkakabisa ang batas na ito pagkaraan ng labinglimang (15) araw kasunod ng kompletong pagkakatathala nito sa Official Gazette o dalawang (2) pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon.

**PINAGTIBAY,**

**JOSE DE VENECIA, JR.**

Ispiker ng Mababang Kapulungan

**ERNESTO M. MACEDA**

Pangulo ng Senado

Ang batas na ito ay kasama ng Batas Senado Blg. 1728 at Batas ng Mababang Kapulungan Blg. 9125 ay pinal na pinagtibay ng Senado at Mababang Kapulungan noong Ika-22 ng Oktobre, 1997.

**ROBERTO P. NAZARENO**

Pangkalahatang Kalihim  
Mababang Kapulungan


**LORENZO P. LEYNES, JR.**

Kalihim ng Senado

**PINAGTIBAY: IKA-29 NG OKTUBRE, 1997**

**FIDEL V. RAMOS**

Pangulo ng Pilipinas

A close-up photograph of a woman with dark hair, wearing a light-colored, draped garment and a dark necklace, breastfeeding an infant. The woman is looking down at the baby with a focused expression. The background is slightly blurred, showing a village setting with thatched-roof huts and other people. A semi-transparent purple banner with a decorative pattern is overlaid at the bottom of the image.

**Magna Carta ng Kababaihan**  
***Batas Republika Blg. 9710***

## MGA KABANATA

- I— Mga Pangkalahatang Probisyon **69**
- II— Kahulugan ng mga Termino **72**
- III— Mga Tungkuling May Kaugnayan sa Karapatang Pantao at Kababaihan **79**
- IV— Mga Karapatan at Pagbibigay— lakas **80**
- V— Mga Karapatan at Pagbibigay-lakas sa Marginalisadong Sektor **91**
- VI — Mga Mekanismo ng Pamahalaan **101**

Republika ng Pilipinas

Kongreso ng Pilipinas

Metro Manila

Ikalabing-apat ng Kongreso

Ikalawang Regular na Sesyon

Sinimulan at idinaos sa Metro Manila, Lunes,

Dalawampu't walo ng Hulyo, dalawanlibo't walo.

**BATAS REPUBLIKA BLG. 9710**

**BATAS NA NAGTATADHANA SA MAGNA CARTA NG KABABAIHAN**

Pagtibayin ng nagtipon na Senado at Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas:

## KABANATA I: PANGKALAHATANG PROBISYON

**SEKSIYON. 1.** *Maikling Pamagat.*— Ang batas na ito ay kikilalaning “Magna Carta ng Kababaihan.”

**SEK. 2.** *Pagpapahayag ng Patakaran.*— Kinikilala na ang kalagayang pangkabuhayan, politikal, at sosyo-kultural ay nakaapekto sa kasalukuyang kondisyon ng kababaihan. Kinikilala rin ng Estado ang tungkulin ng kababaihan sa pagpapatatag ng bansa at tinitiyak na pahahalagahan ang tunay na pagkakapantay-pantay sa kababaihan at kalalakihan. Itataguyod ang pagbibigay-lakas sa kababaihan, at pantay na oportunidad sa kababaihan at kalalakihan at titiyaking pantay silang makikinabang sa yaman at kaunlaran. Higit pa, upang magkaroon ng pagkakapantay-pantay ang kababaihan at kalalakihan kailangang buwagin ng Estado ang hindi pantay na estruktura at gawi na nagpapanatili ng diskriminasyon at kawalan ng pagkakapantay-pantay. Upang maisakatuparan ito, dapat bumuo ang Estado ng mga plano, patakaran, programa, hakbang, at mekanismo na tutugon sa diskriminasyon at kawalan ng pagkakapantay-pantay sa kabuhayan, politikal, panlipunan, at kultural na pamumuhay ng kababaihan at kalalakihan.

Tinutuligsa ng Estado ang anumang anyo ng diskriminasyon sa kababaihan. Sa pamamagitan ng wastong paraan at walang pagkakaantala, itataguyod ang mga patakaran hinggil sa eliminasyon ng diskriminasyon sa kababaihan ayon sa Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW) at iba pang pandaigdigang patakaran na alinsunod sa batas ng Filipinas. Kailangang ipagkaloob ng Estado sa kababaihan ang karapatan, pangangalaga, at oportunidad na mayroon sa bawat mamamayan.

Pagtitibayin ng Estado ang karapatan ng kababaihan bilang karapatang pantao at paigtingin ang pagsisikap na gawin ang tungkulin alinsunod sa pandaigdig at lokal na batas upang makilala, igo, pangalagaan, tuparin at itaguyod ang lahat ng karapatang pantao at ang batayang kalayaan ng kababaihan, lalo na ng marginalisadong kababaihan, sa kabuhayan, lipunan, politika, kultura, at iba pang larangan, na walang pagtatanggi

o diskriminasyon dahil sa kanilang uri, edad, kasarian, wika, lipi, relihiyon, ideolohiya, kapansanan, edukasyon, at kalagayan.

Maglalaan ang Estado ng kinakailangang makinarya upang maipatupad ang karapatan ng kababaihan, at pagtitibayin at isasagawa ang lahat ng legal na hakbang na kailangan sa pagbubuo at pagtataguyod ng pantay na oportunidad upang makalahok ang kababaihan at makapag-ambag sa pagpapaunlad sa larangan ng politika, kabuhayan, lipunan, at kultura.

Upang matiyak na kabilang ang kapakanan ng kababaihan sa kasalukuyang pag-unlad, dapat magbigay ang Estado ng sapat na oportunidad upang maragdagan at mahasa ang kanilang kasanayan, magkaroon ng trabahong kapaki-pakinabang at makatulong sa kanilang mga pamilya at komunidad ayon sa abot ng kanilang kakayahan.

Alinsunod sa patakarang ito, pinagtitibay ng Estado ang karapatan ng kababaihan sa lahat ng sektor na makibahagi sa pagbuo ng patakaran, pagpapalano, pagbubuo, pagpapatupad, pamamahala, pagsubaybay, at pagtataya ng lahat ng programa, proyekto, at serbisyo. Susuportahan nito ang mga patakaran, pananaliksik, teknolohiya, at programa sa pag-sasanay at iba pang serbisyong panaguyod katulad ng pananalapi, produksiyon, at pag-bebenta upang makahikayat ng aktibong pakikilahok ng kababaihan para sa pambansang pag-unlad.

**SEK. 3. *Simulain sa Karapatang Pantao ng Kababaihan.*** — Ang karapatang pantao ay para sa lahat at hindi dapat ipagkabit. Karapatan ito ng lahat ng tao. Nakasaad sa Artikulo 1 ng Universal Declaration of Human Rights, na ang lahat ng tao ay malaya at pantay ang dangal at karapatan.

Ang mga karapatang pantao ay hindi maihihiwalay, likas ito sa dangal ng bawat tao, ito man ay may kaugnayan sa usaping sibil, pangkultura, pangkabuhayan, pampolitika, o panlipunan.

Magkakaugnay ang mga karapatang pantao. Ang pagtatamo ng isang karapatan ay nakasalalay sa kabuuan o sa bahagi, sa sandaling matamo ang iba pa.



Bilang tao, lahat ng indibidwal ay pantay dahil sa dangal na likas sa bawat isa. Samakatuwid, walang sinuman ang dapat makaranas ng diskriminasyon na batay sa lipi, kasarian, edad, wika, oryentasyong sekswal, lahi, kulay, relihiyon, politika, o iba pang opinion, nasyonalidad, lipunan, o pinagmulang lugar, kapansanan, ari -arian, kapanganakan, o iba pang kalagayang nabuo batay sa pamantayan ng karapatang pantao.

Lahat ay may karapatang lumahok at mabigyan ng impormasyon hinggil sa proseso ng pagdedesisyon na makaapekto sa kanilang buhay at kapakanan. Ang lapit na nakabatay sa karapatan ay nangangailangan ng maigting na pakikilahok ng mga pamayanan, lipunang sibil, minorya, kababaihan, kabataan, katutubo, at iba pang natukoy na pangkat.

Tungkulin ng mga Estado at ibang kinauukulang institusyon na ipatupad ang karapatang pantao. Kailangan nilang sundin ang mga pamantayang legal na nakasaad sa pandaigdigang kasulatan hinggil sa karapatang pantao na alinsunod sa Saligang Batas ng Pilipinas. Kapag hindi ito naisakatuparan, ang nakaranas ng kaapihan ay maaaring maghain ng petisyon sa korte o iba pang tagapamagitan para mabigyan ng angkop na solusyon alinsunod sa tuntunin at pamamaraan na nakatadhana sa batas.

## KABANATA II: KAHULUGAN NG MGA TERMINO

**SEK. 4. Kahulugan.**— Para sa layunin ng batas na ito, ang sumusunod na termino ay nangangahulugang:

(a) “Pagbibigay-lakas sa kababaihan” ay tumutukoy sa pagbibigay, pagkakaroon at may maipararating na oportunidad, serbisyo, at pagpapatupad ng karapatang pantao upang aktibong lumahok at mag-ambag ang kababaihan sa pagpapaunlad ng bansa sa politika, kabuhayan, lipunan at kultura, gayundin ang mabigyan sila ng pantay na karapatan sa pagmamay-ari, pamamahala, at kontrol sa produksyon, at makakuha ng sapat na materyal at impormasyon, at benepisyo sa pamilya, pamayanan, at lipunan.

(b) “Diskriminasyon sa Kababaihan” ay tumutukoy sa anumang pagtatangi, hindi pagbilang, o paglilimitang batay sa kasarian na may apekto o layuning pasamain o ipawalangsaysay ang pagkilala, kasiyahan, o gawain ng kababaihan, walang pagsasaalang-alang sa katayuang matrimonyal, na nakabatay sa pagkakapantay ng kalalakhian at kababaihan, sa karapatang pantao at batayang kalayaan sa politika, kabuhayan, lipunan, kultura, sibil, at iba pang larangan.

Kabilang dito ang anumang gawain o hindi pagsasama sa batas, patakaran, panukalang pampangasiwaan, o gawain, na tuwiran o di-tuwirang nag-aalis o nagbabawal sa kababaihan sa pagkilala at pagpapalaganap ng kanilang karapatan at makakuha at makatamasa ng oportunidad, benepisyo, o pribilehiyo.

Maituturing na diskriminasyon sa kababaihan ang isang hakbang o gawain na para sa lahat kung nabigo itong magtakda ng patakaran upang mapagaan o matugunan ang mga disbentahang batay sa kasarian o limitasyon ng kababaihan, na magreresulta sa pagtangi o pagtatakda ng pagkilala at pangangalaga sa karapatan ng kababaihan, pagkuha at pagtamasa ng oportunidad, benipisyo,

pribilehiyo; o dahil sa mga naturang hakbang, nagkaroon ito ng masamang epekto sa kababaihan, higit sa kalalakihan.

Sa pasubaling, ang diskriminasyon ay pinalalala o kasalikop ng iba pang saligan, kalagayan, o kondisyon, katulad ng lipi, edad, kahirapan, o relihiyon, ito ay kikilalang diskriminasyon sa kababaihan alinsunod sa batas na ito.

(c) “Marginalisasyon” ay tumutukoy sa kalagayan na ang isang pangkat ng tao ay hindi kabilang sa kapaki-pakinabang at makabuluhang pakikilahok sa politika, kabuhayan, lipunan, at kultura.

(d) “Marginalisado” tumutukoy sa pangunahin, mahihirap, mahihinang tao o pangkat na nakararanas ng kahirapan at walang tirahan, hindi nakatatamasa ng iba pang yaman, pangunahing serbisyong panlipunan at pangkabuhayan katulad ng pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, tubig at sanitasyon, oportunidad sa empleyo at kabuhayan, pabahay, katiwasayang panlipunan, pisikal na imprastruktura, at sistema ng katarungan.

Kabilang dito, pero hindi limitado sa kababaihan sa sumusunod na sektor at pangkat:

(1) “Maliliit na Magsasaka at Manggagawa sa Lalawigan” tumutukoy sa tuwiran o di-tuwirang nagtatrabaho sa maliliit na bukid at gubat, manggagawa sa komersyal na taniman at plantasyon, sila man ay regular o panahunag binabayaran o hindi. Kabilang sa mga ito, pero hindi limitado sa, (a) maliliit na magsasaka na nagmamay-ari o nagbabayad pa sa lupang hindi lalagpas sa tatlong (3) ektarya, nangungupahan, at naninilbihan; at (b) manggagawa sa lalawigan na may suweldo, may sariling pinagkakakitaan, manggagawa sa pamilya na walang suweldo na tuwirang nagtatrabaho sa agrikultura, maliit na minahan, *handicraft*, at iba pang gawaing may kaug-nayan sa pagtatanim at hindi pagtatanim.

(2) “Mangingisda” ay tumutukoy sa tuwiran o di-tuwirang nangunguha, nag-aalaga, o nagpoproseso ng isda o iba pang yamang-tubig. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa kababaihang mangingisda sa pambayang tubig, baybayin at dagat, kababaihang manggagawa sa komersyal ng

pangingisda at *aquaculture*, nagbebenta at nagpoproseso ng isda at produktong-dagat, at tagagawa ang ikinabubuhay, katulad ng namumulot ng kabibe, tagapamahala, at nagtatanim ng bakawan at iba pang kaugnay na gawain.

(3) “Maralitang Taga-Lungsod” ay tumutukoy sa mga naninirahan sa lungsod at urbanisadong lugar ng mahihirap, na mayroon o walang kaligtasan ang paninirahan, na ang kinikita ng pinuno ng pamilya ay hindi sapat para sustenidong maibigay ang pangunahing pangangailangan ng pamilya katulad ng pagkain, kalusugan, edukasyon, pabahay, at iba pang pangangailangan sa buhay.

(4) “Manggagawa sa Pormal na Ekonomiya” tumutukoy sa mga nagtatrabaho sa, sino man na tuwiran o hindi tuwirang gumaganap bilang employer na may kaugnay sa empleyado, at kabilang dito ang Estado, at lahat ng sangay, pangkat, at katuwang nito, lahat ng korporasyon at institusyong pag-aari at kontrolado ng Estado, gayundin ang pribadong institusyon o organisasyon na hindi pangkalakal;

(5) “Manggagawa sa Hindi Pormal na Ekonomiya” tumutukoy sa mga may sariling pinagkakakitaan, paminsan-minsan o personal na inuupahan, *sub-contracted*, nagtatrabaho nang may bayad o wala sa sariling negosyo ng pamilya, ito man ay korporasyon o hindi nakatalang korporasyon, kabilang din ang mga kasambahay, maliliit na negosyante at tagagawa, at may-ari ng maliit na tindahan at lahat ng iba pang pangkat na nakararanas ng paglabag sa karapatan ng manggagawa;

(6) “Migranteng Manggagawa” tumutukoy sa mga Filipinong nagtatrabaho, nagtatrabaho, o nagtrabaho, legal man o hindi sa isang pamahalaan o bansa na hindi sila legal na naninirahan.

(7) “Katutubong Mamamayan” ay tumutukoy sa grupo o isang lipunang kinikilala sa pamamagitan ng sariling pagkilala o *self-ascription* at pagkilala ng iba o *ascription by others*, na patuloy na namumuhay bilang organisadong pamayanang may tiyak na teritoryo at nagmamay-ari nito na noon

pa man ay nanirahan, at nagmamay-ari at gumamit sa naturang teritoryo; mayroong kaugalian, tradisyon, at iba pang natatanging kultural na katangian; naging iba ang kasaysayan mula sa karamihan ng mga Filipino dahil sa kanilang pagtutol sa politika, lipunan, at kultura ng mananakop, at sa relihiyon at kulturang hindi katutubo. Kabilang din ang mga mama-mayang itinuturing na katutubo dahil sa kanilang mga pinagnunuang nanirahan sa bansa sa panahon ng pananakop, o sa panahon ng pagpasok ng mga relihiyon at kulturang hindi katutubo, o sa pagtatakda sa kasalukuyang mga hangganan ng bansa; na pinananatili ang ilan o lahat ng kanilang institusyong panlipunan, pangkabuhayan pangkultura at pampulitika, bagaman maaaring napaalis sa lupaing ninuno katulad ng pagbibigay ng kahulugan sa SEK. 3 (h), Kabanata II ng Batas Republika Blg. 8371, o “Batas sa Karapatan ng Katutubong Mamamayan ng 1997” (IPRA ng 1997);

(8) “Moro” ay tumutukoy sa mga katutubong may pangkasaysayang paninirahan sa Mindanao, Palawan, at Sulu, at karamihan ay kabilang sa pananampalatayang Islam;

(9) “Mga Bata” ay tumutukoy sa mga may edad labingwalo (18) pababa o higit pa ngunit hindi kayang alagaan o protektahan ang kanilang sarili laban sa pang-aabuso, pagpapabaya, kalupitan, pagsasamantala, o diskriminasyon dahil sa kanilang kapansanan o kalagayang pisikal o mental;

(10) “Senior Citizen” ay tumutukoy sa mga may edad animnapu (60) at higit pa;

(11) “May Kapansanan” ay tumutukoy sa dumaranas ng limitasyon o kakaibang kakayahan upang makapagsagawa ng gawaing katulad ng karaniwan sa tao, bunga ng kahinaang mental, pisikal at pandama; at

(12) “Nag-iisang Magulang” ay tumutukoy sa mga nasa kategorya ng nag-iisang magulang na binigyan ng kahulugan sa Batas Republika Blg. 8972, o kilala bilang “Batas sa Kapakanan ng Nag-iisang Magulang ng 2000”.

(e) “Tunay na Pagkakapantay-pantay” ay tumutukoy sa ganap at pantay na pagtatamasa ng karapatan at kalayaan na nakasaad sa batas na ito. Nasasaklaw nito ang pagkakapantay-pantay ng *de jure* at *de facto* at may resulta.

(f) “Pagkakapantay-pantay ng Kasarian” ay tumutukoy sa mga patakaran na nagpapahayag ng pagkakapantay ng kalalakihan at kababaihan at ng kanilang karapatan na magkaroon ng pantay na katayuan na alam ang kanilang ganap na kakayahan bilang tao upang makapag-ambag sa kaunlaran at makatamasa ng resulta nito, at kinilala ng Estado na malaya at pantay ang dangal at karapatan ng lahat ng tao.

(g) “Katarungang Pangkasarian” ay tumutukoy sa mga patakaran, pamamaraan, programa, serbisyo, at aksiyon na tumutugon sa hindi magandang katayuan ng kababaihan sa lipunan sa pamamagitan ng pagtingin at pagtugon na may pagkatig. Ang ganitong natatanging hakbang na pansamantala lamang ay naglalayong itaas ang tunay na pagkakapantay ng kalalakihan at kababaihan, hindi ito dapat tingnang diskriminatoryo kundi pangangailangang naging resulta ng hindi pantay o magkaibang pamantayan. Ang mga hakbang na ito ay hindi na ipagpapatuloy kapag natamo na ang layunin ng pantay na oportunidad at pagtingin.

(h) “*Gender and Development (GAD)*” ay tumutukoy sa pagpapaunlad ng pananaw at proseso na may pakikilahok at nagbibigay ng lakas, makatarungan, sustenido, at ligtas sa karahasan, may paggalang sa karapatang pantao, sumusuporta sa kalayaan at pagsasakatuparan ng kakayahan ng tao. Layunin nitong matamo ang pagkakapantay-pantay ng kasarian bilang batayang halagahan na kailangang masalamin sa nilalayong kaunlaran, hangarin nitong baguhin ang panlipunan, siyasin ang legal na batayan ng tungkulin ng kasarian na ikinakabit sa kababaihan at kalalakihan; ipaglaban na ang kababaihan ay aktibong tagapagtaguyod ng kaunlaran at hindi lamang pasibong tagatanggap ng tulong sa pagpapaunlad; at ipagpahalaga ang pangangailangan na magkaisa ang kababaihan at lumahok sa prosesong politikal upang palakasin ang kanilang karapatan sa batas.

(i) “*Gender Mainstreaming*” ay tumutukoy sa estratehiya na gawing mahal-agang sukatan ang kapakanan at karanasan ng kababaihan, gayundin ng kalal-akihan, sa pagbabalangkas, pagpapatupad, pagsusubaybay, at pagtatasa ng mga patakaran at programa sa lahat ng pampolitika, pangkabuhayan, at panlipunang saklaw, upang ang kababaihan at kalalakihan ay pantay na makinabang at hindi mapanatili ang kawalan ng pagkakapantay-pantay. Ito ay isang proseso ng pag-tatasa sa implikasyon para sa kababaihan at kalalakihan ng anumang planadong aksyon, kabilang ang lehislyon, patakaran, o programa sa lahat ng larangan at ng antas.

(j) “Tanging Pansamantalang Patakaran” ay tumutukoy sa lahat ng uri ng pataka-rang pambatas, tagapagpaganap, pangangasiwa, at regulasyon, mga patakaran at gawaing naglalayong itaas ang tunay na pagkakapantay ng kababaihan sa mga tiyak na larangan. Ang mga hakbang na ito ay hindi dapat tingnan ng diskrimi-natoryo kundi pangangailangang naging resulta ng hindi pantay o makaibang pamantayan. Hindi na ito ipagpapatuloy kapag natamo na ang layunin.

(k) “Karahasan sa Kababaihan” ay tumutukoy sa anumang karahasang batay sa kasarian, na nagbunga ng pisikal, seksuwal, o sikolohikal na pinsala o pagdurusa sa kababaihan, kabilang ang pananakot, pamumuwersa, o di makatarungang pag-aalis ng kalayaan, ito man ay naganap sa publiko o pribadong pamumuhay. Kailangang maunawaan na saklaw nito pero hindi limitado sa sumusunod:

(1) Karahasang pisikal, seksuwal, sikolohikal, at pangkabuhayan na naga-ganap sa pamilya, kabilang ang pambubugbog, seksuwal na pang-aabuso sa batang babae, karahasan na may kaugnayan sa dote (*dowry*), pang-gagahasa ng asawa o *marital rape*, at iba pang tradisyonal na gawaing nakapagdudulot ng panganib sa kababaihan, karahasan sa di mag-asawa, at karahasan na may kaugnayan sa pagsasamantala.

(2) Karahasang pisikal, seksuwal, at sikolohikal na nagaganap sa pamayanan, kabilang ang panggagahasa, seksuwal na pang-aabuso, *sexual harassment*, at pananakot sa trabaho, sa mga institusyong

pang-edukasyon at saanmang lugar, pangangalakal ng kababaihan (*trafficking*), at prostitusyon; at

(3) Karahasang pisikal, seksuwal, at sikolohikal na isinagawa o ipinagsawalang-bahala ng pamahalaan, saan man ito nangyayari. Kabilang din dito ang ibang akto ng karahasan sa kababaihan na binigyan ng kahulugan sa Batas Republika Blg. 9208 at 9262.

(l) “Kababaihan sa Militar” ay tumutukoy sa kababaihang nasa militar, kapuwa nagbibigay ng pangunahin at teknikal na serbisyo, nakikipaglaban at/o hindi nakikipaglaban, nagbibigay ng seguridad sa Estado, at nangangalaga sa samayanan mula sa iba’t ibang uri ng banta. Kabilang din dito ang kababaihang nagsasanay sa lahat ng pasanayang institusyon ng militar.

(m) “Pangangalagang Panlipunan” ay tumutukoy sa mga patakaran at programa na naglalayong bawasan ang kahirapan, maiwasan ang panganib, mapagbuti ang kalagayang panlipunan at karapatan ng lahat ng kababaihan, lalong-lalo na ang mga marginalisado, sa pamamagitan ng pagtataguyod at pagbibigay ng kabuhayan at empleo, pangangalaga laban sa panganib at biglaang pagkawala ng pagkakakitaan, at mapahusay ang kakayahan ng mamamayan na paghandaan ang panganib. Binubuo ito ng mga programa sa trabaho, segurong panlipunan, kagalingang panlipunan, at kaligtasang panlipunan.



### KABANATA III: MGA TUNGKULING MAY KAUGNAYAN SA KARAPATANG PANTAO NG KABABAIHAN

Ang Estado, pribadong sektor, ang lipunan sa pangkalahatan, at lahat ng indibidwal ay dapat mag-ambag para kilalanin, igalang, at palaganapin ang mga karapatan ng kababaihan na binibigyan ng kahulugan at katiyakan sa batas na ito.

**SEK. 5.** *Ang Estado bilang Pangunahing Tagapagpaganap ng Tungkulin.*— Ang Pamahalaan, bilang pangunahing tagapagpaganap ng tungkulin ay dapat na:

- (a) Pigilin ang diskriminasyon sa kababaihan at paglabag sa kanilang karapatan;
- (b) Pangalagaan ang kababaihan laban sa diskriminasyon at paglabag ng mga pribadong korporasyon, entidad, at indibidwal sa kanilang kaarapatan; at
- (c) Palaganapin at isakatuparan ang karapatan ng kababaihan sa lahat ng saklaw, kabilang ang karapatan para sa tunay na pagkakapantay-pantay at walang diskriminasyon.

Kailangang maisakatuparan ng Estado ang mga batas, patakaran, regulasyon, gabay sa pangangasiwa, at iba pang naaayong hakbang kabilang ang mga tanging pansamantalang patakaran.

Kinikilala na magkaugnay ang karapatang pantao ng kababaihan, ang Estado ay mag-sasagawa ng hakbang at bubuo ng mga mekanismong magpapalaganap sa magkakaugnay at pinag-isang pagsasakatuparan at pagpapatupad ng batas na ito at mga kaugnay na batas, patakaran, at iba pang hakbang upang epektibong mapigil ang diskriminasyon at isulong ang karapatan ng kababaihan.

Dapat palaging nakasubaybay at ginagabayan ng Estado ang progresibong pagpapaunlad sa mga karapatang pantao ng kababaihan alinsunod sa pandaigdigang batas at balangkas ng mga patakaran, batas, at iba pang hakbang upang mapalaganap ang layunin ng batas na ito.

**KABANATA IV:  
KARAPATAN AT PAGBIBIGAY-LAKAS**

**SEK. 6.** *Tungkulin ng mga Ahensiya at Tanggapan ng Estado.*— Ang mga tungkuling ito ng Estado ay dapat ipatupad sa lahat ng ahensiya, tanggapan at mga korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, alinsunod sa Saligang Batas at mga kaugnay na batas, patakaran o gabay pampangasiwaan na nagsasaad ng tiyak na tungkulin ng mga ahensiya ng pamahalaan at kinaaukulang entidad.

**SEK. 7.** *Karagdagang Bisa.*— Ang kabanatang ito ay kasama at karagdagan sa iba pang probisyon ng batas na ito, lalong-lalo na nag bahaging nagsasaad ng tiyak na karapatan ng kababaihan at tumutukoy sa tiyak na tungkulin at nangangailangan ng tiyak na pag-sasagawa ng ahensiya ng pamahalaan.

**SEK. 8.** *Karapatang Pantao ng Kababaihan.*— Lahat ng karapatan na nakasaad sa Saligang Batas at ang mga karapatang kinikilala ng pandaigdigang batas na nilagdaan at pinagtibay ng Filipinas, na umaalinsunod sa batas ng Filipinas, ay karapatan ng kababaihan alinsunod sa batas na ito at tatamasahin nang walang diskriminasyon.

**SEK. 9.** *Pangangalaga mula sa Karahasan.*— Dapat tiyakin ng Estado na ang lahat ng kababaihan ay napangangalagaan mula sa anumang uri ng karahasan na nakasaad sa mga umiiral na batas. Ang mga ahensiya ng pamahalaan ay dapat magbigay ng prioridad sa pagtatanggol at pangangalaga sa kababaihan laban sa paglabag na batay sa kasarian at tulungan ang kababaihan na matamo ang katarungan at paghilom.

Upang makamit ito, magsasagawa ng mga hakbang upang maidemanda at mapagbago ang may mga sala.

(a) Sa loob ng susunod na limang (5) taon, dapat magkaroon ng pagtaas sa pag-eempleo at pagsasanay ng kababaihan sa hanay ng pulisya, *forensics*, at mediko-legal, serbisyong pambatas at gawaing panlipunan na natatamasa ng kababaihang biktima ng paglabag na may kaugnayan sa kasarian hanggang sa limampung porsiyento (50%) ng mga kawani ay kababaihan.

(b) Dapat pangalagaan at masiguro ang kaligtasan ng kababaihan kapag may armadong hidwaan at militarisasyon. Upang makamit ito, kailangang mapangalagaan sila mula sa lahat ng anyo ng karahasan na batay sa kasarian, lalong-lalo na sa panggagahasa at iba pang anyo ng pang-aabusong seksuwal, at lahat ng anyo ng karahasan kapag may armadong hidwaan. Dapat ipatupad ng Estado ang pandaigdigang pamantayan sa pangangalaga ng mga sibilyan sa mga pang-kagipitang sitwasyon at armadong hidwaan. Hindi dapat pwersahin ang mga kababaihan, lalo na ang mga katutubong mamamayan, na iwan ang kanilang lupain, teritoryo, at ikinabubuhay, o ilipat sila sa *special center* para sa layuning militar na may kalagayang diskriminatoryo.

(c) Dapat magkaroon ng mandatoryong pagsasanay sa karapatang pantao at *gender sensitivity* ang lahat ng kawani ng pamahalaan na kabilang sa pangangalaga at pagtatanggol sa kababaihan laban sa karahasang batay sa kasarian na alinsunod sa batas na ito.

(d) Dapat magtatag ng Violence Against Women's Desk ang lahat ng lokal na yunit ng pamahalaan sa bawat barangay upang matiyak na ang mga kaso ng karahasan sa kababaihan ay ganap na matugunan sa paraang *gender-responsive*.

**SEK. 10.** *Kababaihang Apektado ng Sakuna, Kalamidad at iba pang Pangyayaring Pangkrisis.*— May karapatan ang kababaihan na mapangalagaan at maging ligtas sa panahon ng sakuna, kalamidad at iba pang pangyayaring pangkrisis lalo na sa panahon ng pamimigay ng tulong, panunumbalik, rehabilitasyon, at konstruksiyon. Magbibigay ang Estado ng agarang tulong, maglalaan ng pondo, at bagong tirahan, kung kinakailangan. Dapat din nitong tugunan ang mga partikular na pangangailangan ng kababaihan ayon sa pangkasariang pananaw upang matiyak ang ganap na proteksiyon mula sa pagsamantalang seksuwal at iba pang seksuwal at pangkasariang karahasan na ginawa sa kanila. Ang pagtugon sa sakuna ay kinabibilangan ng mga pagbibigay ng serbisyo, tulad ng suportang sikolohikal-sosyal, suportang pangkabuhayan, edukasyon, sikolohikal na kalusugan, at komprehensibong serbisyong pangkalusugan, kabilang ang pangangalaga habang nagbubuntis.

**SEK. 11. Pakikilahok at Representasyon.**— Kailangang magsagawa ang Estado ng pansamantala at tiyak na hakbang upang mapabilis ang pakikilahok at makatarungang representasyon ng kababaihan sa lahat ng saklaw ng lipunan, lalo na sa pagdedesisyon at pagbuo ng patakaran sa pamahalaan at pribadong entidad upang ganap na maipabatid ang kanilang tungkulin bilang ahente at benipisyaryo ng kaunlaran. Kailangang simulan ng Estado ang mga naturang mekanismo upang maging makabuluhan ang pakikilahok ng kababaihan sa pagbubuo, pagpapatupad at pagtatasa ng mga patakaran, plano, at programa para sa pambansa, panrehiyon, at lokal na pamahalaan.

(a) Pagbibigay-Lakas sa Serbisyo Sibil.— Sa loob ng susunod na limang taon, dapat tumaas ang bilang ng kababaihan na nasa ikatlong antas na posisyon sa pamahalaan upang matamo ang *fifty-fifty* (50–50) *gender balance*;

(b) Sanggunian sa Pagpapaunlad at Lupon sa Pagpaplano.— Upang matiyak na lalahok ang kababaihan sa lahat ng antas ng pagpaplano sa pagpapaunlad at pagpapatupad ng programa, hindi bababa sa apatnapung porsiyento (40%) ng kasapi ng lahat ng sanggunian sa pagpapaunlad sa antas ng rehiyon, lalawigan, lungsod, bayan, at barangay ay binubuo ng kababaihan;

(c) Iba pang Lupon sa Patakaran at Pagdedesisyon.— Kailangang may kinatawan ang mga pangkat ng kababaihan sa pandaigdigang, pambansa, at tanging lokal at lupon sa pagdedesisyon.

(d) Pandaigdigang Lupon.— Magsasagawa ang Estado ng wastong hakbang upang matiyak na ang oportunidad ng kababaihan ay kapantay ng kalalakihan at walang anumang diskriminasyon upang katawanin ang kanilang pamahalaan sa pandaigdigang antas at makilahok sa gawain ng mga pandaigdigang organisasyon;

(e) Pagsasama sa Kababaihan sa mga Partidong Pampolitika.— Magbibigay ng insentibo ang Estado sa mga partidong pampolitika na may adhikaing pangkababaihan. Gayundin, dapat itong manghikayat na isama ang kababaihan sa kanilang pamunuan sa mga panloob na pagbuo ng patakaran, paghirang, at proseso ng paghahalal; at

(f) Pribadong Sektor.— Gagawa ng hakbang ang Estado upang makahikayat ng kababaihang mamumuno sa pribadong sektor sa pamamagitan ng pagbibigay ng insentibo.

**SEK. 12.** *Pantay na Pagtingin sa Batas.*— Gagawa ng hakbang ang Estado upang suriin at, kung kinakailangan, susugan at/o ipawalang-bisa ang mga umiiral na batas na diskriminatoryo sa kababaihan sa loob ng tatlo (3) taon mula sa pagkakabisa ng batas na ito.

**SEK. 13.** *Pantay na Pagtatamasa at Eliminasyon ng Diskriminasyon sa Edukasyon, Iskolarship, at Pagsasanay.*— (a) Titiyakin ng Estado na sapat at nasuri nang wasto ang mga estereotipiko at imahen ng kasarian sa mga kagamitang panturo at kurikulum. Gagamit ng wikang sensitibo sa kasarian sa lahat ng pagkakataon. Upang matamo ito, kailangang itaguyod ang pagpapaunlad ng kaalaman at kakayahan sa *gender and development* (GAD), kapayapaan at karapatang pantao, edukasyon ng mga guro, at lahat ng kasangkot sa sektor ng edukasyon. Dapat hikayatin na magtulungan ang sektor ng edukasyon, kabilang ang pribadong sektor, simbahan, at mga pangkat panrelihiyon.

(b) Dapat hikayating magpatala ang kababaihan sa mga hindi tradisyonal na pagsasanay sa bokasyonal at antas ng kolehiyo.

(c) Ipagbabawal ang sapilitang pagpapaalis at hindi na muling pagtanggap sa babaeng guro dahil sa pagbubuntis nang hindi kasal. Walang paaralan na magpapatalisik o tatanggi sa pagtanggap sa mag-aaral dahil sa kaniyang pagbubuntis nang hindi kasal habang siya ay nag-aaral.

**SEK. 14.** *Kababaihan sa Isports.*— Bubuo, magtatatag, at palalakasin ng Estado ang programa para sa kababaihan at kabataang babae na lumalahok sa kompetitibo at di-kompetitibong isports upang makamit ang kahusayan, maitaguyod ang pisikal at panlipunang kagalingan, maalís ang estereotipikong pagbibigay ng tungkuling pangkasarian, at mabigyan ng pantay na pagtatamasa sa benepisyo ng pagpapaunlad para sa lahat sa kabila ng kasarian, identidad pangkasarian, at iba pang katulad na salik.

Para sa layuning ito, lahat ng organisasyong may kaugnayan sa isports ay dapat bumuo ng gabay na magtatag at magbubuklod ng positibong aksiyon bilang estratehiya at ang pagkakapantay-pantay ng kasarian bilang balangkas sa pagpapalano at pagpapatupad ng

kanilang mga patakaran, badyet, programa, at iba pang gawain na may kaugnayan sa paglahok ng kababaihan at batang babae sa isports.

Magkakaloob din ang Estado ng mga materyal at hindi materyal na insentibo sa lokal na yunit ng pamahalaan, mga organisasyong pangmidya, at pribadong sektor para sa pagpapalaganap, pagsasanay, at paghahanda sa kababaihan at batang babae na lumahok sa kompetitibo at di-kompetitibong isports, lalo na sa lokal at pandaigdigang paligsahan, kabilang ngunit hindi limitado sa, Palarong Pambansa, Southeast Asian Games, Asian Games, at Olympics.

Walang kompetisyon ng isports o paligsahan na magbibigay o magpaparangal ng magkaibang gantimpala, magkano man ito o anuman ang halaga, sa kababaihan at kalalaking nagwagi sa parehong kateryorya ng paligsahan. Sa pasubaling ang naturang paligsahan, karera, tunggalian o laro ay para sa parehong kasarian. Dagdag pa, sa pasubaling ang paligsahan ay hinati sa dibisyong panlalaki at pambabae.

Titiyakin din ng Estado ang kaligtasan at kalusugan ng lahat ng kababaihan at batang babaeng lumahok sa palakasan, lalo na, ngunit hindi limitado sa mga nagsasabay, reserbang miyembro, kasapi, *coach*, at *mentor* ng pambansang koponan, ito man ay sa pag-aaral, pagsasanay, o paglalaro (*performance phases*), sa pamamagitan ng pagbibigay ng komprehendibong kalusugan at medikal na seguro (*insurance coverage*), gayundin bilang pinag-isang serbisyong medikal, nutrisyonal, at pangangalagang pangkalusugan.

Dapat isaalang-alang ng mga paaralan, kolehiyo, unibersidad, at iba pang institusyong pangkaalaman ang kabuuang populasyon ng kababaihang mag-aaral sa pagbibigay ng iskolarsyip sa atleta. Dapat magkaroon ng *pro rata representation* ang kababaihan sa programang pang-skolarsyip batay sa porsiyento ng kababaihan sa buong populasyon ng mag-aaral.

**SEK. 15. Kababaihan sa Militar.**— Itataguyod ng Estado ang mga wastong hakbang upang alisin ang diskriminasyon sa kababaihang militar, pulis, at iba pang katulad na serbisyo, kabilang ang muling pagsusuri o pagpapawalang-bisa ng mga patakaran at nakagawian na naglilimita sa kababaihan na makinabang sa *combat* at *non-combat* na pagsasanay na para sa kalalakhian, o magkaroon ng ibang tungkulin maliban sa gawaing pampangasiwaan, katulad ng combat, may kaugnayan sa seguridad, o operasyon sa labas ng tanggapan.

Ang kababaihan sa militar ay dapat pagkalooban ng magkatulad na pribilehiyo sa promosyon at oportunidad katulad ng kalalakihan, kabilang ang pagtaas ng suweldo, karagdang bayad at benepisyo, at parangal na batay sa kakayahan at kalidad ng pagganap sa tungkulin. Upang matamo ito, dapat tiyakin ng Estado na laging iginagalang ang pansarili ng kababaihan.

Ang kababaihan sa militar, pulis, at ibang katulad na serbisyo ay dapat pagkalooban ng parehong karapatan sa empleo katulad ng kalalakihan sa pantay na kalagayan. Kailangan silang pagkalooban ng pantay na kapasidad katulad ng kalalakihan na gumana at makipagkontrata, kabilang ang pag-aasawa.

Bilang karagdagan, ang kababaihan sa militar, pulis, at iba pang katulad na serbisyo ay dapat bigyan ng karapatan sa mga benepisyo sa pagliban katulad ng *maternity leave*, na nakatadhana sa mga umiiral na batas.

**SEK. 16. Walang Diskriminasyon at Mapanirang Paglalarawan sa Kababaihan sa Midya at Pelikula.** — Dapat magbalangkas ang Estado ng mga patakaran at programa para sa pag-sulong ng kababaihan sa pakikipagtulungan sa mga organisasyon ng pamahalaan at hindi pampamahalaan na may kaugnayan sa midya. Gayundin, dapat nitong pagsikapang ma-itaas ang kamalayan ng publiko sa pagkilala sa dignidad ng kababaihan at ang tungkulin, at maiaambag ng kababaihan sa pamilya, pamayanan, at sa lipunan sa pamamagitan ng estratehikong paggamit ng *mass media*.

Para sa layuning ito, dapat tiyakin ng Estado ang paglalaan ng espasyo, *airtime*, at pondo (resources), palakasin ang mga programa, produksiyon, at pag-iimahen na wastong naipakikita ang pangangailangan, isyu, at kapakanan ng kababaihan sa lahat ng anyo ng midya, komunikasyon, pagpapalaganap ng impormasyon, at pag-aanunsiyo.

Ang Estado, sa pakikipagtulungan sa lahat ng paaralan sa pamamahayag, impormasyon, at komunikasyon, at sa mga pambansang pederasyon at samahang pangmidya ay dapat mag-atas sa lahat ng organisasyon at korporasyong ng midya na isama, bilang bahagi ng regular na pagsasanay, sa pagpapaunlad pantauhan ang pagkakapantay-pantay sa kasarian at diskriminasyon batay sa kasarian. Lumikha at gamitin ang gabay sa pagkakapantay-pantay sa kasarian sa lahat ng aspekto ng pamamahala, pagsasanay, produksiyon, impormasyon, diseminasyon, komunikasyon, at paglikha ng programa; at bumuo

ng komite sa pagkakapantay-pantay ng kasarian na magpapalaganap ng *gender mainstreaming* bilang balangkas at positibong aksiyon bilang estratehiya, at susubaybay, at magtatasa sa pagpapatupad ng gabay sa pagkakapantay-pantay ng kasarian.

**SEK. 17. Karapatan ng Kababaihan sa Kalusugan.**— (a) Serbisyong Pangkalusugan Para sa Lahat.— Ang Estado, sa lahat ng pagkakataon, ay maglalaan para sa serbisyong pangkalusugan na komprehensibo, isinasaalang-alang ang kultura, at tumutugon sa kasarian at mga programang saklaw ang lahat ng yugto ng siklo ng buhay ng kababaihan at tumutugon sa pangunahing dahilan ng pagkamatay at paglala ng karamdaman. Sa pasubaling, ang probisyon para sa komprehensibong serbisyong pangkalusugan ay dapat sumasang-ayon sa paniniwalang panrelihiyon ng kababaihan, ang mga karapatan ng asawa na magkaroon ng pamilya na ayon sa kanilang paniniwalang panrelihiyon, at ang pangangailangan sa pagiging responsableng magulang, at ang karapatan ng kababaihan na mapangalagaan mula sa mga mapanganib na gamot, kagamitan, paggagamot, at sangkap.

Titiyaking matatamasa ang sumusunod na serbisyo:

- (1) Pangangalaga sa ina, bago at pagkatapos manganak upang matugunan ang kalusugan at nutrisyon habang nagbubuntis at ng sanggol;
- (2) Pagtataguyod ng pagpapasuso;
- (3) May pananagutan, etikal, legal, ligtas, at epektibong paraan ng pagpapalano ng pamilya;
- (4) pagtutulongan ng pamilya at Estado sa edukasyong pangkasarian ng kabataan at serbisyong pangkalusugan na walang pagkiling sa pangunahing karapatan at tungkulin ng magulang na turuan ang kanilang anak;
- (5) Pagpigil at pamamahala sa *reproductive tract infection*, kabilang ang mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik, HIV, at AIDS;
- (6) Pagpigil at pamamahala ng *reproductive tract cancer* katulad ng kanser sa suso at *cervix* at iba pang kondisyon at sakit ng mga babae;



(7) Pagpigil sa aborsiyon at pamamahala sa mga komplikasyon na may kaugnay sa pagbubuntis;

(8) Sa kaso ng karahasan sa kababaihan at mga bata, dapat bigyan ng komprehensibong serbisyong pangkalusugan ang mga biktima, kabilang ang *psychosocial, therapeutic*, medikal, legal na pagitan at tulong upang sila ay gumaling, makabawi, at mabigyan ng lakas;

(9) Pagpigil at pamamahala sa pagkabaog at depektong seksuwal na sang-ayon sa etika at pamantayang medikal;

(10) Pangangalaga sa matandang kababaihang lampas na ang edad sa kakayahang magbuntis; at

(11) Pamamahala, paggamot at pamamagitan sa pangkalusugang mental ng kababaihan at batang babae.

Bilang karagdagan, hihikayatin at itataguyod ang mga gawain para sa malusog na pamumuhay sa pamamagitan ng mga programa at proyekto bilang estratehiya upang mapigilan ang mga sakit.

(b) Komprehensibong Impormasyon at Edukasyong Pangkalusugan.— Dapat pagkalooban ng Estado ang kababaihan sa lahat ng sektor ng angkop, napapanahon, kompleto, at tamang impormasyon at edukasyon sa lahat ng nabanggit na aspektong pangkalusugan sa pamamagitan ng edukasyon at pagsasanay, na isinasaalang-alang ang sumusunod:

(1) Ang likas at pangunahing karapatan at tungkulin ng magulang sa pagpapalaki ng kabataan at sa pagpapaunlad ng katauhang may moral at ang karapatan ng mga bata na mapalaki sa isang kapaligirang may moralidad at matuwid upang mapayaman at mapatatag ang kanilang pagkatao.

(2) Ang pagbubuo ng seksuwalidad na nagpapakita ng dangal ng tao; at

(3) Etikal, legal, ligtas, at epektibong paraan ng pagpapalano ng pamilya kabilang ang kamulatan sa pagkakaroon ng anak.

**SEK. 18.** *Natatanging Benepisyo sa Pagliban para sa Kababaihan.*— Ang isang babaeng empleado na nagtrabaho nang tuloy-tuloy at ang kabuuan ng serbisyo ay hindi bababa sa anim (6) na buwan sa huling labindalawang (12) buwan ay may karapatan sa natatanging benepisyo sa pagliban ng dalawang (2) buwan, na may buong bayad na batay sa kaniyang buwanang sweldo kung siya ay maopera dahil sa sakit na pambabae.

**SEK. 19.** *Pantay na Karapatan sa Lahat ng may Kaugnayan sa Pag-aasawa at Ugnayang Pamilya.*— Dapat gumawa ng wastong hakbang ang Estado upang alisin ang diskriminasyon sa kababaihan sa lahat ng usapin na may kaugnayan sa pag-aasawa at pamilya at tiyaking:

(a) magkapareho ang karapatan sa pag-aasawa o sa pagsasama nang hindi kasal na tinutukoy sa kodigo ng Pamilya nang walang pagkiling sa pansarili o pan-relihiyong paniniwala;

(b) magkapareho ang karapatan sa pamimili ng mapapangasawa at sa pag-aasawa, na may malaya at ganap na pagsang-ayon. Ang kasunduang pagpapakasal at pag-aasawa ng bata ay walang legal na bisa;

(c) pinagkasunduan ang desisyon sa bilang at agwat ng mga anak at ang magbigyan ng impormasyon, edukasyon at mga paraan upang magamit ang mga karapatang ito;

(d) magkapareho ang mga pansariling karapatan ng mag-asawa o ng mag-asawang hindi kasal kabilang ang karapatan na makapamilya ng propesyon at ng trabaho;

(e) magkapareho ang karapatan ng mag-asawa o ng mag-asawang hindi kasal sa pag-aari, pagtatamo, pamamahala, pangangasiwa, pagtatamasa, at pag-aayos ng ari-arian;

(f) magkapareho ang mga karapatan sa ari-arian at yaman, ito man ay may kasulatan o wala, at namana, pormal man o batay sa kaugalian; at

(g) dapat ay pantay ang karapatan ng kababaihan sa kalalakihan sa pagpapalit, o pagpapanatili ng nasyonalidad. Dapat tiyakin ng Estado, lalo na, alinman sa pagpapakasal sa dayuhan na pagpapalit ng nasyonalidad ng asawang lalaki habang kasal ay awtomatikong papalitan ang nasyonalidad ng asawang babae, tatanggalan siya ng pagkamamamayan o ipipilit sa kaniya ang nasyonalidad ng asawa. Dapat ding isaalang-alang na ang ibang mga bansa ay may iba-ibang batas hinggil sa dalawahang pagkamamamayan na maaring pantay na matamo ng kalalakihan at kababaihan.

Igagalang ang mga Batas na batay sa kaugalian; sa pasubaling, gayunman, wala itong diskriminasyon sa kababaihan.



## KABANATA V:

### MGA KARAPATAN AT PAGBIBIGAY-LAKAS SA MARGINALISADONG SEKTOR

Sa pamamagitan nito, ang kababaihan na nasa marginalisadong sektor ay binibigyan ng katiyakan na ang kanilang karapatang sibil, pampolitika, panlipunan, at pangkabuhayan ay kikilalanin, palalaganapin, at pangangalagaan alinsunod sa umiiral na batas kabilang, ngunit hindi limitado sa, Batas sa Karapatan ng Katutubong Mamamayan (Indigenous Peoples Rights Act), Batas sa Pagpapaunlad ng Pabahay sa Lungsod (Urban Development Housing Act), Batas sa Komprehensibong Reporma sa Sakahan (Comprehensive Agrarian Reform Law), Kodigo sa Pangingisda (Fisheries Code), Kodigo sa Paggawa (Labor Code), Batas sa mga Manggagawa sa Ibayong Dagat (Migrant Workers Act), Batas sa Kapakanan ng Nag-iisang Magulang (Solo Parents Welfare Act), at Batas sa Repormang Panlipunan at Pagbawas ng Kahirapan (Social Reform and Poverty Alleviation Act).

**SEK. 20.** *Seguridad sa Pagkain at Produktibong Yaman.*— Kilalanin ng Estado ang ambag ng kababaihan sa produksiyon ng pagkain, at dapat tiyakin na sustenido at sapat na may aktibong pakikilahok ang kababaihan. Upang matamo ito, titiyakin ng Estado, sa lahat ng pagkakataon, na may ligtas at masustansiyang pagkain sa merkado na tutugon sa pangangailangan ng buong populasyon, papansinin ang mga tiyak na pangangailangan ng mahihirap na batang babae at marginalisadong kababaihan, lalo na ang mga buntis at nagpapasuso at ang kanilang anak. Upang matugunan ito, titiyakin ng Estado ang:

(a) Karapatan sa Pagkain.— Titiyakin ng Estado na may sapat na dami at kalidad ang pagkain na tutugon sa pangangailangan ng indibidwal, pisikal at pangkabuhayang maipaparating sa lahat ang sapat na pagkain na ang sangkap ay ligtas at kultural na tanggap, at tama at mahalagang impormasyon sa pagkakaroon ng pagkain, kabilang ang karapatan sa buo, wasto, at makatotohanang impormasyon tungkol sa ligtas at masustansiyang pagkain at kung paano makapagprodyus at madaling makakuha nito nang palagian;

(b) Karapatan sa Yaman para sa Produksiyon ng Pagkain.— Titiyakin ng Estado na ang kababaihan ay may mahalagang tungkulin sa produksiyon ng pagkain

sa pamamagitan ng pagbibigay ng prioridad sa kanilang karapatan sa lupa, pautang, at suportang pang -impraestruktura, teknikal na pagsasanay, tulong panteknolohiya at pagmemerkado. Itataguyod ng Estado ang teknolohiyang nakabubuti sa kababaihan bilang unang prioridad na gawain sa agrikultura at dapat magtaguyod ng karapatan sa sapat na pagkain sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa wasto at mahalagang impormasyon sa yaman at paraan upang matiyak ang kabuhayan ng kababaihan, kabilang ang seguridad sa pagkain:

- (1) Bibigyan ng pantay na kalagayan ang kababaihan at kalalakihan, sila man ay may asawa o wala, sa pagtititulo ng lupain at sa pagkakaloob ng kontrata sa pangangasiwa at patente.
- (2) Bibigyan ng pantay na pagtrato ang kababaihan at kalalakinghag nakikinabang sa programa sa repormang pansakahan, na ang lubos na karapatan ng babaeng nakikinabang sa repormang pansakahan na binibigyan ng kahulugan sa pamamagitan ng kaugnayan nito sa pagsasaka, hal. ang kaniyang direkta at hindi direktang ambag sa pagpapaunlad ng lupain;
- (3) Ang nakagualiang karapatan ng kababaihan sa lupain, kabilang ang pagtatamasa at kontrol sa mga prutas at sa pakinabang nito ay dapat kilalanin kung hindi maaari ang pribadong pag-aari, katulad ng lupaing ninuno;
- (4) Dapat makakuha ang kababaihan ng impormasyon at tulong sa pag-aangkin ng mga karapatan sa lupain sa lahat ng pagkakataon;
- (5) Pantay na karapatan ng kababaihan sa pagtatamasa, paggamit, at pamamahala ng lupain, tubig, at iba pang likas na yaman na nasa kanilang pamayanan o lupaing ninuno;
- (6) Pantay na karapatan sa paggamit at pamamahala ng pangisdaan at yamang-tubig, at sa lahat ng mga karapatan at benepisyo ng *stakeholder* sa industriya ng pangangisda;

(7) Bibigyan ng pantay na katayuan ang kababaihan at kalalakihan sa pangangasiwa o pagkakaloob ng kasunduan sa pagpapaupa, at ibang karapatan sa pangingsda na maaaring ipagkaloob para sa paggamit at pamamahala ng yaman sa baybayin at tubig. Sa parehong paraan, ang mga organisasyon ng pangkababaihan ay dapat bigyan ng pantay na pagtrato katulad sa ipa pang marginalisadong organisasyon ng mangingsda sa pangangasiwa o pagkakaloob ng kasunduan sa pagpapaupa o ibang karapatan sa pangingsda na para sa paggamit at pamamahala ng mga naturang yaman sa baybayin at tubig, na maaaring isama ang pagbibigay ng suporta upang magkaroon ng kabuhayan sa baybayin ang kababaihan.

(8) Walang diskriminasyon sa kababaihan sa pagpili ng kinatawan ng mga *fish warden*.

(9) Magdidisenyo ng teknolohiyang pang-agrikultura na sostenido at nakabubuti sa kababaihan na batay sa pangangailangan at tiyak na maisakatuparan, na dadaan sa konsultasyon sa mga organisasyong pangkababaihan.

(10) Titiyakin at pangangalagaan ang karapatan mula sa maliliit na magsasaka at kontroladong produksiyon at distribusyon ng mga buto.

(11) Kikilalanin, susuportahan, at poprotektahan ang katutubong pamamaraan ng kababaihan sa pag-iimbak at pagpapatubo ng buto.

(12) Bibigyan ng pantay na karapatan ang kababaihan na maging kasapi ng mga organisasyon ng magsasaka upang masiguro ang mas malawak na karapatan at kontrol sa paraan ng produksiyon.

(13) Bibigyan ng oportunidad na palakasin ang mga kababaihang mangingsda na makilahok sa pagkontrol at pamamahala, hindi lamang sa panghuhuli at produksiyon ng yamang-dagat maging sa pakikilahok sa kalakalan na mag-aambag ng kahalagahan sa produksiyon at pagsasapamilihan; at

(14) Bibigyan ng oportunidad sa kabuhayan ng katutubong kababaihan, lalo na sa pagbebenta ng kanilang produkto sa pamilihan.

Sa pagpapatupad nito, kinakailangang alinsunod sa itinakda ng batas.

**SEK. 21. *Karapatan sa Pabahay.***— Bubuo ang Estado ng programang pabahay para sa kababaihan na panlokal, simple, madaling puntahan, may maiinom na tubig, may kuryente, ligtas, maaaring makapaghanapbuhay, at abot-kayang amortisasyon. Kaugnay nito, sasangguni at gagawing kabahagi ng Estado ang kababaihan sa pagpapalano at pagpapaunlad ng pamayanan lalo na sa mga bagay na may kaugnay sa paggamit ng lupa, *zoning*, at relokasyon.

**SEK. 22. *Karapatan sa Disenteng Hanapbuhay.***— Isasakatuparan at titiyakin ng Estado ang mga pamantayan sa disenteng hanapbuhay para sa kababaihan, kabilang ang paglikha ng mga trabahong may kalidad, nag may pagsasaalang-alang sa kalayaan, pagkapanantay-pantay, kaligtasan at dangal ng pagkatao.

(a) Ang disenteng hanapbuhay ay pagkakataong makapagtrabaho nang produktibo at magkaroon ng sapat na sweldo para sa pamilya, ligtas na lugar ng hanapbuhay, at pangangalagang panlipunan para sa pamilya, mas maraming pagkakataon na paunlarin ang sarili at makibahagi sa lipunan, kalayaan para sa mga tao na ipahayag ang kanilang saloobin, magtatag, makilahok sa pagdedesisyon na makaapekto sa kanilang pamumuhay, at pantay na oportunidad at pagtrato sa kababaihan at kalalakhian.

(b) Ang Estado ay magkakaroon ng karagdagang pagtitiyak na –

(1) May serbisyong panaguyod at kagamitang magiging pananggalang sa panganib sa trabaho at kalusugan, na isinasaalang-alang ang gampanin ng kababaihan bilang ina.

(2) May serbisyong panaguyod na tutulong sa kababaihan na balansehin ang kanilang tungkulin sa pamilya at trabaho kabilang, ngunit hindi limitado sa, pagtatayo ng *day care center* at *breastfeeding station* sa lugar



ng trabaho, at pagkakaloob ng *maternity leave* alinsunod sa Kodigo ng Paggawa at iba pang kaugnay na batas;

(3) Maaaring maging kasapi ng mga unyon anuman ang istatus ng empleo at lugar ng trabaho; at

(4) Igagalang ang kaugaliang kultural ng mga katutubo maging sa lugar ng trabaho.

(c) Bilang pagkilala na ang pagtatrabaho sa ibang bansa ay hind permanente, gagawa ng paraan ang Estado upang matugunan ang mga dahilan ng *out migration* sa pamamagitan ng pagpapalakas sa lokal na empleo at iba pang mga pangkabuhayang oportunidad para sa kababaihan at magpapatupad ng mga hakbang para pigilan ang karahasan sa kababaihan at ang sapilitan at hindi boluntaryong pag-alis sa lokal na kababaihan. Titiyakin ng Estado na pangangalagaan at itataguyod ang mga karapatan at kapakanan ng kababaihang migrante anuman ang kanilang istatus sa trabaho, at mapangangalagaan sila sa diskriminasyon sa pasahod, kalagayan ng trabaho, at oportunidad sa empleo sa bansa kung saan sila nagtatrabaho.

**SEK. 23.** *Karapatan sa Kabuhayan, Pautang, Kapital, at Teknolohiya.* — Titiyakin ng Estado na maipagkakaloob sa kababaihan ang sumusunod:

(a) Pantay na karapatan sa pautang at kapital;

(b) Pantay na hatian sa produktong mula sa bukid at yamang-dagat; at

(c) Oportunidad sa empleo para sa nagbalik na kababaihang migranteng manggagawa, na isinaalang-alang ang kanilang kasanayan at kalipikasyon. Dahil dito, itataguyod ng Estado ang pagpapaunlad sa kasanayan at pagnenegosyo ng nagbalik na kababaihang migranteng manggagawa.

**SEK. 24.** *Karapatan sa Edukasyon at Pagsasanay.* — Titiyakin ng Estado ang sumusunod:

(a) Oportunidad na makapagsanay ang kababaihang migranteng manggagawa, kung nanaisin nila, bago sila magtrabaho sa ibang bansa at maaaring makapagsanay muli kapag nakabalik na sa bansa.

(b) Pagsasanay at seminar na may pagsasaalang-alang sa kasarian; at

(c) Pantay na oportunidad sa iskolarsyip batay sa kahusayan at kaangkupan, lalo na sa mga interesado sa pananaliksik at pagpapaunlad, na ang layunin ay para sa teknolohiyang pambukid na nakabubuti sa kababaihan.

**SEK. 25. *Karapatang Kumakatawan at Makilahok.***— Titiyakin ng Estado na may pakikilahok ang kababaihan sa mga lupong bumubuo ng patakaran at nagdedesisyon sa antas panrehiyon, pambansa at pandaigdig. Titiyakin ding may pakikilahok ang mahihirap na kababaihang lider sa lupong bumubuo ng patakaran at nagdedesisyon para sa kani-kanilang sektor kabilang, ngunit hindi limitado sa Presidential Agrarian Reform Council (PARC) at sa lokal na sangay nito; mga lupon na nasa pamayanan na namamahala sa mapagkukunang yaman o mekanismo sa pamamahala at pangangalaga ng kagubatan; National Fisheries and Aquatic Resources Management Council (NFARMC) at sa lokal na sangay nito; National Commission on Indigenous People (NCIP); Presidential Commission for the Urban Poor (PCUP); National Anti-Poverty Commission (NAPC), at kung saan pa naaangkop, mga lupon sa lokal na pabahay.

**SEK. 26. *Karapatan sa Impormasyon.***— Titiyaking mabibigyan ng impormasyon sa mga patakaran hinggil sa kababaihan, kabilang ang mga programa, proyekto, at pagpopondo na makaaapekto sa kanila.

**SEK. 27. *Pangangalagang Panlipunan.***—

(a) Itataguyod ng Social Security System (SSS) at Philippine Health Insurance Corporation (Philhealth) ang mga panukala sa pangangalagang panlipunan para sa katutubo at pamayanan.

(b) Bubuo ang Estado ng mga patakaran at programang naglalayong bawasan ang kahirapan at paghandaan ang mga panganib at maiangat ang mga kalagayang panlipunan at mga karapatan ng mga marginalisadong kababaihan

sa pamamagitan ng pagtataguyod at pangangalaga sa kabuhayan at empleo, proteksiyon sa panganib at biglaang pagkawala ng pagkakakitaan, at mapahusay ang kakayahang paghandaan ang panganib.

(c) Pagsisikapan ng Estado na mabawasan hanggang sa matanggal ang bayad sa pagpapadala ng pera mula sa ibang bansa sa pamamagitan ng angkop na *bilateral* o *multilateral* na kasunduan. Gayundin, ito ang magbubunsod ng oportunidad sa pamumuhunan mula sa mga padala, na kaugnay ng layuning kaunlaran ng bansa.

(d) Bubuo ang Estado ng programa sa segurong pangkalusugan para sa matatanda at mahihirap.

(e) Itataguyod ng Estado ang mga programa sa pangangalagang panlipunan na nakabatay sa pamayanan para sa kababaihang may kapansanan.

**SEK. 28.** *Pagkilala at Pangangalaga sa Pagkakakilanlang Pangkultural at Integridad.*— Kilalanin at igagalang ng Estado ang mga karapatan ng Moro at katutubong kababaihan na isagawa, palaganapin, pangalagaan, at panatilihin ang kanilang mga kultura, tradisyon, at institusyon at isaalang-alang ang mga karapatang ito sa pagbubuo at pagpapatupad ng pambansang patakaran at programa. Upang matamo ito, pagtitibayin ng Estado ang mga hakbang, na may pagsangguni sa mga kinauukulang sektor upang pangalagaan ang kanilang mga karapatan sa kanilang katutubong sistema ng kaalaman at gawi, tradisyonal na kabuhayan, at iba pang palatandaan ng kanilang kultura at pamumuhay.

Sa pasubaling, ang naturang pamamaraan at kagawiang kultural ay hindi diskriminatoryo sa kababaihan.

**SEK. 29.** *Kapayapaan at Kaunlaran.*— Isasagawa ang usaping pangkapayapaan nang may pagsaalang-alang sa sumusunod:

(a) Dagdagan ang bilang ng kababaihang lalahok sa talakayan at pagdedesisyon hinggil sa usaping pangkapayapaan, kabilang ang pagiging kasapi sa lupong pagkapayapaan, na kilala sa tungkulin ng kababaihan na pigilan ang hidwaan at magkaron ng kapayapaan at sa katutubong paraan ng paglutas sa hidwaan.

(b) Tiyaking pauunlarin at maisasama ang kapakanan ng kababaihan sa adyendang pangkapayapaan, sa pangkalahatang estratehiya sa kapayapaan at pagiging kabahagi ng kababaihan sa pagpapalano, pagpapatupad, pasubaybay, at pagtatasa ng rehabilitasyon at muling pagtatayo ng mga lugar na apektado ng hidwaan.

(c) Ang mga pagtatag ng mga hakbangin ay upang matiyak ang pangangalaga ng sibilyan sa mga pamayanang naapektuhan ng hidwaan na may natatanging konsiderasyon para sa tiyak na pangangailangan ng kababaihan at mga batang babae.

(d) Isama ang layuning pangkapayapaan sa kurikulum ng edukasyon at iba pang mga gawaing pang-edukasyon; at

(e) Ang pakilala at suporta para sa gampanin ng kababaihan sa pag-iwas ng hidwaan, pamamahala, resolusyon at pagsasagawa ng pangkapayapaan, at sa sistemang katutubo na resolusyon sa hidwaan.

**SEK. 30.** *Ang Kababaihan Lalo na sa Mahihirap na Kalagayan.* — Para sa layunin ng batas na ito, ang “*Women in Especially Difficult Circumstance (WEDC)*” ay tumutukoy sa mga biktima at nakaligtas sa pang-aabusong sekswal at pisikal o *survivor*, ilegal na recruitment, prostitusyon, pangangalakal ng kababaihan, hidwaang armado, kababaihang nakakulong, mga biktima ng panggagahasa at pagtatalik ng dalawang taong malapit na magkamaganak (incest) at ng iba pang kaugnay na mga kalagayan ng may kawalang-kakayahan na gumanap. Ang mga yunit ng lokal na pamahalaan, samakatwid ay nag-atas na mabigyan ng kinakailangang serbisyo at interbensiyon ng WEDC sa ilalim ng kanilang pamamahala.

**SEK. 31.** *Mga Serbisyo at Interbensiyon.* — Maglalaan ang WEDC ng mga serbisyo at interbensiyon na kinakailangan tulad ng ngunit hindi limitado sa sumusunod:

(a) Pansamantalang pangangalaga at proteksiyon;

(b) Serbisyong medikal at dental;

(c) Ebalwasyong sikolohikal;

- (d) *Counseling*;
- (e) Ebalwasyon sa pag-iisip;
- (f) Serbisyon legal;
- (g) Pagpapatatag ng kakayahan sa kasanayang produktibo;
- (h) Tulong pangkabuhayan;
- (i) Pagbibigay ng trabaho;
- (j) Tulong pinansiyal; at
- (k) Tulong sa transportasyon.

**SEK. 32.** *Pangangalaga sa mga Batang Babae.* — (a) Ang Estado ay kailangang magpatupad ng mga hakbang upang mabawasan ang lahat ng anyo ng diskriminasyon sa mga batang babae sa edukasyon, kalusugan at nutrisyon, at pagpapaunlad ng kasanayan.

- (b) Kailangang pangalagaan ang mga batang babae mula sa lahat ng anyo ng pang-aabuso at pagsasamantala.
- (c) Titiyakin ang pantay na pagtingin sa Moro at batang katutubo sa Madaris, mga paaralan ng buhay na kultura at tradisyon, at ang mga regular na paaralan.
- (d) Kailangang malinang ang kurikulum na sensitibo sa kasarian, kabilang ang legal na literasi, mga aklat at kurikulum sa Madaris at paaralan ng buhay na kultura at tradisyon.
- (e) Titiyakin ang pagkasensitibo ng mga regular na paaralan partikular sa kagalian ng Moro at katutubo, tulad ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadan, pagpili ng pananamit (kabilang ng ang pagsusuot ng hijab), at titiyakin na may pagkaing halal.

**SEK. 33.** *Pangangalaga sa Senior Citizen.* — Dapat pangalagaan ng pamahalaan ang kababaihang senior citizen mula sa pagpapabaya, pag-iwan, domestikong karahasan,

pag-aabuso, pagsasamantala, at diskriminasyon. Sa ganitong layunin, dapat tiyakin ng pamahalaan ang natatanging mekanismo sa pangangalaga at serbisyong suporta laban sa pananakit, seksuwal na pang-aabuso, pagsasamantala at diskriminasyon sa matandang kababaihan.

**SEK. 34.** Karapat-dapat malaman ng kababaihan ang kanilang mga karapatan at mapangalagaan ang mga ito batay sa itinakda at tiniyak ng batas na ito kabilang ang kanilang karapatan ng walang diskriminasyon.

**SEK. 35.** *Pagbabawal ng Diskriminasyon sa Kababaihan.*— Ang mga publiko at pribadong entidad na nagkasala ng diskriminasyon sa kababaihan ay maparurusahan alinsunod sa SEK. 41 nito. Ang mga paglabag ng iba pang karapatan ng kababaihan ay dapat umaalinsunod sa mahahalagang batas at regulasyon.

## KABANATA VI: MGA MEKANISMO NG PAMAHALAAN

**SEK. 36.** *Ang Gender Mainstreaming bilang isang Estratehiya para sa Pagpapatupad ng Magna Carta ng Kababaihan.*— Sa loob ng panahong itinakda sa pagpapatupad ng mga tuntunin at regulasyon, ang Pambansang Komisyon sa Gampanin ng Kababaihan Filipino (NCRFW) ay dapat magtaya ng kanilang programa sa pagsulong ng kasarian para sa kapanatilihan ng mga pamantayan ayon sa batas na ito. Kailangang isaayos ang programa alinsunod sa pagtiyak na ito ay magiging matibay na estratehiya para sa pagpapatupad ng batas na ito at ang pagtamo ng mga layunin.

Dapat magpatupad ng gender mainstreaming ang lahat ng departamento, kabilang ang kasamang mga ahensiya, tanggapan, kawanihan, pamahalaan ng unibersidad at kolehiyo, korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, lokal na yunit ng pamahalaan at iba pang mga instrumentalidad ng pamahalaan bilang istratehiya upang itaguyod ang mga karapatan ng kababaihan at alisin ang diskriminasyon ng kasarian sa kanilang sistema, estruktura, patakaran, programa, proseso at pamamaraan kabilang ngunit hindi limitado sa sumusunod:

(a) Pagpapalano, pagbabadyet, pagmomonitor at ebalwasyon sa mga programa ng GAD na tumutukoy sa mga isyu ng kasarian at kinauukulan na ipapanukala at ipapatupad batay sa mandato ng mga ahensiyang pampamahalaan at lokal na yunit ng pamahalaan, ang Batas Republika Blg. 7192, ang adyenda ng pamahalaan para sa pagkapantay-pantay na kasarian at iba pang mga kaugnay na lehislasyon, patakaran at mga gawain ng GAD. Ang pagsulong sa mga programa ng GAD ay magpapatuloy mula sa pagsasagawa ng *gender audit* sa pamahalaan at sa mga lokal na yunit ng pamahalaan at *gender analysis* ng kanilang mga patakaran, programa, serbisyo at ang kalagayan ng kababaihang tinutulungan; ang pagsasagawa at pagrerepaso ng mga datos na *sex-disaggregated* o paghihiwalay ng datos ayon sa kasarian; at konsultasyon sa mga nagtataguyod ng karapatan ng *gender* at kababaihan na tinutulungan ng ahensiya. Ang halaga sa pagpapatupad ng mga programa ng GAD ay dapat paglaanan ng ahensiya o

ng lokal na yunit ng pamahalaan ng hindi bababa sa limang porsiyento (5%) ng kabuuang laang gugulin.

Alinsunod sa Batas Republika Blg. 7192, na kilala bilang Batas sa Ang Kababaihan sa Pagpapaunlad at Pagpapatatag ng Bansa (Women in Development and Nation Building Act) na naglalaan ng limang porsiyento (5%) hanggang tatlum-pung porsiyento (30%) ng *overseas development assistance* para sa GAD, dapat tiyakin ng ahensiyang pampamahalaan na tumatanggap ng opisyal na tulong sa pagpapaunlad ang laang -gugulin at tamang paggamit ng ganitong mga pondo para sa mga programa ng pagtugon sa kasarian na umaayon sa mga pondo ng GAD at taunang pag-uulat ng mga nagawa nito sa Pambansang Pangasiwaan ng Ekonomiya at Pagpapaunlad (NEDA) at Komisyon sa Kababaihan ng Pilipinas (PCW).

Ang paggamit at resulta ng badyet ng GAD ay dapat masubaybayan nang taunan at susuriin batay sa kanilang mga napagtagumpayan sa paghihikayat ng implementasyon ng mga programang pagtugon sa kasarian na pinondohan ang nalalabing siyamnapu't limang porsiyentong (95%) badyet.

Dapat magsagawa ang Komisyon ng Awdit (COA) ng taunang pag-aawdit sa paggamit ng badyet ng GAD para sa layuning pagtitiyak ng makatarungang paggamit at mahusay, at mabisang pagsusulong sa pagtukoy sa mga isyu ng kasarian patungo sa makatotohanang layunin ng pag-unlad sa bansa, mga plano, at patakaran sa pagbibigay -lakas ng kababaihan, pagkakapantay-pantay sa kasarian at ng GAD.

Kailangang hikayatin din ng mga lokal na yunit ng pamahalaan na isulong at magpasa ng isang Kodigo ng GAD batay sa mga isyu ng kasarian at kinauukulan sa bawat lokalidad batay sa konsultasyon sa nasasakupang kababaihan at ng pagbibigay-lakas at adyenda ng pamahalaan para sa pagkakapantay-pantay na kasarian.

Magsisilbi ring batayan ang Kodigo ng GAD sa pagkilala ng mga programa, gawain at proyekto ng GAD.



Kapag kinakailangan, maglalaan ng pansamantalang pamamaraan para sa pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga plano sa lahat ng departamento kabilang ang kasamang ahensiya, tanggapan, kawanihan, pamahalaan ng unibersidad at kolehiyo at korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, lokal na yunit ng pamahalaan, at iba pang instrumentalidad ng pamahalaan.

Upang maisagawa tungo sa higit na kasapatan, tumutugon sa kasarian at nagawa batay sa pagpapalano at pagbabadyet, kailangang isama ang mga isyu sa kasarian at ng iba pa, sa sumusunod na plano:

(1) Planong makro sosyo-ekonomiko tulad ng Medium-Term Philippine Development Plan at Medium-Term Philippine Investment Plan;

(2) Taunang pagpapalano ng lahat ng departamento kabilang ang kanilang kasamang ahensiya, tanggapan, kawanihan, pampamahalaang unibersidad at kolehiyo, at korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan; at

(3) Lokal na pagpapalano at adyendang ehekutibo-lehislatibo, komprehensibong plano sa pagpapaunlad (CDP), komprehensibong plano sa paggamit ng lupain (CLUP), pagpapaunlad panlalawigan at pagpapaunlad na pisikal (PDPFP), at taunang plano sa pamumuhunan.

(b) Paglikha at/o Pagpapalakas ng mga GAD Focal Points. Dapat magtatag o palakasin ng lahat ng departamento, kabilang ang kanilang kasamang ahensiya, tanggapan, kawanihan, pampamahalaang unibersidad at kolehiyo, at korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, lokal na yunit ng pamahalaan, at iba pang mga instrumentalidad ng pamahalaan ang kanilang GAD Focal Points o kahalintulad ng mekanismo ng GAD upang mapadali at mapabilis ang *gender mainstreaming* sa loob ng ahensiya o lokal na yunit ng pamahalaan.

Ang GAD Focal Points (GFP) ay dapat binubuo ng pinuno ng ahensiya o lokal na punong tagapagpaganap, lupong tagapagpaganap na may katuwang na kalihim o ang katumbas nito, opisyal ng lokal na yunit ng pamahalaan, o tanggapan sa isang posisyon sa estratehikong pagpapasya bilang Tagapangulo; at ang *technical*

*working group* o sekretaryat na binubuo ng mga kinatawan mula sa iba't ibang sangay o tanggapan sa loob ng ahensiya o lokal na yunit ng pamahalaan.

Ang mga tungkulin at gampanin ng mga miyembro ng GFP ang bubuo ng kanilang regular na pangunahing saklaw ng mga gawain at kailangang bibigyan ng nararapat na konsiderasyon batay sa kanilang nagawang ebalwasyon.

(c) Pagsasagawa at Pagpapanatili ng *Database* ng GAD. Kailangang maisulong at mapanatili ng lahat ng departamento, kabilang ang kanilang kasamang ahensiya, tanggapan, kawanihan, pampamahalaang unibersidad at kolehiyo, at korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, lokal na yunit ng pamahalaan, at iba pang instrumentalidad ng pamahalaan ang *Database* ng GAD na maglalaman ng pangkasariang estadistika at *sex-disaggregated data* na sistematikong natipon, regular na binabago at sumasailalim sa pagsusuri ng kasarian para sa pagpapalano, pagpoprograma, at pagbuo ng patakaran.

**SEK. 37.** *Ang Gender Focal Point Officer sa mga Embahada at Konsulado ng Pilipinas.*— Isang opisyal na kailangang nakapagsanay sa GAD ay dapat italaga bilang *gender focal point* sa seksiyon ng Embahada o Konsulado ng Pilipinas. Ang nasabing opisyal ay magiging pangunahing responsable sa pangangasiwa ng kapakanang kasarian ng kababaihang migrante. Dapat makipagtulungan ang mga kasamang ahensiya sa pagpapalakas ng mga programa ng mga embahada at konsulado sa ibang bansa para sa paghahatid ng serbisyo sa kababaihang migrante.

**SEK. 38.** *Ang Pambansang Komisyon sa Gampanin ng Kababaihang Filipino (NCRFW).*— Ang National Commission on the Role of Filipino Women ay makikilala na bilang Philippine Commission on Women (PCW), isang ahensiya na mangunguna sa pagsasagawa ng patakaran at makikipag-ugnayan sa kababaihan at kapakanan ng pagkakapantay-pantay na kasarian sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo. Ang PCW ang magiging pangkalahatang magmomonitor at magsusuri upang matiyak ang implementasyon ng batas na ito. Kaya, ang PCW ay maaaring mag-antas sa alinmang ahensiyang pampamahalaan at instrumentalidad, na kinakailangang mag-ulat sa implementasyon ng batas na ito upang mabilis nilang matugunan ang mga problemang nakarating sa kanilang atensiyon na may kaugnay sa batas na ito. Dapat pangunahan ng PCW sa pagtitiyak na ang mga ahensiyang

pampamahalaan at may kakayahan sa mahusay na implementasyon ng batas na ito. Ang tagapangulo ay dapat mag-ulat sa Pangulo sa pagpupulong ng mga Gabinete tungkol sa imlementasyon ng batas na ito.

Hangga't maaari, dapat hikayatin ng PCW ang mga sistema, proseso at pamamaraan ng ehekutibo, lehislatibo, at hudisyal na sangay ng pamahalaan kaugnay ng GAD na mag-titiyak ng implementasyon ng batas na ito.

Para sa mabisa at mahusay na pagsasagawa at pagpapatupad ng gampanin, kailangang rebisahin ng PCW ang estruktura at kaayusan ng mga kawani sa tulong ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala.

**SEK. 39.** *Komision ng mga Karapatang Pantao (CHR)* – Ang Komisyon, nanunungkulan bilang Gender and Development Ombud, konsistent sa mga mandato na dapat mag-sagawa ng mga hakbang tulad ng sumusunod:

(a) Pagmomonitor na kasama ng PCW at iba pang ahensiya ng pamahalaan, kasama ng iba pa sa pagsusulong ng mga panukatan at patnubay upang mag-ampanan ang kanilang ma tungkulin na may kaugnay sa karapatang pantao ng kababaihan, kabilang ang kanilang karapatan ng kawalang diskriminasyon na tinitiyak sa batas na ito.

(b) Magtalaga ng isang (1) Komisioner at/o ng *Women's Human Rights Center* (Sentro ng mga Karapatang Pantao sa Kababaihan) na pangunahing responsable para sa pagtataguyod at pangangalaga ng mga karapatang pantao ng kababaihan, kabilang ang imbestigasyon at karaingan ng diskriminasyon at paglabag ng kanilang mga karapatan na ipinababatid ayon sa batas na ito at kaugnay na mga batas at regulasyon.

(c) Magtatag ng mga gabay at mekanismo, kasama ng iba pa, na magbibigay-daan sa kababaihan ng legal na kalutasan ayon sa batas na ito at kaugnay na mga batas at mapalawak ang pangangalaga at pagtataguyod ng mga karapatan ng kababaihan, lalong-lalo na sa mga naaping kababaihan;

(d) Matulungan na magharap ng mga kaso sa mga indibidwal, ahensiya, institusyon, o establisimiyento na lumabag sa probisyon ng batas na ito; at

(e) Magtagubilin sa Pangulo ng Pilipinas o sa Komisyon ng Serbisyo Sibil ng alinmang maaaring asministratibong aksiyon batay sa di pagtupad o kabiguang maipapatupad ang mga probisyon ng batas na ito.

**SEK. 40.** *Pagmo-monitor sa Progreso at Implementasyon at Kahalagahan ng Batas na ito.* — Ang PCW, sa pakikipagtulungan sa iba pang mga ahensiya ng pamahalaan at ng CHR ay kailangang magsumite sa Kongreso ng regular na pag-uulat sa progreso ng implementasyon ng batas na ito na nagtatampok ng kahalagahan nito sa kalagayan ng mga karapatang pantao ng kababaihan. Sa pasubali, na ang ikalawang ulat ay kailangang isasama ang isang pagtatasa ng bisa ng batas na ito at magtatagubilin ng mga susog upang mapahusay ang probisyon: Sa pasubali, bilang pangwakas, na ang mga ulat na ito ay dapat isumite sa Kongreso tuwing ikatlong (3) taon ayon sa pagtiyak sa pagpapatupad ng mga tuntunin at regulasyon.

**SEK. 41.** *Mga Parusa.* — Kapag natuklasan ng CHR na nag isang departamento, ahensiya, o instrumentalidad ng pamahalaan, korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, o lokal na yunit ng pamahalaan ay lumabag sa alinmang probisyon ng batas na ito at ng mga ipinatutupad na tuntunin at regulasyon, ang pagsuway sa mga itinadhana ng batas, batas administrado, serbisyo sibil, o ibang naaangkop na mga batas na kailangang itatagubilin sa Komisyon sa Serbisyo Sibil at/o sa Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan. Ang taong tuwirang responsable sa paglabag gayundin ang pinuno ng ahensiya o lokal na punong tagapagpaganap ay kailangang panagutin ayon sa batas na ito.

Kung ang paglabag na ginawa ng isang pribadong entidad o indibidwal, ang taong tuwirang responsable para sa paglabag ay dapat magbayad ng bayad-pinsala.

Ang Paghahain ng reklamo sa ilalim ng batas na ito ay hindi kailangang humadlang sa biktima na ipagpatuloy ang iba pang mga kaparaanang nakasaad sa Batas at gumagamit ng alinmang mga probisyon na ipinaairal ng batas lalong-lalo na ang mga pinakabagong batas na pinagtibay na nagangalaga sa kababaihan at bata, kabilang ang Batas sa Kababaihan sa Pagpapaunlad at Pagtatatag ng Bansa o Batas Republika Blg. 7192 (Women in Development and Nation Building Act), Batas na Tanging Pangangalaga ng Bata

Laban sa Pang-aabuso, Pagsasamantala at Diskriminasyon o Batas Republika Blg. 7610 (Special Protection of Children Against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act), ang Batas Laban sa Sexual Harassment ng 1995 o Batas Republika Blg. 7877 (Anti-Sexual Harassment Act of 1995, Batas Laban sa Panggagahasa ng 1997 o Batas Republika Blg. 8353 (Anti-Rape Law of 1997), ang Batas ukol sa Pagbibigay-tulong at Pangangalaga sa Biktima ng Panggagahasa ng 1998 o Batas Republika Blg. 8505 (Rape Victim Assistance and Protection Act of 1998), Batas Laban sa Pakikipagkalakalan ng mga Tao ng 2003 o Batas Republika Blg. 9208 (Anti-Trafficking in Persons Act of 2003), at ang Batas Laban sa Karahasan sa Kababaihan at ng Bata ng 2004 o Batas Republika Blg 9262 (Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004). Kapag napatunayan ang paglabag na ipinatutupad ng mga tauhan ng Pamahalaan kabilang, ngunit hindi limitado ang ekstra-hudisyal na pagpatay, pagpapatupad ng pagkawala, labis na pagpapahirap, at internal na pagpapalit, ang ganito ay isinasaalang-alang ang nakapagpapabigat sa pagkakasala na may katumbas na mga kaparusahan depende sa bigat ng kasalanan.

**SEK. 42.** *Mga Insentibo at Gantimpala.*— Dapat naisagawang sistema sa mga insentibo at gantimpala na pangangasiwaan ng lupon sa ilalim ng mga alituntunin at regulasyon na ipapatupad ng PCW sa mga karapat-dapat na entidad, ahensiyang pampamahalaan, at lokal na yunit ng pamahalaan para sa kanilang pinakamahusay na nagawa sa pagpapatupad ng mga karapatan ng kababaihan at mabisang implementasyon ng mga programang tumutugon sa kasarian.

**SEK. 43.** *Pagpopondo.*— Ang inisyal na pondong kailangan para sa implementasyon ng batas na ito ay dapat bayaran sa kasalukuyang laang-gugulin ng mga kinauukulang ahensiya. Pagkaraan nito, ang ganitong kabuuan na kailangan sa implementasyon ng batas na ito ay isasama sa taunang badyet ng ahensiya sa ilalim ng General Appropriations Act.

Dapat unahin ng Pamahalaan ang paglalaan ng lahat ng kailangang pondo para sa mabisang pagtamo ng kanilang obligasyon na nakasaad sa batas na ito. Ang badyet ng Pamahalaan sa GAD ay hindi bababa sa limang porsiyento (5%) ng kanilang kabuuang laang-gugulin, na kailangan ding gamitin sa pagpapatupad ng mga programa at gawain.

**SEK. 44.** *Pagpapatupad ng mga Tuntunin at Regulasyon.*— Bilang nangungunang ahensiya, ang PCW, sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Karapatang Pantao (Commission

on Human Rights) at ang lahat ng mga kinauukulang departamentong pampamahalaan at kabilang na ahensiya bilang mga tagamasid, pareho mula sa Mababang Kapulungan sa pamamagitan ng Senado sa Komite ng Kababaihang Kabataan at Ugnayang Pamilya (Committee on Youth, Women and Family Relations) at ng Komite sa Kababaihan at Pagkakapantay-pantay na Kasarian (Mababang Kapulungan) at gayundin ang partisipasyon ng mga kinatawan mula sa mga organisasyong di pampamahalaan (NGOs) at mga grupo sa lipunan na may katunayan ng mahabang talaan ng pagkakaanib at pagtataguyod ng mga karapatan at kapakanan ng kababaihang Filipino na kinikilala ng PCW, ay sapat bumuo at magpatupad ng mga alituntunin at regulasyon (IRR) ng batas na ito sa loob ng isandaan at walumpung (180) araw pagkaraan ng pagkakabisa nito.

**SEK. 45.** *Sugnay na Naghihiwalay.*— Kung may bahagi o probisyon ang batas na ito na ininahayag na walang bisa o labag sa Saligang Batas, ang mga natitirang bahagi o probisyon ay hindi sakop ng naturang pahayag.

**SEK. 46.** *Sugnay na Nagpapawalang-bisa.*— Ang alinmang batas, pampanguluhang atas, kautusang tagapagpaganap, sulat ng pagtatagubilin, kautusang pampangasiwaan o regulasyon na lumabag, o hindi sumasang-ayon sa mga probisyon ng batas na ito ay maaaring ipawalang-bisa, baguhin, o amendahan alinsunod nito.

**SEK. 47.** *Sugnay ng pagkakabisa.*— Magkakabisa ang batas na ito matapos ang labinlimang (15) araw na mailathala sa hindi bababa sa dalawang pahayagan na may pangkalahatang sirkulasyon.

Pinagtibay,

**PROSPERO C. NOGRALES**  
Ispiker ng Mababang Kapulungan

**JUAN PONCE ENRILE**  
Pangulo ng Senado

Ang batas na ito ay kasama ng Batas Senado Blg. 2396 at Batas ng Mababang Kapulungan Blg. 4273 ay pinal na pinagtibay ng Senado at Mababang Kapulungan.

**MARILYN N BARUA**  
Pangkalahatang Kalihim  
Mababang Kapulungan

**EMMA LIRIO-REYES**  
Kalihim ng Senado

**PINAGTIBAY: IKA-14 NG AGOSTO 2009**

**GLORIA MACAPAGAL-ARROYO**  
Pangulo ng Pilipinas





## Hinggil sa Tagapaglathala

Ang Lilak (Purple Action for Indigenous Women's Rights) ay kolektibo ng mga kababaihan, peminista, at mga indibidwal na may adbokasiya para sa karapatan ng mga kababaihan na nagtataguyod para sa karapatan ng mga katutubong kababaihan.

Ilan sa mga gawain ng Lilak ay mga pagtitipon, pag-aaral, pagsasanay, talakayan, pagkilos, at iba pang mga proyekto para sa katutubong kababaihan at sa kanilang katutubong pamayanan.

Unang nailambag ng Lilak ay ***Mining and Violence Against Women in the Philippines*** na isinulat ni Judy A. Pasimio, coordinator ng Lilak, na maaring mabasa sa websayt: [www.lilak.net](http://www.lilak.net)

Sa websayt din na ito makikita ang mga dokumentong biswal na ginawa ng Lilak sa kolaborasyon ng mga iba't-ibang manlilikha hinggil sa mga kalagayan ng katutubong kababaihan.

## Hinggil sa mga Litrato

Pahina 10: Mga kababaihan ng katutubong grupong Agta ng Cagayan na lumahok sa pagtitipon ng mga katutubong kababaihan mula sa Rehiyon 2 hawak ang poster ng “Tao Muna, Hindi Mina”, isang koalisyon laban sa iligal na pagmimina. Ang kanilang pamayanan ay naapektuhan ng malawakang *black sand mining* sa Cagayan. Lungsod ng Tuguegarao, Cagayan. 19 Hunyo 2014. Karapatang-ari © 2014 Susan Corpuz/Lilak (Purple Action for Indigenous Women’s Rights).

Pahina 11: Mga kababaihan ng katutubong grupong Teduray mula sa Maguindanao lumahok sa talakayan hinggil sa IPRA at BBL (Bangsamoro Basic Law). DOS, Maguindanao. 29 Hunyo 2014. Karapatang-ari © 2014 Susan Corpuz/Lilak (Purple Action for Indigenous Women’s Rights).

Pahina 12: Mga kababaihan ng katutubong grupong Manobo ng Trento, Agusan del Sur lumahok sa pagtitipon ng mga katutubong kababaihan mula sa Rehiyon ng Caraga. Lungsod ng Butuan, Agusan del Norte. 11 Abril 2014 Karapatang-ari © 2014 Susan Corpuz/Lilak (Purple Action for Indigenous Women’s Rights).

Pahina 66: Babaeng Dumagat Aeta ng Probinsiya ng Quezon at kanyang sanggol. General Nakar, Probinsiya ng Quezon. Agosto 2013. Karapatang-ari © 2013 Susan Corpuz

Pahina 90: Mag-inang biktima ng bagyong Yolanda mula sa katutubong grupong Badjao sa ilalim ng kanilang bahay sa baybayin ng Isabela, Leyte galing sa pag-iigib ng tubig isang araw pagkatapos ng Pasko. Isabela, Leyte. 26 Disyembre 2013. Karapatang-ari © 2013 Susan Corpuz

Pahina 110: Batang babaeng Tausug nag-aaral ng pagbasa ng Koran. Lungsod ng Pagadian, Zamboanga del Sur. 7 Pebrero 2015. Karapatang-ari © 2015 Susan Corpuz

Pahina 113: Babaeng Iraynon Bukidnon ng Probinsiya ng Antique na may bitbit na *basket* para manghuli ng urang (isang uri ng hipon) sa ilog ng Brgy. Latazon. Lau-an, Probinsiya ng Antique. 22 Mayo 2015. Karapatang-ari © 2015 Susan Corpuz/Lilak (Purple Action for Indigenous Women’s Rights).







**Handbook ng mga Batas para sa mga  
Katutubong Kababaihan  
Tomo 1**

- **Indigenous Peoples Rights Act – *Batas Republika Blg. 8371***
- **Magna Carta ng Kababaihan – *Batas Republika Blg. 9710***

Ang librong ito ay una sa serye ng Handbook ng mga Batas para sa mga Katutubong Kababaihan.

*“Sa paglabas ng handbook na ito, binibigyang-diin ang mahigpit na pangangailangan na gampanan ng pamahalaan ang kanyang tungkulin na ipaalam at ipaunawa sa mas nakakararaming mamamayan ang mga batas at polisiya, gamit ang aming mga sariling wika. Mahalaga na mismong kaming mga katutubong kababaihan, at kahit ang aming mga kabataan ay nakakaunawa ng mga batas na ito, nang sa gayon, ay sama-sama ang aming pagkilos para sa paggiit ng aming karapatan bilang katutubo, bilang kababaihan. “*

**—Nena “Bae Rose” Undag**

*NGO Board Member, Indigenous Peoples ngPhilippine Commission on Women (PCW), Chairperson ng KAGDUMA, Miyembro ng BUKLOD at National Indigenous Women Gathering Steering Committee, at Sister sa LILAK Collective*



**LILAK**  
**Purple Action**  
**for**  
**Indigenous**  
**Women's**  
**Rights**

[www.lilak.net](http://www.lilak.net)

Nailathala sa tulong ng:



**OXFAM**